

# ITO NA PO BA ANG TANDA NG KATAPUSAN, GINOO?



Maraming salamat, Kapatid na Neville.

Magandang gabi, mga minamahal kong kaibigan. Napakasaya ko na makabalik muli, ngayong gabi, sa gawain ng Panginoon, nating Diyos.

<sup>2</sup> [Sinasabi ni Kapatid na Neville, “Ito ’yung gumagana, *dito*.”—Pat.] Ito ba, *ito* pala. Oh, sige. Mainam.

<sup>3</sup> Masyado ko kayong pinatagal kaninang umaga, hanggang sa pakiramdam ko’y dapat pala akong magmadali ngayong gabi. Um-hum, uh-huh, uh-huh. Naku, napakahirap nga ng ganyan, at lalo’t nakatayo, at kasing di kumportable rin ngayong gabi. Kaya, hindi na magtatagal hanggang sa magkaroon kami ng sapat na lugar para sa inyo, kita n’yo, sa sandaling matapos na ang simbahan. Hindi, hayan nga’t hindi natin pinaplano na manatili nang masyadong matagal ngayong gabi.

<sup>4</sup> Pero, bukas ng gabi, binabalak namin na manatili nang mas matagal nang kaunti. Bukas ng gabi, kung makakadalo ang ilan sa inyo, bukas ng gabi, sige’t, inaasahan namin na magkaroon ng isang maluwalhating panahon sa Panginoon. May ilang kapita-pitagang kalalakihan dito bukas ng gabi. Tayong, lahat ay may oras para magtamasa . . .

<sup>5</sup> [Si Kapatid na Edgar Branham, ay nagsasabi, “Oh, naku, sandali! Mayroon akong isang kahilingan na hihilingin sa’yo. Nakalimutan kong sabihin sa’yo. Haya’t, maraming tao rito ang nagsabi na palagi kang nagmamadali, na tapusin ang gawain. Kaya’t bukas ng gabi maaari mong gugulin ang lahat ng oras na gusto mo, mula alas-siyete hanggang alas-dose, kung papayag ka lang. Ngayon, ’yan ang hiling sa akin ng madla rito na ipakiusap daw sa iyo. Kaya ngayon ipaliwanag mo ito sa kanila, kung sa tingin mo’y hindi puwede.”—Pat.]

<sup>6</sup> Magdadaos tayo ng komunyong sa hatinggabi, bukas ng gabi. Sigurado akong gusto n’yong—gusto n’yong magkaroon . . . maging bahagi nun. Sa oras na ganito’t ang iba sa kanila’y naghihiyawan at nagsisigawan, at nagpapaputok, at nag-iinuman, at kung anu-ano pa, tayo lamang ay yuyuko nang may paggalang sa Diyos [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] at tatanggap ng komunyong, at sisimulan ang taon sa ating pangako, na mga puso sa Diyos, na may paghahandog sa Kanya.

<sup>7</sup> At magkakaroon ng ilang kapita-pitagang tagapagsalita rito bukas ng gabi, sigurado mismo. May ilang mainam . . .

Nandito ang Kapatid na taga-Georgia, si Kapatid na Palmer, isang kahanga-hangang tagapagsalita. Nandito rin si Kapatid na Junior Jackson bukas ng gabi; si Kapatid na Beeler, si Kapatid na Neville. Oh, grabe, grabe! At madami pa, na kapita-pitagang mga kalalakihan ng Diyos na sasampa rito, si Kapatid na Willard Collins, at lahat silang mga kapatid na naghahatid sa atin ng naggagandahang mensahe. At baka may iba pa na darating, kaya aasahan natin ang maluwalhating panahon bukas ng gabi.

<sup>8</sup> Ngayon, sabi ng asawa ko, “Huwag mong sabihin ito,” pero kailangan kong sabihin ito ano’t anuman. Pasensya na po’t ang nasabi ko’y *empire*, kaninang umaga, imbis na *umpire*.

Si Billy, habang nakaupo ryan sa likod, sabi, “Heto uli ’yun.”

<sup>9</sup> Sabi ko, “Yung *empire*; kailangan mayroon siyang *empire*.” Ang ibig ko po palang sabihin, isang *umpire*.

<sup>10</sup> Ako nga’y tulad ng sinasabi nila tungkol doon sa lalaking Olandes, alam n’yo. “Haya’t huwag n’yong kunin kung ano ang nasabi ko, kundi kunin n’yo ang ibig kong sabihin.”

<sup>11</sup> Sabi ko, “Sa tingin ko naiintindihan naman na nila ako, pagkatapos ng maraming mga taon na ito.” Alam n’yo naman ’yun, na tungkol ’yun sa . . .

<sup>12</sup> Tatlungpung taon na po akong nasa likod ng pulpitong ito rito. Tatlungpung taon na sa tabernakulong ito! Pihadong kilalang-kilala n’yo na ako ngayon, hindi ba? Ay, naku! Talagang limitado lang po ang pinag-aralan ko. Haya’t alam ko—alam kong hindi ako magaling magsalita, pero aking pinapaalingawngaw ang katotohanan sa Panginoon.

<sup>13</sup> At, kapatid, sa palagay ko’y si Dr. Lamsa, ng Bibliang Lamsa, doon sa pagsasalin, na sabi . . .

<sup>14</sup> Nangangaral po ako noong isang beses, at hindi ko alam na nandoon pala siya. At bumalik siya’t may binanggit tungkol sa Urim Thummim, at pagkatapos ay may binabanggit siya tungkol sa Liwanag na ’yun. At sabi niya, “Ano kayang problema sa mga taong ito ngayon?” At sabi ko . . . Sabi niya, “Ang dahilan kung bakit ganoon ang mga tao, ang mga tagapagsalin kasi’y, hindi maisalin ang Biblia nang tama, na haya’t sinubukan ng mga tagapagsalin na isalin sa mataas na Yiddish. At si Jesus, sa pagsasalita, ay nagsalita sa karaniwang uri ng tao, tulad lamang ng pagsasalita ng mga tao sa lansangan.”

<sup>15</sup> At, alam n’yo, may isang Kasulatan sa Lucas, ang sabi, “Ang mga karaniwang tao’y tuwang-tuwa na nakikinig sa Kanya.” Nagsalita Siya sa kanilang lingguwahe. Sana’y ganoon, uli.

<sup>16</sup> Masaya tayo para sa Panginoon. Ngayon, alam ko, nakakakita ako ng mga kababaihan na nakatayo na lang. Medyo di na nga kaaya-aya na makita ang mga kalalakihan na nakatayo, anupa’t sila pa kaya na mga kabataang babae’t mga kabataang lalaki, at mga kababaihan, at iba pa, na nakatayo

sa paligid ng mga dingding, at pati maliliit na bata. Pero, talagang wala tayong sapat na lugar para maupuan nila. Kaya, idinadalangin natin 'yan, na sa susunod na pagkakataon na magkaroon tayo ng mga pagtitipon, pagkatapos ng sanlinggong ito, pagkatapos nito ngayon. . .

<sup>17</sup> Alam n'yo, ang kasunod na bagay, sa nalalaman natin, ay ito nang Pitong Tatak. At, kung loloobin ng Panginoon, sisimulan natin ang mga 'yun agad-agad kapag natapos na ang simbahan, kapag naitayo na, para magkasya tayo rito. Nalalapit na tayo sa muling pagdededika. At marahil baka mga isa hanggang dalawa, at siguro mga tatlong linggo pa nga, na direktso, na pagtitipon ngayon, na paghahanda para sa—sa Pitong Tatak. Kaya, inaasahan natin ang isang maluwalhating panahon sa Panginoon, sa panahong 'yan. At ating. . . Kayong lahat na mga nakatira sa labas ng bayan, ipapadala namin sa inyo ang mga card at lahat, at ipaalam sa inyo kung ano mismo ang eksaktong iskedyul, marahil mga isang linggo, o dalawa, nang mas maaga.

<sup>18</sup> Ang kontratista, sa pagkakaintindi ko't nabanggit ni Billy ngayong gabi, ang sabi'y matatapos na raw sa a-diyes ng Pebrero. Buweno, kung tapos na siya sa a-diyes, makakapagsimula tayo ng mga a-kinse, kung ganoon. Kaya, pagkatapos na pagkatapos nila mismo, sisimulan na natin kaagad 'yun.

<sup>19</sup> Tinawagan ako ng kalugud-lugod na si Kapatid na babaing Kidd, kanina, at halos maluha-luha siya. Sabi niya, "Kapatid na Branham, sinubukan naming maigi na paandarin ang lumang kotseng 'yun, at ayaw nitong umandar. Kaya," sabi niya, "ipanalangin mo sanang umandar ito, at darating ako bukas." At sabi niya, "Makakahanap kaya ako ng lugar na matutuluyan?"

<sup>20</sup> Sabi ko, "Huwag kang mag-alala, bibigyan ka namin ng kuwerto, Kapatid na babaing Kidd, kapag mapaandar mo na. . ."

<sup>21</sup> Sabi mo, "Pagpalain ang iyong puso." Sabi, "Alam mo, kung aabutin hanggang alas dose ang pagdaraos mo ng gawain," sabi, "siyanga't ayaw ko sanang nasa labas pa nang alas dose."

<sup>22</sup> Alam n'yo, siya at si Kapatid na lalaking Kidd ay mga otsenta anyos na, kapwa sila, at nasa ministeryo pa rin sila. Alam n'yo ba kung anong ginagawa nila? Haya't may bitbit-bitbit silang teyp rekorder, at dala-dala nila ang mga Mensahe ko't nagpupunta-punta sa bawat ospital, nagbabahay-bahay, pinaparinig ang mga teyp. Ngayon, kung hindi ba't, isa 'yung di pagsuko! Hindi nga nagreretiro. Panghahawakan 'yun sa Pananampalataya, hanggang sa huli, yayao sila na may Tabak sa kamay. Napakagandang paraan mismo ng paglisan. Ganoon ko nga gustong lumisan. Uh-huh.

<sup>23</sup> At pagkatapos, at sabi niya, "Alam mo, kung nasa labas pa ako't, nasa daang-bayan, nang alas dose," sabi niya, "at

paglampas ng alas dose ng gabi, sa pagsisikap ko na makauwi, haya't naglipana silang lahat na mga lasing na demonyo," sabi niya, "na habang nagmamaneho," sabi, "naglipana sa daan, lasing." Sabi niya, "Naglipana silang mga demonyo sa paligid," sabi niya, "Matatakot ako nang husto."

<sup>24</sup> Kapatid na Pat, oo't matanda't kalugud-lugod nga siya. Ilan po ang nakakakilala kay Kapatid na babaing Kidd? Nakaupo siya rito, heto, sadyang banal pong tingnan ang itsura.

<sup>25</sup> At, noong, isipin n'yo na lang, maraming taon bago ako isinilang (at ako po'y matanda na), humahayo na siya roon sa mga bundok, siya at si Kapatid na Kidd. Naglalaba siya, maghapon, sa kahoy na labahan pa nga, para tumanggap ng labinlima o dalawampung sentimo para sa isang paglalabada, para makahayo si kapatid na lalaki roon sa isang lugar, sa gabing 'yun, para makapangaral. Sa mga minahan ng karbon doon sa Kentucky, kung saan ikaw. . . kailangang may magbabantay sa'yo roon na may dalang mahabang baril, aakyat ang burol, doon nga sa dako sa kung saan ka hahayo para mangaral. Oh, grabe! Kaya, naiisip ko:

Ako ba'y dadalhin na lang sa tahanan sa  
Kalangitan

Sa isang mabulaklaking higaan ng kaalwanan,  
Samantalang ang iba'y nagbata para  
pagtagumpayan ang gantimpala,  
at naglayag sa kalawakan ng duguang  
karagatan?

Kinakailangan kong magbata kung ako'y  
mamamahala,  
Paigtingin Mo pa ang kagitingan ko,  
Panginoon.

<sup>26</sup> Ganyan, at ninanais ko ang Kanyang pag-agapay, sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Iyan ang gusto ko ngayong gabi. Ngayon, sa palagay ko ay umaandar na ang mga recorder ngayon.

<sup>27</sup> [Sinababi ng isang kapatid na lalaki, "Huwag mong kalimutan ang dedikasyon sa bata."—Pat.] Oh, oo nga pala. mayroon akong. . . Paumanhin.

<sup>28</sup> May munting kapatid na babae rito na may sanggol, kaninang umaga, na gusto niyang ihandog. At tiniyak ko sa kanya na gagawin natin 'yun ngayong gabi, at ngayon na 'yun. At, bukas ng gabi, magkakaroon tayo ng dedikasyon ng mga bata, ng gawaing pagpapagaling, lahat mismo ng posible nating magawa. Marami pa tayong oras. Kaya, kung narito ang munting kapatid na babae, at dala-dala niya ang kanyang munting anak na sanggol.

<sup>29</sup> At sa palagay ko'y may ilan sa inyo na nanggaling pa sa malayo, at narito kayo kaninang umaga para sa isang pribadong

panayam, at para sa isang partikular na bagay. At dapat sana'y magkikita sila roon kaninang umaga, at kinailangan silang papaghintayin ni Billy hanggang ngayong gabi. At hindi na niya sila mahagilap kung saan, kita n'yo, ngayong gabi. Kung narito ka po, kapatid na babae, matagal-tagal din ako sa likod, na naghihintay, at tinitingnan kung mahahagilap ba niya 'yung ginang. Dalawa sila, sa tingin ko, 'yun pong nasa pribadong panayam sana na taga-ibang bansa. Kaya, sinisigurado namin—sinisigurado namin, na kung makaligtaan kita, ay maaasikaso pa rin kita sa lalong madaling panahon, baka bukas ng gabi, habang papasok ako.

<sup>30</sup> Ngayon, naniniwala ako, ito ba 'yung ginang, na papalapit, na may dalang maliit na sanggol na nakasuot ng—ng asul na jumper?

<sup>31</sup> “Jumper”? Meda, di ko—di ko—di ko sigurado, mahal, kung anong tawag dun. Mukha itong maliit na bestida na parang. . . Jumper, ilan po ang nakakaalam kung ano ang isang—isang jumper? Siyanga't, tama po. Isang oberol na dyaket, sa tingin ko. Kaya—kaya. . .

<sup>32</sup> Siyanga't, maliit na anak pala ito ni Dallas. Naku, mainam. Kapatid, maaari ka bang lumapit dito. Kung ipapahintulot mo.

<sup>33</sup> Buweno, buweno, parang gusto ko 'yang maliit na laso riyon, na inilalagay mo. Anong pangalan nito? [Sinabi ng ama, “Rebekah Lynn.”—Pat.] Rebekah Lynn, L-y-n-n. At ano—ano na uli ang apelyido mo? Stayton. Rebekah Lynn Stayton. Tama ba? Maaari ko ba siyang makuha? [“Sige po.”] Alam kong medyo mahirap 'yan, na iabot ang isang tulad niya. Kalugod-lugod ba? Rebekah Lynn Stayton.

<sup>34</sup> Maraming pinagdaanan ang pamilyang ito. Itong munting, ginang dito, at ang kanyang asawa, kamakailan lamang ay kapwa sila naligtas at naiakay sa pagkakaalam ukol sa Panginoon. At ngayon, sa kanilang pagsasama, ay ibinigay ng Diyos itong maganda't, munting Rebekah, at dinadala nila ito sa Panginoon.

<sup>35</sup> Ngayon, maraming tao, ang tawag nila rito'y sukdol. . . sanggol na binibinyagan, sa iglesyang Methodist at sa marami pang iba, at winiwisikan nila ang mga ito ng tubig samantalang sila'y mga sanggol pa. Ngayon, ayos lang 'yun, sa ganang akin. Pero palagi nating sinisikap na manatili sa sinasabi lamang ng Biblia na gawin. At sa Biblia, haya't (wala) wala kailanman na ganoong bagay na gaya sa pagbibinyag sa isang sanggol; wala kahit saan sa kasaysayan, hanggang sa sinaunang simbahang Katoliko, sa pagkakaalam natin, hanggang sa Konseho pa nga ng Nicea.

<sup>36</sup> [Umiiyak ang sanggol—Pat.] Haya't pamamaraan niya 'yan ng pagsasabi ng, “Amen.” Yung ganyan, kita n'yo, mayroon kang. . . Kita n'yo, kailangan mayroon kang interpretasyon.

37 Kaya, pero, sa Biblia po, dinala nila ang maliliit na bata kay Jesus, para ang mga bata'y Kanyang mabasbasan. At ipinatong Niya ang Kanyang mga kamay sa mga bata't binasbasan sila. At, 'yung ganoon, ipinagpatuloy pa rin natin ang ganoon.

Ngayon iyuko na natin ang ating ulo.

38 Makalangit naming Ama, ang mga kabataan pang babae't lalaking ito'y lumalapit ngayong gabi dala-dala itong kaibig-ibig na munting Rebekah na ipinagkaloob sa kanila, sa kanilang pangangalaga, upang palakihin sa mga tagubilin ng Diyos. At dinadala nila ito ngayong gabi bilang paghahandog sa Panginoon. At noong iabot ng nanay mula sa kanyang mga bisig ang sanggol sa akin, pagkatapos nga'y iniaabot ko mula sa aking mga bisig papunta sa Iyo, itong si munting Rebekah. Diyos, samahan Mo po siya at pagpalain siya. Pagpalain Mo ang kanyang tatay at nanay. Mabuhay nawa silang lahat nang may tapat, na mahabang buhay, at, kung maaari po, ay makita ang Pagdating ng Panginoong Jesus. Lumago nawa ang batang ito sa pagkakaalam tungkol sa Panginoon. At nawa, kung may bukas pa, siya nawa'y maging isang dakilang saksi sa Iyo. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Ngayon, kung narito Ka sa lupa, ay dadalhin ng mga kababaihan at kalalakihang ito ang kanilang mga anak sa Iyo. Pero kami, na mga ministro ng Ebanghelyo, ang Iyong mga kinatawan. Kaya, ipinagkakaloob namin sa Iyo ang sanggol na ito, para sa isang buhay ng paglilingkod sa Iyong Kaharian, sa Pangalan ng Iyong Anak, ang Panginoong Jesus Cristo. Amen.

39 Pagpalain ka, munting Rebekah! Haya't isang kalugud-lugod na munting bata nga! Pagpalain nawa kayo kapwa ng Diyos, at maging ang bata, pagkalooban kayo ng mahaba't, masasayang buhay, sa paglilingkod sa Diyos.

40 Hindi ko alam kung talagang kaya ko pa, o hindi na. Ang lahat pa naman nito'y lalaki. Anong pangalan niya? [Sinasabi ng nanay, "Stanley Victor Cleveland."—Pat.] Stanley... ["Stanley."] Stanley Victor... ["Cleveland."] Clayland? Clay... ["Cleveland."] Cleveland. Munting Stanley, napakagandang munting pangalan, at napakagandang bata! Buweno, sa palagay ko, mga nasa... Tumingin lang tayo rito, Stan. Mabait bang bata 'yan? Oh, alam n'yo. Hindi natin kinaugalian ang ganito. Ginagawa lang natin ito, alam n'yo, walang pormal na kung ano tungkol dito. Siyanga. Siyanga't isa talaga siyang mabait na bata. Nakalimutan ko na ang apelyido. Hindi yata tama ang pagkakabigkas ko. ["Cleveland."] Cleveland. Sige.

Iyuko na natin ang ating mga ulo ngayon.

41 Makalangit na Ama, dinadala ng mag-asawang ito ang sanggol na ito, si munting Stanley Cleveland, para maihandog sa Panginoong Jesus. At bilang pastor sa dako rito, ng simbahan, at ako, na tumatayang magkakasama sa pagkakaisa sa mga

gawa ng Panginoon, haya't ipinagkakaloob namin sa Iyo ang batang ito para sa isang buhay ng paglilingkod. Ibinigay mo siya sa nanay at tatay; at ngayon ay ibinibigay nila siya sa akin, sa aking mga bisig; at inilalagay ko siya mula sa aking mga bisig patungo sa Iyo. Diyos, pagpalain Mo ang kanyang tatay at nanay. Pagpalain Mo po ang munting bata, at mabuhay nawa silang lahat ng mahaba't, masayang buhay ng paglilingkod para sa Iyo. Palakihin nawa ang bata sa tagubilin ng Diyos, upang paglilingkodan Siya, at katakutan Siya, at ibigin Siya, sa lahat ng mga araw ng kanyang buhay. Ngayon, nagdala sila ng mga bata sa Iyo, upang Iyong pagpalain sila; at kami, na nakapatong ang aming mga kamay sa bata, ay pinagpapala siya sa Pangalan ng Panginoon. At mabuhay nawa siya ng mahaba't, masayang buhay na malusog at malakas, sa paglilingkod sa Iyo. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Pagpalain ka ng Diyos, munting Stanley. Mabuting bata nga yang anak mong 'yan.

<sup>42</sup> Ngayon po'y hihingi ako ng kaunting pabor, para sa maliliit na bata at sa mga kabataan. At alam kong mahirap. Hindi kayo makapirming nakatayo nang napakatagal, dahil nangangalay ang mga paa n'yo. Pero sisimulan kong talakayin ang isang bagay ngayong gabi na hindi ko pa nagawa noon. At mayroong isang bagay na sasalitain ko, na hindi ko pa kailanman naisip na mangusap tungkol sa ganoong bagay.

<sup>43</sup> Yan ang dahilan, kaninang umaga, kung bakit ayaw kong dakuan ang oras na 'yun bago ang Mensahe, at hindi na ako natapos sa pangungusap ko tungkol sa aking Pinaka Saligan, at sa palagay ko'y hindi ako matatapos kailanman. Sana'y hindi ako matapos. Siya nga'y labis na kamangha-mangha!

<sup>44</sup> Ngunit, ngayong gabi, mangungusap ako tungkol sa isang bagay na hindi ko alam. At ngayon, isang napaka kontrobersyal na bagay 'yan, para sabihin ng isang ministro na magsasalita siya ukol sa isang bagay na hindi niya alam. Pero ako'y nakikipagsapalaran, sa abot ng aking kaalaman, para... nang sa gayon maunawaan ng iglesyang ito. At hindi ko, sa anumang paraan, ipagkait ang anumang bagay sa inyo, na kapaki-pakinabang.

<sup>45</sup> At pagkatapos, ang teyp na ito, sa palagay ko'y gumagawa ng teyp ang mga kalalakihan. At kung sakaling magkaroon kayo nung teyp, sa sino man na nakikinig sa teyp, tandaan n'yo, kung may isang bagay na nakakalito, sa inyo, huwag n'yong sasabihin ang bagay na 'yun maliban na lang kung ito'y nasa teyp. Huwag kayong magsasalita ng isang bagay na salungat sa kung ano ang nasa teyp.

<sup>46</sup> Napakaraming sumusulat, tungkol sa *Ang Binhi ng Serpiyente*, at sinasabi na sinabi ko raw ang ganito-at-ganoon. Pumupunta nga ako't kinukuha ko 'yung teyp, pinakinggan

ito. Hindi ko naman sinabi 'yung ganoon. Kita n'yo, mali ang bintang ng mga tao ukol sa mga bagay-bagay.

<sup>47</sup> Alam n'yo, si Jesus, minsan pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli, ay naglalakad sa dalampasigan, kasama ang mga alagad, at nakahilig si Juan sa Kanyang dibdib. At sabi nila, "Ano kaya ang mangyayari sa taong 'yan?"

Sabi ni Jesus, "Ano nga sa iyo kung siya'y manatili hanggang sa Ako'y dumating?"

<sup>48</sup> "At kaya may kumalat na sabi-sabi, na, 'Mabubuhay si Juan hanggang sa makita niya ang pagdating ni Jesus.'"

<sup>49</sup> At sinasabi ng Kasulatan, "Subalit, hindi ganoon ang pagkakasabi Niya ukol dito." Nakita n'yo, hindi Niya—hindi Niya kailanman sinabi ang ganoon. Ang sinabi lang Niya, "Ano nga sa iyo kung siya'y manatili hanggang sa Ako'y dumating?" Hindi Niya sinabing magtatagal siya. Pero, kita n'yo, ang maling pagkaunawa, napakadaling mangyari nun.

<sup>50</sup> At, ngayon, ito po'y—ito po'y hindi pagkondena sa kung sino ang gumawa ng ganito. Dahil, nagagawa ko ito, ako mismo. At nagagawa ito ng lahat ng tao; kung ang mga alagad noon, na lumakad kasama mismo ng ating Panginoon, ay nagkamali sa pagkaunawa sa Kanya. At hindi nila Siya kailanman malinaw na naunawaan.

<sup>51</sup> Doon mismo sa huli, sabi nila, "Narito, ngayon ay nauunawaan na namin. Ngayon naniniwala kami. At natitiyak namin na walang sinuman ang kailangang magsabi sa Iyo ng anuman, sapagkat alam Mo ang lahat ng bagay."

<sup>52</sup> At sabi ni Jesus, "Ngayon baga'y sumasampalataya na kayo?" Kita n'yo? "Pagkatapos ng lahat ng panahong 'yun, kayo ba sa hu- . . . Talagang tumimo na ba ito sa inyo sa huli, kita n'yo, na nananampalataya na kayo?"

<sup>53</sup> At 'yun ay dahil sa pagiging tao lamang. Lahat tayo'y tao, kaya magkakamali tayo ng pang-unawa.

<sup>54</sup> Kaya naman kung ito'y medyo nakakalito sa inyo, ulitin n'yo ang pagpi-play ng teyp. Makinig nang mabuti pagkatapos. Sigurado akong ihahayag sa inyo ng Espiritu Santo.

<sup>55</sup> Pagkatapos, ang mga batang maliliit, kung pipigilan n'yo lang muna ang inyong mga "amen," 'yung mga bata. Maghintay lang nang sandali, dahil gusto kong—gusto kong tiyak na makuha ito, dahil marami ang hindi magkakaroon ng teyp. Kaya, gusto kong siguraduhin n'yong makukuha n'yo ito. At sige't simulan na nating talakayin ito, sa loob ng, sasabihin ko na lang na tatlumpu't limang minuto, o apatnapu, nang kasing pitagan ng magagawa natin.

<sup>56</sup> Dahil, ito'y isang pambihirang panahon para sa akin. Ito nga'y punto kung saan may nangyari, na hindi ko alam kung ano ang gagawin. Kita n'yo? At nakatayo ako sa pinakagrabeng



kipot na kinatayuan ko kahit kailan, sa mga araw ng aking pagmiministeryo, sa pagkakaalam ko.

Kaya, iyuko na natin ang ating mga ulo ngayon, bago natin simulang talakayin ang Salita.

<sup>57</sup> Makalangit na Ama, noon, ilang panahon na ang nakalipas, nangaral ako sa paksang *Pagbabaka-sakali*. At ang *pagbabaka-sakali* ay “ang mangahas nang walang awtoridad.” At marahil, ngayong gabi, Panginoon, inaako ko sa sarili ko na magbigay ng kapaliwanagan ukol sa isang bagay sa mga tao, nang walang pangitain tungkol dito. Kung kaya, Panginoon, suriin Mo po ako, kung saan ang mga punto’y dapat na masuri; itikom Mo po ang aking bibig, Panginoon. Itinikom mo ang bibig ng mga leon, sa yungib kay Daniel, na hindi siya sinaktan ng leon. Panginoon, dalangin ko po, na, kung susubukan kong bigyang-kahulugan ang isang bagay na mali naman ito, Ikaw nga’y may kapangyarihan hanggang ngayon na magtikom ng bibig. Subalit kung ito po ang Katotohanan, kung gayon, Panginoon, pagpalain Mo Ito, at ihatid Ito. At alam Mo ang mga kalagayan at kung ano mismo ang malapit nang mangyari. At kung kaya lumalapit po ako, maging sa pinakahuling sandali, sa pulpito, upang subukang ipaliwanag ang mga bagay na ito. At dalangin ko po sa Iyo na tulongan kami.

<sup>58</sup> Iyo pong pagpalain ang munting iglesyang ito. Ang grupong ito na dumako rito sa ilalim ng bubong, na pansamantalang dumayo kasama namin dito sa lungsod, na nagmumula pa sa maraming estado. Oh, kapag bumababa na ang mga anino ng gabi, labis kaming nagagalak na mayroong kaming isang dako na mapupuntahan. Kapag ang mundo ay napakagulo na’t hindi na alam kung saan sila nakatayo, nagagalak kami, na, “Ang Pangalan ng Panginoon ay isang matibay na moog, at tinatakbuhan Ito ng matuwid at naliligtas.” Sadyang hindi karamihan ng Salita, subalit isa mismong kapahayagan!

<sup>59</sup> Kaya, dalangin namin, Ama, kung papaanong ang mga Liwanag sa gabi’y darating, sa paglubog ng araw. At naniniwala kami na ’yun na ang oras na kinabubuhayan namin, sa paglubog ng araw. At lubos na taimtim kaming nagpapasalamat sa Iyo, Panginoon, mula sa buong puso namin, dahil sa mga bagay na Iyong ginawa para sa amin. At, Panginoon, sa buong panahon po, ay nagpapasalamat ako sa Iyo sa pagpapahintulot sa mga pangitain na Iyong ipinagkakaloob, ang bawat isa sa mga ’yun ay ganap mismo, at ang bawat interpretasyon ng panaginip ay nagiging eksakto mismong gayon. Kaya, alam namin na ito’y wala nang iba’t Ikaw lamang, Panginoon; dahil kami’y mga mortal, ang lahat ay ipinanganak sa pagkakasala, at walang anomang bagay na matuwid sa amin. Pero, ang isiping maaari Mong kunin ang ganoong bagay, katulad na lang ang isang tao, at huhugasan sila ng tubig ng Salita at ng Dugo ni Cristo; at iunat ang kamay na ’yun sa paraang, hanggang

hindi na gumamit ang tao ng kanilang sariling pag-iisip, kundi hinahayaan ang pag-iisip ni Cristo, na Siyang nakakaalam ng lahat ng bagay, hayaan Mo po Itong pumasok at magsalita at gumamit ng tabernakulo. Salamat sa Iyo, Ama.

<sup>60</sup> Ngayon ay niluluwalhati namin ang Iyong Banal na Pangalan. At binabasbasan namin ang maliit na grupong ito, ngayong gabi, sa Iyong Pangalan. Pinagpapala namin ang pastor, si Kapatid na Neville, ang magiting na lingkod ng Diyos. Pinagpapala namin ang mga diyakono, mga katiwala, at bawat miyembro ng Katawan ni Cristo, dito at sa buong mundo, sa Pangalan ng Panginoong Jesus.

<sup>61</sup> Oh, habang nakikita namin itong madilim, na marumi't, kakila-kilabot na aninong lumaladlad sa ibabaw ng sangka-Cristianuhan, nabatatid naming malapit na ang oras. Magkakaroon ng Pag-agaw, at iaangat ang Iglesya. Panginoon, hayaan mo kaming magpatuloy, na nakatingin sa May-Akda at Tagapagsakdal, na si Cristo. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. At habang sumusulong kami ngayon, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, upang isagawa ang mga bagay na ito na inilagay sa aming mga puso, dalangin namin na Iyo pong sasamahan at tutulungan kami. At tumanggap Ka ng kaluwalhatian mula rito, Panginoon, sapagkat ipinagkakatiwala namin ang aming mga sarili sa Iyo, kalakip ng Iyong Salita, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

<sup>62</sup> Ngayon, kung mayroon kayong lapis at papel, gusto kong isulat n'yo ang ilang bagay, kung papaano. . . o anumang bagay na gusto n'yo. Basta ihanda n'yo lang 'yan. At pagkatapos, sa teyp, ganoon din po, kung gusto n'yong isulat ang mga Kasulatan, anumang oras, dahil naniniwala ako na ang Kasulatan ang mahalaga.

<sup>63</sup> Ngayon nais nating bumasa ng isang teksto ngayong gabi, o bumasa ng isang pagbabasa ng Kasulatan, mula sa Aklat ng Apocalipsis ni Jesus Cristo. At naniniwala ako na ito ang Kapahayagan ukol kay Jesus Cristo, tulad ng nakasulat sa Aklat. At anumang iba pang kapahayagan na salungat sa Kapahayagang ito, ay mali. Naniniwala ako na mahalaga itong banggit. . . na banggitin—banggitin muli. Anumang kapahayagan na hindi aakma sa Kapahayagang ito, at dadalhin ang Kapahayagang ito na ipaging maliwanag, ay ang maling kapahayagan. Kinakailangan mismo na ayon ito sa Kasulatan.

<sup>64</sup> Ngayon, sa ika-10 kabanata ng Aklat ng Apocalipsis ni Jesus Cristo, gusto kong basahin ang unang ilang talata, ang unang pitong talata, 1 hanggang 7. At makinig kayong mabuti ngayon, at idalangin n'yo ako.

*At nakita ko ang ibang malakas—ibang malakas na anghel na nanaog na mula sa langit, na nabibihisan ng isang alapaap: at ang bahaghari ay nasa kaniyang ulo, at*

*ang kaniyang mukha . . . gaya ng araw, at ang kaniyang mga paa ay gaya ng mga haliging apoy:*

*At may isang maliit na aklat na bukas sa kaniyang kamay: at itinungtong ang kaniyang kanang paa sa dagat, at ang kaniyang kaliwa ay sa lupa,*

*At sumigaw siya ng malakas na tinig, na gaya ng leon na umaangal: at pagkasigaw niya, ay ang pitong kulog ay umugong ng kanilang mga tinig.*

*At pagkaugong ng pitong kulog ng kanilang tinig, ay isusulat ko sana: at narinig ko ang isang tinig na mula sa langit na nagsasabi, Tatakan mo ang mga bagay na sinalita ng pitong kulog, at huwag mong isulat.*

*At ang anghel na aking nakita na nakatayo sa ibabaw ng dagat at sa ibabaw ng lupa ay itinaas ang kaniyang kanang kamay sa langit,*

*At ipinanumpa yaong nabubuhay magpakailan kailan man, na lumalang ng mga langit, at ng bagay na naroroon, at ng lupa, at ng mga bagay na naririto, at ng dagat at ng mga bagay na . . . naririto, na hindi na magluluwat ang panahon:*

*Kundi sa mga araw ng tinig ng ikapitong anghel, pagka malapit nang siya'y humihip, kung magkagayo'y ganap na ang hiwaga ng Dios, ayon sa mabubuting balita na kaniyang isinaysay sa kaniyang mga alipin na mga propeta.*

<sup>65</sup> At ang teksto ko, kung papamagatan ko ito, ngayong gabi, ay ganito nga: *Ito Na Po Ba Ang Tanda Ng Katapusan?*

<sup>66</sup> Alam nating lahat na nabubuhay tayo sa isang—isang maluwalhating panahon para sa Iglesia, pero isang kakilakilabot na panahon para sa di-mananampalataya. At nabubuhay tayo sa isa sa mga pinakamapanganib na panahon sa lahat, sa lahat ng mga nangyari na, mula nang magsimula ang mundo. Walang propeta, walang alagad, wala kailanman, sa anumang panahon, na nabuhay sa ganitong panahon na nabubuhay tayo ngayon. Ito na ang wakas.

<sup>67</sup> Nakasulat ito sa kalangitan. Nakasulat ito sa ibabaw ng lupa. Nakasulat ito sa bawat pahayagan. Ito na ang wakas, kung mababasa n'yo mismo ang sulat-kamay. Nabuhay ang mga propeta noong panahong ang sulat-kamay ay nasa pader ukol sa isang bansa, pero haya't nabubuhay naman tayo kung kailan ang sulat-kamay ay nasa pader na ukol sa panahon. Lahat ng mga bansa, lupa, lahat-lahat, ay nasa dulo na ang panahon. Kaya, kailangan nating saliksikin ang mga Kasulatan, upang masumpungan ang panahon na kinabubuhayan natin.

<sup>68</sup> Sa tuwina, ang isang tunay na propeta ng Diyos ay babaling sa Kasulatan. Kaya naman siya'y nakakatiyak na

magkakaganoon nga ito mismo. Sa Lumang Tipan, kapag may sinabing anuman ang mga propeta, laging mayroon, saanman, na isang propeta na dala-dala ang Salita, na nanatili sa Salita. Nakatuon siya sa Diyos para sa mga pangitain. At kung salungat ang pangitain niya sa Salita, kung gayon ang kanyang pangitain ay mali. Iyan ang paraan ng Diyos para maiparating ang Kanyang Salita sa Kanyang bayan.

<sup>69</sup> Naririnig n'yo ba ako, diyan sa likuran, nang maayos? Mangyari po na halos di ko alam kung saan ako magsisimula.

<sup>70</sup> Ngayon, naging isang malaking pribilehiyo sa akin, na malaman na ang tabernakulong ito ang una kong simbahan. Isa itong maluwalhating bagay. At hinding-hindi ko makakalimutan, kahit ako pa'y. . . Magtatagal man si Jesus at mabuhay ako hanggang sa daan-daang taong gulang. Naaalala ko 'yung araw na 'yun na inilagak ko ang batong panulok, doon sa sulok; at ang pangitaing ibinigay Niya sa akin noong umagang 'yun, tungkol sa tabernakulong ito. At lahat kayo'y tanda n'yo 'yun. Nakasulat 'yun sa mga libro. At ito'y ganap na natupad mismo, nang eksakto, wala ni katiting nito ang nagmintis.

<sup>71</sup> At, ngayon, hindi ako naniniwala na mayroong anumang bagay na Kanyang sinabi, sa lahat ng mga taon ng aking buhay, na sinalita ko sa mga tao, na anupa't natupad nga mismo. At maraming tao ang dumulog na may mga panaginip, na pinahintulutan Niya ako, sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, na mabigyan-ng-kahulugan para sa mga tao. At marami ang dumulog na may mga panaginip at may mga problema na hindi ko nabigyan-ng-kahulugan.

<sup>72</sup> Anupa't hindi ko tinangka na magpakilala sa inyo na madla ng isang pakulo na kalakip ang lahat ng sagot. Sinikap kong maging tapat at sabihin sa inyo kung ano ang Katotohanan, at masasabi ko lang sa inyo tulad ng sinabi Niya sa akin. At mangyari po na pagkatapos na dumating na 'yun sa akin, ay saka ko mismo masasaysay sa inyo.

<sup>73</sup> At gusto ko kayong balaan. Sa panahong ito na kinabubuhayan natin, maraming. . .Hindi ako—hindi ako nagsasabi ng anuman laban sa mga tao. Pero kapag makasumpong kayo ng isang tao na taglay ang sagot sa lahat, salungat 'yun sa Salita.

<sup>74</sup> Sabi ni Jesus, “Maraming ketongin noong panahon ni Elias, pero isa lamang ang pinagaling.” Sa maraming taon, sa walumpu o higit pa, na nabuhay si Elias, haya't isang ketongin lang ang pinagaling. Maraming mga balo noong mga araw ni Eliseo, pero ipinadala lamang siya sa isa. At nalaman natin na maraming bagay ang ginagawa ng Diyos, na anupa't hindi Niya inihahayag sa Kanyang mga lingkod. At walang alipin ang higit na dakila kaysa sa kanyang Panginoon.

<sup>75</sup> At, pagkatapos, hindi humahati kaninuman ang Diyos ukol sa Kanyang kaluwalhatian. Siya ay Diyos. At kapag ang isang alipin ay humantong sa isang punto na tinatangka na niyang kunin ang lugar ng Diyos, kung magkagayon ay kinukuha na ng Diyos ang kanyang buhay at inililipat siya sa kung saan, o kung ano. Dapat nating tandaan 'yun.

<sup>76</sup> Ngayon, dun sa mga pangitain at mga interpretasyon, hindi ko masasabi ang interpretasyon ng isang panaginip hanggang sa makita ko nang eksakto, sa pamamagitan ng pangitain, kung ano 'yung panaginip. At alam ng marami sa inyo na sinasaysay n'yo sa akin ang inyong panaginip, at hindi n'yo nga sinasaysay ito nang buo. At kapag makita kong bumabaling pabalik sa akin ang panaginip, bumabaling ako't sinasabi sa inyo na marami pa rito ang hindi n'yo ikinukuwento, pagkatapos ay sasabihin ko sa inyo kung ano ang mga nawaglit n'yong sabihin ukol dito. Alam n'yong ganoon nga. Kung tama po, sabihin n'yo, "Amen." . . .? . . . [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Yung mga bagay na di n'yo sinaysay sa akin. Kaya naman, nakita n'yo mismo, kung ang . . . Tulad ng sinabi ni Nabucodonosor, "Kung hindi mo masabi sa akin ang napanaginipan ko, kung ganoon paano ko malalaman na mayroon kang pagpapaliwanag ukol dito?"

<sup>77</sup> Pero lahat ng mga impresyon na tulad nito, hindi natin dapat kunin ang mga ito't sasabihin natin, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON." Hindi natin dapat gawin 'yun. Kailangan mayroon tayong direktang tinig, isang sagot mula sa Diyos, bago natin masabi na ang Diyos mismo 'yun. Hindi isang impresyon, hindi isang sensasyon, kahit gaano pa itong kapintig-pintig.

Marahil puwede mong sabihin, "Naniniwala akong ganito ito marahil."

<sup>78</sup> Pero kapag sinabi mong, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON," hindi na ikaw 'yan. Bantayan n'yo sa entablado. Nakita n'yo na ba itong nabigo? Ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON ay ganap mismo, hindi kailanman nabigo. At hangga't ito'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON, hinding-hindi ito maaaring mabigo.

<sup>79</sup> Pero, hanggang ngayon, prinotektahan Niya ako, dahil naghihintay ako sa Kanya. Hindi ako sumubok na maghangad ng katanyagan, o ng walang kabuluhang kaluwalhatian man ng mga tao. Sinikap ko ang aking makakaya na mamuhay nang mapagpakumbaba, at ipamuhay ang klase ng buhay na sa tingin ko'y dapat ipamuhay ng isang Cristiano. At hindi ko nagagawa 'yun sa sarili ko, pero ginagawa Niya ito hanggang sa araw na ito. Gaya ng sinasabi ko, na Siya Yaong pumatnubay sa akin.

<sup>80</sup> Maraming bagay ang masasabi na naroon din sa ganoong paraan, pero magtatagal lang. Pero alam n'yo naman ang lahat ng mga bagay na ito. At ang tanging dahilan kung bakit pinasabi ko kayo ng "amen," kanina, sa inyo po na mga nagsaysay sa

akin ng mga panaginip, na pagkatapos ay narito ako't sasabihin sa inyo kung ano 'yung mga hindi n'yo pa nasabi, ay dahil naka-teyp ang Mensaheng ito. Maririnig ito ng mga tao sa lahat ng bansa. At kapag narinig nila ang "amen" na 'yun, kung ganoon malalaman nilang may mga boses dun, na nasa ilalim ng pagmiministryong ito, na higit ang nalalaman kaysa sa gumawa ng anumang mali, o magsabi ng "amen" sa isang bagay naman na mali. Ang *Amen* po'y "siya nawa." Pinagtibay nito ito.

<sup>81</sup> Ngayon, sa buong buhay ko, mula noong bata pa ako, mayroong bagay na bumabagabag sa akin. At nagkaroon ako ng lubos na kakaibang buhay, na mahirap maunawaan. Pati asawa ko'y nagkakamot ng ulo at ganoon din ang sinasabi. "Bill, sa palagay ko'y walang makakaunawa sa iyo."

<sup>82</sup> At sabi ko, "Hindi ko rin maunawaan mismo." Dahil, ipinasakop ko na, ipinagkatiwala ko na ang sarili ko kay Cristo, maraming taon na ang nakalipas. Siya ang nangunguna. Hindi ko sinusubukang unawain ito. Pumunta lang ako kung saan Siya nagpapatnubay, sa abot ng nalalaman ko.

<sup>83</sup> Nagpapasalamat ako para sa isang napakabuting asawa't mga anak, at para sa aking asawa't mga anak na may kumpiyansa na hindi ako magsasabi sa kanila ng anumang mali. Dahil, talagang paniniwalaan nila. Sa tuwing sasabihin mo sa kanila ang anumang bagay, siyanga't pinanghahawakan nila 'yun. Alam nila na hindi ako magsasabi sa kanila ng anumang mali.

<sup>84</sup> At magsasabi ba ako sa isa sa mga anak ng Diyos ng anumang mali, kung gayon? Hindi ko sinasadya. Hindi, po. Ibig ng Diyos na ang Kanyang mga anak ay nasa tamang uri ng pagsasanay. At maging tapat sa kanila, at totoo sa kanila, at pagpapalain Niya ito, naniniwala ako.

<sup>85</sup> Ngayon, noon pa man, sa buong paglalakbay, may mga bagay na nangyari, na hindi ko maintindihan. At isa sa mga bagay na hindi ko maintindihan, ay noong bata pa ako'y dumarating sa akin ang mga pangitaing 'yun. At makikita ko ang mga 'yun at sinasabi ko sa aking mga magulang ang mga bagay na mangyayari. Akala nila'y may pagkanerbiyos lang ako. Pero, ang kakatwa nga'y, nangyayari 'yun mismo sa paraang sinabi Nito.

Sasabihin n'yo, "Yan ba'y bago ka pa napagbagong-loob?"  
Oo.

<sup>86</sup> "Ang mga kaloob at mga pagkatawag ay hindi nagbabago," sabi ng Biblia. Ipinanganak ka sa mundong ito para sa isang layunin. At hindi ka. . . Ang pagsisisi mo'y hindi nagdudulot ng mga kaloob; nauna nang itinalaga ang mga ito sa iyo.

<sup>87</sup> Ngayon, doon nga sa daan, at bata pa nga ako noon, ang kinasasabikan ko noon ay. . . Hindi ako sapat na nasisiyahan sa

lalawigan na tinitirhan ko. Pinananabikan ko, hayan nga, na makapunta sa Kanluran.

<sup>88</sup> At inoperahan ako, noong nabaril ako, noong bata pa ako. At noong sumailalim ako, dahil doon sa unang anesthesiya, ang akala ko nga'y nasa pagdurusa na ako, na pumapababa ako. Nawalan ako ng malay dahil dun sa ether. At siguro'y walong oras akong walang malay, sa pakiwari ko. Nag-aalala na sila kung paano nila ako maibabalik na magkamalay ako. Mahusay ang kanilang naging pag-oopera, na di gumamit ng penicillin. Grabeng dugo; halos maputol ang magkabilang binti ko, dahil sa iskopeta. Naiputok kasi ng isang munting kaibigang lalaki ang kanyang baril.

<sup>89</sup> At pagkatapos ng mga pitong buwan, tumanggap uli ako ng panibagong anesthesiya. At nang sumailalim ako sa anesthesiya na 'yun, ang akala ko nga'y nakatayo ako roon sa kanluraning mga kaparangan. At may isang malaking gintong krus sa langit, at ang kaluwalhatian ng Diyos ay sumisinag mula rito. Nakatayo ako roon nang *paganito*.

<sup>90</sup> Noong ang Liwanag, na nakikita n'yo rian sa litrato ngayong gabi, na napatunayan mismo na isang sobrenatural na Persona, sa pamamagitan ng siyentipikong pananaliksik; sa akin nga'y, Ito rin ang Liwanag na 'yun na tumama noon kay San Pablo. Ito rin ang Liwanag na pumatnubay sa mga anak ni Israel noon, kapag gabi. Napansin n'yo ba rito, itong Anghel? "Nababalot Siya ng Ulap." Kita n'yo, Siya'y "isang Ulap kapag araw." Ngayon, haya't ang siya ring Liwanag na 'yun.

<sup>91</sup> Sa mga tao na hindi 'yun mauna-unawaan, na sa una'y inakala nilang mali 'yun, na sabi-sabi ko lang 'yun. Pero mangyari nga na ikinubli ng Espiritu Santo ang mga instrumentong pang-agham, at ang mga taong naroon, para sa isang pagpapatunay, at nakunan Ito ng litrato, nang ilang beses.

<sup>92</sup> Sabi ko, "Nakikita ko ang isang tao na nililiman ng kamatayan," may itim na anino sa ibabaw nila. Ilang linggo ang nakalipas noong ako'y nasa isang lungsod. At kapag nangangaral kami, kayo nga'y—kayo nga'y hindi dapat kumukuha ng litrato, alam n'yo 'yan, habang may nangangaral doon. At noong . . . Haya't siya ring bagay noong kunan nila 'yun; pero may isa nga roon na may dalang kamera. At sinabi ko sa isang binibining nakaupo roon, isang estranghero . . . Nasa—nasa Southern Pines ako nito noon. Sabi ko, "May anino sa ibabaw nitong si Binibining *Ganito-at-ganyan*." Isang binibining hindi ko pa kailanman nakikita sa talambuhay ko. "Kagagaling mo lang sa doktor; at may dalawang kanser, isa sa bawat dibdib, at sinukuan ka na. Nilililiman ka ng isang itim na talukbong, na patungo sa kamatayan."

<sup>93</sup> At may Isang nagsabi sa isang kapatid na babaing nakaupo sa tabi, na may hawak noon na kamerang de flash, ang sabi, “Kunan mo ng litrato.” At hindi niya sana gustong gawin ‘yun. Pero, “Kunan mo ng litrato,” at nagpipigil pa rin siya. At pagkatapos muli itong bumalik, at dinampot na nung babae ang kamera...at kinunan ng litrato. At hayan nga ito, base sa siyensiya. Nasa bulletin board ito; anino na may itim na talukbong.

<sup>94</sup> Pagkatapos, noong sumampalataya ang babae, at naipanalangin na, nakunan siya uli ng litrato direkta sa likod nito, at malinaw na. Sabi ko, “Nawala na ang anino.” Kita n’yo? Buhay ang binibini, sa biyaya ng Diyos.

<sup>95</sup> Nakikita n’yo na ba ang ibig kong sabihin? Kung sasabihin mo ang totoo, maaaring pagtawanan ka sandali, maaaring hindi ka maintindihan ng ilang panahon. Pero, patutunayan ‘yun ng Diyos, na ito ang katotohanan, kung mananatili ka lang dito. Kita n’yo? Kumapit ka lang. Maaaring lumaon ang mga taon, pero, katulad kay Abraham at sa iba pa, anupa’t palagi Niya itong ipagiging katotohanan sa tuwina.

<sup>96</sup> Noong ang Anghel na ‘yun doon...At sa palagay ko, bukod sa asawa ko, may mga tao rito ngayong gabi, mula noong tatlumpung taon na ang nakararaan, na nakatayo sa malapit lang noong bumaba Iyon. Mayroon bang sinuman sa mga tagapakinig dito ngayon na naroon noong ang Anghel ng Panginoon, ay bumaba sa ilog sa unang pagkakataon, sa harap ng mga tao? Itaas n’yo ang inyong mga kamay. Siyanga, hayan po sila. Kita n’yo? Ngayon, nakikita kong itinaas ni Gng. Wilson ang kanyang kamay. Nakatayo siya roon. Ang asawa ko, naroon din siya. At hindi ko alam kung sinu-sino pa, ang nakatayo noon doon sa pampang, sa harap ng maraming, maraming tao, noong nagbabautismo ako ng alas-dos ng hapon.

<sup>97</sup> At lumabas mismo sa malatansong kalangitan, kung saan hindi umulan noon sa loob ng maraming linggo, heto nga’t dumarating Siya na may dagundong, at sabi, “Kung papaanong isinugo si Juan Bautista, upang magpauna sa unang Pagparito ni Cristo, ikaw ay isinugo na may isang Mensahe, para magpauna sa ikalawang Pagparito ni Cristo.”

<sup>98</sup> Maraming kalalakihan, mula sa mga negosyante, ng lungsod, na nakatayo noon sa pampang, ang nagtanong sa akin kung anong ibig sabihin Nito. Sabi ko, “Hindi ‘yun para sa akin. Yun nga’y para sa inyo. Naniniwala ako.” Uh-huh. Nagpatuloy Ito. At pag-alis ng Anghel na ‘yun, kung maaalala n’yo, nagpakanluran Siya habang Siya’y pumailanlang paitaas; doon mismo, paitaas, doon sa ituktok ng tulay, at nagpakanluran.

<sup>99</sup> Kalaunan, may nakilala akong isang astronomo, na isang Mago. At binanggit nila sa akin ang isang konstelasyon ng mga bituwin na nagsama-sama sa isang partikular na konstelasyon.



<sup>100</sup> Noong, makita ng mga pantas sa Babilonia na pagawi sa Palestina, itong tatlong bituwin sa isang konstelasyon. Narinig n'yo nang sinabi ko ito, nang maraming beses na. Alam n'yo ba na napatunayan 'yun, nitong mga nakaraang linggo, na totoo 'yun? Kapatid na Sothmann, dala mo ba ang pahayagan na 'yun ngayong gabi, sige't kung nasaan ka po ngayon? Nasa pahayagan 'yun, sa isang pahina ng isang Lingguhang pahayagan, noong ika-siyam ng Disyembre, na nagtungo roon ang isang mamamahayag, at nahukay nila ang lahat ng mga bagay na 'yun. At narito nga tayo na talagang nabubuhay sa panahon ngayon, na napatunayan 'yun, na tayo'y...1970 na po sa mga darating na taon. Pitong taon nang lampas sa panahon, na sa pamamagitan ng nahukay na mga bato, at napatunayan na ito'y mali. Mas huli na na po sa inaakala n'yo. Hindi ko lang makita si Kapatid na Fred, siyanga. Kapatid na Sothmann, nandito ka ba? Dala mo ba 'yung pahayagan, Kapatid na Sothmann? Dala mo. Nasa kanya 'yung pahayagan. Baka bukas ng gabi'y ipapabasa ko 'yan sa'yo. Wala na kasi tayong oras, ngayong gabi. Nang sa ganoon, ay makita n'yo.

<sup>101</sup> At, masdan n'yo, mismo. Ang mga Mago na 'yun, ang mga Judiong Mago sa Babilonia, na nag-aaral ng mga bituwin, haya't nakita nila ang mga bituwing 'yun na pumosisyon sa kanilang konstelasyon. At nang gawin niya ito, alam na nila na nasa lupa na ang Mesiyas. At heto na silang dumating, sa Jerusalem, na umaawit. Dalawang taon na paglalakbay! "Nasaan Siya na ipinanganak na Hari ng mga Judio?" Pabalik-balik sila sa mga lansangan. At, aba, ang Is-...

Pinagtawanan sila ng Israel, "Talagang grupo ito ng mga panatiko!" Wala silang kamalay-malay tungkol dito, na anupa't nasa lupa na ang Mesiyas. At ngayon alam n'yo na ang iba pa sa kwento, kung ano ang sinabi nila.

Ngayon, babasahin natin 'yan, bukas ng gabi.

<sup>102</sup> Ngayon, pagdating dito, na ang mga pangitain ay di nabibigo, dahil ang mga ito'y nagmumula sa Diyos. At sa buong paglalakbay, may humila sa akin, humahatak sa akin.

<sup>103</sup> Pagkatapos, nang sabihin sa akin ng Mago ang mga bagay na ito, noong binata pa lang ako't, tanod sa isang lugar ng pangangaso; o bago pa 'yun, sa tingin ko, ang tungkol sa mga bagay na 'yun. At natakot ako roon, dahil takot ako sa kung ano mismo ang Mago. Pero nang maglaon ay nalaman ko na tama pala ang mga Mago ng Biblia, dahil ipinahahayag ito ng Diyos sa langit bago Niya ito ipahayag sa lupa, haya't minamatyagan ang mga bagay na 'yun sa langit.

<sup>104</sup> "Hindi nagtatangi ang Diyos ng tao, sa lahat ng mga bansa," sabi ni Pedro. Ngayon, pero ang mga may takot sa Kanya, sa lahat ng mga bansa'y, tinatanggap ng Diyos. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

<sup>105</sup> At nakita natin, pagkatapos, sinubukan kong isawalang-bahala ang kaisipang 'yun. Pero, oh, aabutin ng ilang oras, para pumasok, kung papaanong patuloy itong napapagawi roon, gumagawi roon. Pero natakot nga ako rito.

<sup>106</sup> Sabi sa akin ng Magong 'yun, "Hindi ka kailanman magiging matagumpay sa Silangan." Sabi, "Ipinanganak ka sa ilalim ng isang tanda." At sabi, "Ikaw... Ang tanda na 'yun, ang konstelasyong 'yun, noong magkrus sila, sa dako roon, sa araw ng kapanganakan mo, papakanluran sila. At dapat kang magpakanluran."

Sabi ko, "Hayaan mo lang."

<sup>107</sup> Ayaw kong—ayaw kong magkaroon ng anumang kinalaman tungkol dun. At sa hinaba-haba ng panahon, sa kabila nun, ay hayan pa rin, hindi 'yun naalis sa puso ko.

<sup>108</sup> Pagkatapos, noong naroon ako noong gabing 'yun, tungkol sa mga pangitaing ito. Hindi ko po maintindihan ang mga ito. Sinabi sa akin ng mga kapatid kong Baptist na sa diyablo raw 'yun. At pagkatapos nang magpakita ang Anghel na 'yun, lubos Niyang ibinaling 'yun sa Kasulatan, at sinabi, "Kung papaano noon!"

<sup>109</sup> Noong nagtatalo-talo 'yung mga saserdote tungkol sa mga bagay-bagay, na walang ibang pinagkakaabalahan kundi kung anong uri ng balabal ang dapat nilang isuot, at tungkol sa mga damit at lahat na, at nagtatalo-talo tungkol sa kanilang mga pagkakaiba, hayan nga't sinusundan naman ng mga Mago ang bituwin patungo kay Cristo.

<sup>110</sup> Noong sabihin ng mga mangangaral na si Jesus raw ay isang impostor, isang Beelzebub, bumangon ang isang diyablo't nagsabi, "Kilala namin kung sino Ka, ang Banal na Isa ng Diyos. Bakit Ka pumarito para pahirapan kami bago pa dumating ang panahon?"

<sup>111</sup> Noong humayo sina Pablo at Silas, nangangaral ng Ebanghelyo, may isang munting manghuhula na nakaupo sa lansangan... At sinabi ng mga mangangaral sa lalawigang 'yun, "Ang mga lalaking 'yan ay mga impostor. Ginugulo nila ang ating mga simbahan, at iba pa, binabaligtad ang mundo, sa kanilang katiwalian."

<sup>112</sup> Pero anong nangyari? Ang munting Mago na 'yun, ang munting manghuhula, siya nga'y nagsabi, "Ang mga ito'y mga tao ng Diyos, na nagsasaysay sa atin ng daan ng Buhay." At sinaway ni Pablo ang espiritung 'yun sa babae. Hindi niya kailangan ng anumang tulong upang magpatotoo kung sino siya.

<sup>113</sup> Lagi silang sinasabihan ni Jesus na tumahimik. Pero ipinakikita nito, na kung minsan, mas may alam pa ang mga diyablo tungkol sa mga bagay ng Diyos kaysa sa mga mangangaral; sila kasi'y nagiging labis na nakatali sa mga

eklesiyastikal na bagay. Ganoon nga ito, sa Biblia man, at hindi nagbabago ang Diyos.

<sup>114</sup> Isang araw, papunta ako noon, limang taon na ang nakalipas, mula kina Kapatid na Norman, nagmamaneho ako sa daan. At kadadaos ko lang ng isang pagtitipon doon, at nagpakita ang Panginoong Diyos sa akin sa isang pangitain. At nakaupo ako sa harap ng tarangkahan ko, dito sa bahay ko. At para bang masama ang panahon noon.

<sup>115</sup> Marami sa inyo ang maaalala ang pangitain na 'yun. Nakasulat ito sa libro ko ng mga pangitain. Isinusulat ko ang mga 'yun para makasigurado ako na di ko makakalimutan ang mga ito.

<sup>116</sup> At sa pangitaing ito'y nakita ko, may isang bagay na dumaan sa isang daanan, at may mga batang nagkalat sa buong bakuran ko. At may mga kagamitang pampatag at mga pangsudsod, pabalik-balik sa daanan, at ang mga punongkahoy ay pinuputol at binubunot ang ugat. At paliko raw ako sa tarangkahan, at nahaharangan 'yun ng mga bato. At lumabas ako, para sabihin 'yun sa lalaki, "Bakit ganito?"

At nagalit siya nang husto, itinulak ako paurong, at sabi, "Ganyan talaga kayo na mga mangangaral!"

<sup>117</sup> Sabi ko, "Tinanong lang kita, 'Bakit mo ginagawa ito?' Ikaw—ikaw ang pumunta na sa bahagi ko ng kalsada, rito. Bakit mo ginawa ito?" At muntik-muntikan na niya raw akong masampal, at itinulak niya ako para mapaattras.

<sup>118</sup> At naisip ko, "Sasabihin ko na lang sa kanya na hindi niya alam ang sinasabi niya."

<sup>119</sup> At nagsalita ang isang Tinig, sabi, "Huwag mong gawin 'yan. Ikaw ay isang ministro."

At sinabi ko, "Sige po."

<sup>120</sup> At lumingon ako, at, sa aking kanan, naroon sa harap ng tarangkahan, ang isang lumang prairie schooner. Alam n'yo marahil kung ano 'yun, isang wagon na may takip, na may mga kabayong nakatali rito. At nakaupo roon sa tapat ng panig ng kutsero ay ang asawa ko. Lumingon ako sa likod, at nakaupo roon ang mga anak ko. Sumampa ako sa wagon. Sabi ko sa asawa ko, "Mahal, pinanindigan ko na ang lahat ng aking makakaya." At dinampot ko ang mga tali't hinila ang nangungunang kabayo, at nagsimulang magpakanluran.

<sup>121</sup> At isang Tinig ang nagsabi sa akin, "Kapag nangyari ito, kung ganoon ay magpakanluran ka."

<sup>122</sup> Si Kapatid na Wood, ang kontratista rito sa ating simbahan, at katiwala. Ilan ang nakakaalala sa pangitain na 'yun ngayon, na naaalala n'yong ikinuwento ko 'yun sa inyo? Siyanga. Nakasulat 'yun sa papel. At sinabi ko kay Kapatid na Wood. . . Binili niya, mula sa iglesya, itong loteng nasa pagitan doon.

At magtatayo sana siya ng isang bahay na bato roon. Sabi ko, “Huwag mong gawin, Kapatid na Wood, dahil hinding-hindi nila ibibigay ang pera mo mula rito. Siguro, marahil. . .” Mga taon na po ang lumipas mula noon, limang taon na ang nakalipas. Sabi ko, “Kanilang, marahil, padadaanin nila ang tulay na ’yun sa gawi rito, at ’yung mga batong ’yun ay marahil galing sa sumambulat kong silong-na-silid, at sa mga daanan ko’t iba pang mga bagay, na magkalat dito.” Sa halip na mga bato, mga tipak ’yun ng kongkreto. “At pagkatapos ay ilalagay nila ’yun dito, dahil inulat nila sa pahayagan na ’yun ang pinaplano nilang gawin.” Buweno, hindi niya itinayo. Mangyari nga na sa huli’y nagpasya ang mga tao, makalipas ang isang taon marahil, o dalawa, na padadaanin nga nila ito, sa gawi *rito*. Ganoon na nga, kaya kinalimutan ko na lang ’yun, at hinayaan na.

<sup>123</sup> Ngayon, ’yung kakatwang bagay ay nangyari mga isang taon ang nakalipas. Nagdadaos ako ng mga gawain isang gabi sa lugar nina Kapatid na Junior Jackson. Nakaupo rito mismo, may isang ministrong Methodist na nakatanggap ng Espiritu Santo, at nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, at nagpapastor siya sa isa sa ating mga kapatid na iglesya.

<sup>124</sup> Para lang ipakita sa inyo kung paano nakikitungo ang Diyos sa mga taong ito, heto’t sinasabi ko ito nang buong puso ko. Wala akong alam na anumang kongregasyon sa buong mundo, na isang kongregasyong magkakasama na hihigit pa, kung saan naniniwala akong naroon ang Espiritu ng Diyos, kaysa sa kongregasyong ito. Ang mga tao’y siyanga’t may pagkakaiba-iba. Tunay ngang wala pa sila sa kalagayan na dapat nilang maabot, siyanga’t wala rin sa atin, pero sila’y lubos na malapit sa isa’t isa gaya ng sinumang iba pa na kilala ko.

Ipapakita ko sa inyo, yamang nalalaman kung ano ang mangyayari.

<sup>125</sup> Nanaginip si Kapatid na Jackson. Hindi niya ’yun mawaglit-waglit; at paalis na ako mula sa kanyang simbahan, at sadyang hindi niya ito matiis.

<sup>126</sup> Gaano na bang katagal ang lumipas, Kapatid na Jackson? [Sabi ni Kapatid na Jackson, “Napanaginipan ko ’yun noong Pebrero ng ’61, Kapatid na Branham.”—Pat.] Pebrero ng ’61, napanaginipan niya.

<sup>127</sup> At lumapit siya sa akin, at sabi niya, “May bumabagabag sa puso ko. Dapat kong sabihin ito sa iyo, Kapatid na Branham.”

Sabi ko, “Sige ituloy mo, Kapatid na Jackson.”

<sup>128</sup> At sabi niya, “Nanaginip ako.” At hayun nga ito! Tahimik lang akong naupo roon, at nakinig at nag-antabay. Sabi niya, “Nanaginip ako na mayroong isang napakalaking burol, tulad doon sa isang kaparangan, kung saan may asul na damo o kung ano.” At sabi, “Sa tuktok daw ng burol na ito, kung saan inanod ng tubig ang lupa, mayroong isang taluktok na bato, sa tuktok

ng burol, tulad ng taluktok ng bundok. Yun nga'y bato; walang damo. At kung saan umanod ang tubig, umukit 'yun ng kung anong uri ng teksto sa mga batong 'yun. At nakatayo ka raw roon, na ipinapaliwanag ang tekstong mababasa rito sa mga batong ito." At sabi, "Lahat tayo," at ganito ang pagkakalahad niya rito, sabi, "ang mga kapatid na taga-Georgia, at mula sa lahat ng dako, nakatayo kami roon na magkakasama, na nakikinig kami sa iyo na ipinapaliwanag 'yung mahiwagang sulat doon sa mga bato, sa bundok na 'yun."

<sup>129</sup> At sabi, "Pagkatapos ay may kinuha ka, na parang galing sa himpapawid, isang bagay na tulad ng isang kagamitang pantibag, o—o isang panungkab." Hindi ba, kapatid? "Bagay na parang ganoon, isang kagamitang pantibag, na talagang matalas." At sabi, "Ito, kung paano mo ito ginawa, hindi ko alam." At sabi, "Hinagip mo ang tuktok ng bundok na 'yun, tinungkab ito sa palibot, at inalis ang takip nito. Yun nga'y nasa hugis ng isang piramide. At tinungkab mo ang tuktok nun." Ngayon, ito po'y mga ilang buwan at buwan at buwan bago naipangaral ang Mensahe ukol sa piramide. At sabi, "Sa ilalim nun ay may puting batong, granito. At sinabi mo raw, 'Ang araw, o ang liwanag, ay hindi pa kailanman sumikat Dito dati. Tingnan mo ang loob Nito. Pagmasdan mo Ito.'"

<sup>130</sup> At tama nga, dahil, noong anyuan ang mundo, inanyuan na ang mundo bago pa nagkaroon ng liwanag. Alam nating lahat 'yun. Kumilos ang Diyos sa ibabaw ng tubig. At—at pagkatapos, sa pasimula, nagsalita Siya para magkaroon ng liwanag. At, siyanga't, sa ilalim sa dako roon, sa panahon ng pag-aanyong 'yun, hindi pa sumisikat ang liwanag na 'yun doon sa bato.

<sup>131</sup> At sabi niya, "'Tumingin ka Rito. Hindi pa kailanman nasikatan Ito ng Liwanag dati.'" At nang tumindig silang lahat, at sinabi ko sa kanila na pagmasdan Iyon, at umakyat silang lahat para silipin ang loob.

<sup>132</sup> Pero sabi niya, habang nakatingin daw sila sa loob, tumingin siya sa gilid ng mata niya, sa palagay ko nga, at minamasdan ako. Pumuslit daw ako sa isang gilid, at nagsimulang pumunta sa Kanluran, patungo sa paglubog ng araw; na paakyat ng burol, pababa ng burol; paakyat na naman ng burol, pababa na naman ng burol; na paliit nang paliit, at tuluyan nang nawala sa paningin.

<sup>133</sup> At sabi niya, pagkatapos, noong ginawa ko 'yun, sabi niya, "Pagkatapos nga'y lumingon ang mga kapatid, pagkaraan ng ilang saglit, sabi, 'Wala na ba siya? Saan na siya nagpunta?'" At sabi, "Nagtungo roon ang ilan; nagtungo naman ang iba sa isang direksyon, at ang ilan ay sa iba naman." Pero, higit na kakaunti ang nagsipanatili at tuluy-tuloy na nakatingin sa sinabi ko sa kanila.

<sup>134</sup> Ngayon pansinin n'yo ang interpretasyon ng panaginip. Na, wala akong sinabing isa mang bagay sa kanya, o wala akong sinabi sa mga ito, na alinman sa mga ito. Pero, sabi ko, "Siyanga." At ang puso ko'y, nanginginig. Pinagmamasdan ko. Ngayon, ang mahiwagang sulat. . . Sandali po, iiwan ko lang ito saglit.

<sup>135</sup> Hindi pa katagalan, si Kapatid na Beeler. . . Kadalasang kasama natin si Kapatid na Beeler. Nandito ka ba, Kapatid na Beeler? Oo, sa dako rito. Sabi ni Billy, "Labis na naliligalig si Kapatid na Beeler. Nagkaroon siya ng kakaibang panaginip."

<sup>136</sup> Pinuntahan ko si Kapatid na Beeler, at sabi niya, sa bahay niya isang gabi, noong inaasikaso ko ang ilang tawag. At sabi niya, "Kapatid na Branham, nagkaroon ako ng kakaibang panaginip." Sabi, "Nanaginip ako na lumulusong ako sa isang batis ng tubig, papuntang kanluran. At may daan sa kaliwang panig. At nasa kaliwang panig ako, papunta sa kanluran sa daan, na para bang, naghahanap ng baka. At doon sa kanang panig, mangyaring napansin ko pagkatapos na makapunta ako roon, na naroon ka. At tinitipon mo ang isang malaking kawan ng mga baka, at napakarami mismo ng maipapakain doon." At sabi, "Pagkatapos tinipon mo na 'yung mga baka't sinimulan na silang pabalikin sa ilog." At, para bang, tumango ako marahil sa kanya para bantayan 'yung mga baka. At sabi niya, "Ngayon, magiging madali na para dun sa mga baka, alam kong pupunta sila sa daan na pinakakaunti ang pagtutol. Pero gusto ni Kapatid na Branham na manatili sila sa kanang panig nung ilog, kaya nagtungo ako roon sa daan na ito at pinigil silang tumawid sa ilog sa panig na ito, at pinanatili sila sa panig na 'yun." Pero, napansin niya, hindi ko sinundan 'yung mga baka, kundi nagpatuloy ako, pakanluran. Sabi niya, "Siguro hinahanap niya 'yung mga naliligaw."

<sup>137</sup> Pagkakuwento niya sa panaginip, nakinita ko agad 'yun. At pagkatapos, pansinin n'yo, ang sabi niya'y medyo di siya kumpiyansa tungkol sa akin, kaya bumalik siya para tingnan. At ang sabi'y papunta raw ako sa isang solidong bundok, at bigla na lang daw akong naglaho. At napaisip siya kung ano kayang problema. Bumaba siya. At pagkatapos ay dumaan siya sa maliit na batis sa gilid niya, na nagsanga sa kaliwa. Sa tingin ko'y ganoon nga 'yun, Kapatid na Beeler. Oo. At napansin niya mula sa. . . At sa gilid ko'y may isang dumadagundong na talon. At pagkatapos ay naisip niya na baka nagawi raw ako sa mga talon na 'yun at—at nasawi. Tapos napansin niya, at sabi niya'y tumingin daw siya sa paligid, nakita niya ang dulot ng mga talon na 'yun, na umaagos pababa sa gawing *ito* at nagdulot 'yun na bumulwak ang isang artesyanong balon, pero hindi bumabalik sa lupa ang tubig. Tumingin siya sa kabila nung maliit na sanga nung ilog, o maliit na batis, at nakakita siya ng ilang maliit na hayop na may bilog na mga tainga. At sabi, "Palagay ko'y

kukuha ako ng isa.” At tumawid siya.

<sup>138</sup> Tapos naisip niya ako. At umakyat siya sa isang maliit na umbok ng lupa, upang siyasatin at tingnan kung may maliit, na katiting, na makitid na tungtungan ba, alam n’yo, na maaaring nilakaran ko paikot. Pero, sabi, “Wala namang kahit na ano.” At nag-alala siya. Sabi niya, “Ano nang nangyari sa kapatid namin? Ano na kaya ang nangyari kay Kapatid na Branham?” At noong natakot siya, sabi niya ay naringing daw niya akong nagsalita. At nakatayo ako sa taluktok ng bundok. At sinabi kay Kapatid na Beeler ang isang interpretasyon ng isang panaginip na ibinigay ko sa kanya kamakailan lang, at sinabi sa kanya na maghintay sa Panginoon, na balang araw ay magkikita kami sa isang isla. At nandoon nga siya.

<sup>139</sup> Ngayon, ang interpretasyon ng panaginip na ’yun ay ganito: Kaya malaki ’yung batis, ’yun po’y ang batis ng buhay. Papunta ako sa kanluran dito, at ganoon din siya; dahil, nasa isang kalsada siya, paliit siya nang paliit habang umuusad...sa kalsadang ito. At sa kabilang dako ay maraming damo, pero marami ring palumpong, at dawag, at gubat; pero maraming damo roon. At sa ganong paraan tayo’y naghahanap para sa Panginoon, at sa Pagkain na galing sa Panginoon, dumadaan sa kahirapan. Yung pagtipon ko dun sa mga baka, ay ang iglesyang ito, na pinapanatili sila sa panig na ’yun. Ang mga baka’y talagang pupunta sa madaling daan, sa denominasyon, kung maaari; hayan nga’t, kumakatawan ang daan na ’yun sa denominasyon. Pinabalik ko siya sa daan na ’yun, para masigurado na hindi sila gumawi sa anumang denominasyon.

<sup>140</sup> Hanggang sa nakita niya ang isang pader na imposibleng madaanan, na pumigil sa akin sa pagpunta sa kanluran, haya’t ’yun ’yung kaso ukol sa buwis sa gobyerno. Walang makaunawa kung paano ako nakawala dun. Isa itong pader na humarang sa akin, pero iniraos ako ng Panginoon dito, at nalampasan ko ito. Makikita nga kita, Kapatid na Beeler, sa isla na ’yun.

<sup>141</sup> Kaya ngayon, pagkatapos, agad-agad pagkatapos nun, Kapatid na Roy Roberson. Kapatid na Roy, nandito ka ba ngayong gabi? Oo, sa tingin ko—sa tingin ko...Ano? [Sinabing ng isang kapatid, “Doon sa may gilid.”—Pat.] Sa may gilid. Tinawagan niya ako, at nanaginip daw siya. At nanaginip siya na nagtitipon kami ng mga baka. (Ngayon, ’yun ’yung pangatlo.) Nagtitipon ng mga baka. At may damo roon, na hanggang tiyan ang taas, maraming pagkain. Sama-sama raw kaming lahat na mga kapatiran. At pumunta kami sa isang lugar para maghapunan, at tumayo si Kapatid na Fred Sothmann at sabi, “Si Elias, ang dakilang propeta, siya’y magsasalita mula rito ngayong araw, sa tanghali.” At pagkatapos nang magkapaghapunan na kaming lahat, umalis na ang lahat, at nagtaka siya kung bakit hindi nila hinintay na marinig Ito na ipangusap.

<sup>142</sup> Ngayon, tingnan n'yo kung paano ito eksaktong humahagip doon kay Kapatid na Jackson! Kita n'yo, eksaktong tumatama 'yun, nang eksakto, sa kung anong sinabi ni Kapatid na Beeler! Wala ngang naghintay, para sana'y alamin.

<sup>143</sup> Pansinin n'yo, agad-agad pagkatapos nun. Kapatid na babaing Collins, nandito ka ba? Nanaginip si Kapatid na babaing Collins na nandito raw siya sa simbahan, at may inihahandang kasalan na gaganapin. At sa panaginip niya, nakita niyang pumasok ang Nobyo, na perpekto; pero 'yung Nobya'y hindi gaanong perpekto, pero sa kabila nun ay siya ang Nobya; ngayon, 'yun po ang Iglesya. At mayroong parang isang komunyong, o isang—isang gawaing nagaganap daw dito, parang isang hapunan na inihahanda. At medyo nagulat daw siya dahil si Kapatid na Neville ang naghahain ng hapunan sa simbahan, pero ang sabi niya'y ito raw ang pinakamasarap na Pagkain na nakita niya kailanman. Gutom na gutom na raw siya. Pero naisip niya na marahil, sa panaginip na 'yun, na dapat sana'y hindi si Kapatid na Neville ang naghahain Nito, at siya at si Kapatid na Willard ay papunta raw dun sa Ranch House at kakain. At pagpunta nila, namatay raw ang Ilaw sa kanan. Ngayon, alam n'yo na kung ano Yun.

<sup>144</sup> Ngayon, 'yung Pagkain. Haya't hindi perpekto ang Nobya, pero 'yung Nobyo'y perpekto. Hindi pa perpekto ang Nobya, siyanga't ang Pagkaing ipinamimigay ay hindi literal na pagkain, 'yun po'y Pagkaing espirituwal na kinakain n'yo, noon pa man.

Hayaan n'yong huminto ako sa ikaapat na panaginip na 'yun, pansumandali.

<sup>145</sup> Hindi n'yo ba naaalala, Kapatid na Fred Sothmann, Kapatid na Banks Wood, noong naroon tayo sa Arizona noong nakaraang taon, noong nangangaso tayo ng mga baboy na javelina, at nagsalita ang Panginoon? Hindi n'yo ba napagtanto na ang mga bagay na 'yun ay ganap Niyang ginawa, ipinapakita kung ano ang mangyayari, habang bumibiyahe tayo roon sa daan? Kung ganoon nga, kayo po na dalawang kapatid ay magsabi ng, "Amen." [Sinababi ng dalawang kapatid, "Amen."—Pat.] Hindi kailanman nagmimintis.

<sup>146</sup> At nakita ko sa isang pangitain habang nagbibiyahe kami, isang araw, haya't isang—isang pangitain ng Panginoon ang dumating sa akin, at naghahanda na ako noon, nung mga oras na 'yun, sa pag-uwi ko, para magpunta sa ibayong-dagat. At pagpunta ko sa ibayong-dagat, buweno, nakita ko sa barko. . . o sa gilid nung dagat, kung saan dumadaan palabas ang mga barko. At may isang munting, maliit na lalaki roon, at ang sabi niya, "Pinaghanda kita ng bangka, Kapatid na Branham." At ito'y isang napakaliit na bangkang-lunday, halos—halos isang



talampakan lang ang haba, siyanga't ito'y niyebeng-niyebe sa puti. At sabi niya sa akin, "Ito'y para makatawid ka."

"Oh," sabi ko, "hindi ito—hindi ito—hindi ito sapat."

<sup>147</sup> Sabi niya, "Makalalarga ito nang apatnapung milya bawat oras, pataas-baba nang *paganito*." Yun nga'y, taas-baba ng pampang.

"Pero," Sabi ko, "hindi nito ako maitatawid."

<sup>148</sup> At pagkatapos ay tumingin siya sa ibaba, at sinabi, "Pumunta ka tulad ng pagpunta nila." At tumingin ako, at naroon sina Kapatid na Fred Sothmann at Kapatid na Banks Wood, nakaupo sa isang bangkang-lunday na pininturahan ng berde, na may ilang kasangkapan na pang-camping sa likod nun. Si Kapatid na Banks nga'y nakasumbrero raw na nakatikwas nang *paganito*; si Kapatid na Fred naman sa kanyang dobladong tupi. Haya't sabi niya, "Lumarga kang katulad nila."

Sabi ko, "Hindi. Hindi ko gagawin."

<sup>149</sup> At ang sabi nung lalaking ito sa kanila, 'yung maliit na lalaki, sabi, "Mga bangkero ba kayo?"

Sabi ni Kapatid na Banks, "Oo." Sabi ni Kapatid na Fred, "Oo."

<sup>150</sup> Pero sabi ko, "Hindi sila bangkero. Ako ang bangkero, at alam kong hindi ako magpapalaot sa ganyan, at sigurado akong hindi ako makalalarga sa gawing 'yun."

Sabi, "Hindi ka ba sasama sa kanila?"

Sabi ko, "Hindi. hindi."

<sup>151</sup> Buweno, lumingon ako. At, paglingon ko, 'yung maliit na lalaki sa pantalan ay mangyari palang ang mabuti kong kapatid, na si Kapatid na Arganbright.

<sup>152</sup> At bumalik ako sa pangitaing ito, at mayroong isang maliit, na mahabang gusali. At pagkatapos ay may isang Tinig na nagsabi sa akin. . . At tanda ito ng lahat sa inyo, o, marami sa inyo. Isang Tinig ang nagsabi sa akin, "Magdala ka ng Pagkain. Iimbak mo Ito. Iyan lang ang paraan para mapanatili sila rito, ang bigyan sila ng Pagkain." At dinala ko, nagdala ako, ng naglalakihang bariles mismo na punong-puno ng pinaka magagandang karot at ng pinaka magagandang gulay, at mga bagay, na nakita ko kailanman. Naaalala n'yo na ba ngayon, 'yung pangitain na 'yun?

<sup>153</sup> Ngayon, at binanggit ko sa inyo di kalaunan kung ano ang interpretasyon nun. Haya't pupunta na dapat ako noon sa Zurich, Switzerland, kasama si Kapatid na Arganbright, para sa limang-gabing pagtitipon. Sinabi ko na sa mga kapatiran bago pa ito nangyari, "Hindi ako pupunta." At kasama ko si Kapatid na Welch Evans doon, nang ibigay Nito ang interpretasyon.

<sup>154</sup> Isang gabi, sa tanda ko'y dumating si Kapatid na Welch at sinundo ako, pupunta raw kami sa isang pangingsda, at binanggit ko na tinatawagan ako ni Kapatid na Arganbright. Sabi ko, "Sige, ganito kasi. Ibibinbin kasi nila ako." At maraming beses. . .

<sup>155</sup> Hindi sa pamamagitan ni Kapatid na Miner; oo't isa siya sa pinaka mabubuting kaibigan. Pero kung minsan, kung puwede lang nilang. . . Kung sa tingin nila ay mangangaral ka ng isang bagay na labag sa kanilang doktrina, sinasabi lang nila na pupunta ka roon, para dalhin ang mga kaibigan mo roon. At sabi nila. . .

<sup>156</sup> Tinawagan ako ni Kapatid na Arganbright at sabi, "Kapatid na Branham," saktong mismo sa kung ano ang sinabi ng Espiritu. Sabi, "Pumunta ka, isama mo ang iyong asawa," sabi, "dahil hindi mo naman kailangang mangaral nang marami," sabi, "dahil sa tingin ko parang pang-isang gabi lang yata ang inilaan nila sa iyo." At sabi, "Baka nga hindi mo na kailangang mangaral din sa isa na 'yun."

At sabi ko, "Hindi na."

<sup>157</sup> "Buweno," sabi, "pumunta pa rin kayo, ikaw at ang maybahay mo, pumunta kayong lahat, kita mo, at kung pupunta kayo, ipapasyal ko kayo. Oh, ang maybahay ko, ang maybahay mo, at lahat sila, papasyal tayo sa iba't ibang lugar sa Switzerland, maging hanggang doon sa iba't ibang lugar sa Palestina."

Sabi ko, "Hindi na."

<sup>158</sup> Nakuha ko na ang interpretasyon. Sinabi ko 'yun kay Kapatid na Welch, o kay Kapatid na Fred at sa kanila, "Sasabihin ko sa inyo sa umaga, pero kailangan munang may sabihin ang maybahay ko." At nang tinawagan ko ang maybahay ko, mangyari nga na siya'y tumanggap pumunta. Sabi ko, "Heto na." Kita n'yo?

<sup>159</sup> Ngayon, 'yung maliit, na puting bangka ay 'yung isang pagtitipon na 'yun. Ayos lang naman na pumunta-punta sa kahit saan dito, sa may pampang, na may isang pagtitipon, pero hindi 'yun sapat, kahit na ito'y puti't mabuti, na tawagin ako sa ibayong-dagat.

<sup>160</sup> Si Kapatid na Fred, at ang kapatid doon, ang kinakatawan nila sa pangitain, kinakatawan nila 'yung, "Magpunta bilang isang turista, para magsaya." Pero hindi ko na ninais pa na gawin 'yun. At ang pagtanggap ko sa kanila bilang mga bangkero, haya't nangangahulugan nga 'yun na hindi sila mangangaral. Pero, ako nga'y isang mangangaral.

<sup>161</sup> At pagkatapos 'yung Pagkain sa maliit, na mahabang gusaling 'yun. Hindi ako pumunta sa ibayong-dagat; at bumalik na lang sa maliit na gusaling ito, at gumawa tayo ng dose-

dosenang mga teyp, tungkol sa mga piramide at lahat ng bagay, para ipakita sa mga tao ang oras na kinabubuhayan na natin.

<sup>162</sup> Ngayon ihambing n'yo 'yun maging sa iba pa, 'yung mga panaginip. Ito'y isang pangitain. Ang Pagkain, heto nga Ito. Ito 'yung dakong 'yun.

<sup>163</sup> Pansinin n'yo pagkatapos kung anong nangyari. Tapos kaagad na matapos na dumating 'yung ikaapat na pangitain, o nung isaysay sa akin 'yung ikaapat na panaginip, dumating ang isang Kapatid na Parnell. Nandito siya, sa kung saan, dito mismo. At wala si Billy rito, at nababahala 'yung tao. Taga-Bloomington siya, sa tingin ko, o Bedford? [Sinabi ng isang kapatid, "Lafayette."—Pat.] Lafayette, nagdaraos ng mga pagtitipon. At nanaginip siya, at pinuntahan niya si Kapatid na Wood. At sabi niya, "Sadyang hindi ko ito maaaring hayaan na lang. Kailangan kong sabihin ito, kailangan kong sabihin kay Kapatid na Branham. Ginagambala ako nito."

<sup>164</sup> At alam ng Diyos, wala ni isang panaginip sa pagitan nila. Basta dumating, isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim.

<sup>165</sup> Sabi ni Kapatid na Parnell, "Nagkaroon din ako ng kakaibang panaginip. Nanaginip ako na magkakaroon daw ako ng isang pagtitipon doon. At mistula nga, na parang may pagtitipon dito sa isang bagong simbahan." At sabi, "Ang bagong simbhang ito," kung papaano naging ganoon, na pinagtatakan niya kung bakit kaya walang pagtutulungan sa pagitan ng dalawa, o kung ano sa ganong paraan. At ang sabi niya'y nakatayo siya rito, hanggang, "Buweno, tatal nakarating na ako. Maghihintay na lang ako, at pagtitiisan ko ang pagtayo sa gawain." At sabi, "Pumasok ang isang lalaki sa gusali, nakasuot ng kulay kapeng terno, at may dalang isang libro. Sa palagay ko'y nagsusulat siya." At sinabi niya kay Kapatid na Parnell, ang sabi, "Isa itong pribadong pagtitipon. Para lamang ito sa mga diyakono at katiwala." Buweno, parang pakiramdam niya'y medyo naitsa-puwera siya. Kaya't lumabas siya sa pintuan ng bagong simbahan, nitong simbhang itinayo, o ng isa na ito na kinumpuni, na muling inayos. At paglabas niya, umuulan ng niyebe, masama 'yung panahon, kasi taglamig.

At wala sa mga taong ito ang nakakaalam tungkol dito.

<sup>166</sup> At paglabas niya raw ng pinto, nakatayo ako roon, nakatingin sa kanluran. Sabi ko raw, "Huwag ka nang magdamdam, Kapatid na Parnell. Ituturo ko sa iyo, kung ano ang dapat mong gawin."

<sup>167</sup> At alam ni Kapatid na Parnell, at ng sinuman sa kanila, na wala akong sinabi sa kanila na anumang interpretasyon. Ngayon na lang; siyanga't, nakikita ko 'yun kapag sinasaysay na nila ito. Napansin mo ba kung gaanong kabilis ako na umalis agad doon, Kapatid na Parnell? Para nga hindi ko masabi sa iyo. At umalis mismo, na walang sinabing anuman kay Kapatid na Wood o sa

iba, wala kahit kaninuman. Isinantabi lang muna ito, dahil gusto kong makita kung saan ito hahantong. Narinig n'yo na bang sinabi ko kamakailan, “Nababalisa ako”? Yun po 'yun.

<sup>168</sup> At pagkatapos, si Kapatid na Parnell, ang sabi niya'y sinabi ko raw sa kanya, “Kapatid na Parnell, magsimula ka. At ang unang lugar na mapupuntahan mo ay Zifora.” Zifora, “Zifora,” na ang ibig sabihin ay gitling, o tigil, o kung ano. Sabi ko, “Huwag kang tumagal doon. Pagkatapos nga'y magpatuloy ka, sa kasunod, at matatagpuan mo ang isang matandang babae; at pagkatapos ay huwag kang tumigil doon. Magpatuloy ka lang uli, matatagpuan mo ang isang talagang matanda nang babae; huwag ka pa ring tumigil doon.” At sa kabuoan nun namin, na nagsasalita ako, ay naglalakad kami sa niyebe. At sabi ko, “Magpatuloy ka hanggang matagpuan mo ang Asawa ko. At kapag natagpuan mo na ang Asawa ko, tumigil ka roon!” At sabi'y tumingin siya, at wala na raw kami sa niyebe, nasa disyerto na. At ako'y nawala na. At lumingon siya, at nakita niya ang kanyang asawa na nagbobomba ng tubig mula sa isang balon, at hinihila ang maybahay niya ng isang ministro, para ilayo siya roon sa bomba. Ang maybahay nga niya'y nakamasid sa kanya. At pagkatapos nagising na siya.

<sup>169</sup> Narito ang interpretasyon ng panaginip mo. At puwede ko rin namang sabihin ito sa iyo, noong gabing 'yun, pero umalis lang ako. Mangyari nga na 'yung Zifora, at 'yung isang matandang babae, at isa pang talagang, totoong matanda nang babae, 'yun nga'y mga iglesya. Kita mo? At 'yung Zifora na kung tutuusin ay ang—ang asawa ni Moises, si Zifora, at napansin natin na sinabi ko sa kanya na huwag tumigil sa kanila, gaano man sila katanda. Sila'y mga organisasyon. Huwag tumigil sa kanila. Tapos na ang kanilang panahon. Pero kapag sumapit na siya sa Asawa ko, na siyang Iglesya ko na ipinadala sa akin ni Jesus Cristo, ito nga'y sa huling araw na ito, at heto na Ito, “Tumigil ka roon!” At umalis na ako pakanluran.

<sup>170</sup> Tapos si Kapatid na babaing Steffy. Marahil wala siya rito, dahil nasa ospital siya. Hindi ko alam kung saan. . . Si Kapatid na babae bang Ste- . . .? Oo, narito pala siya. Dumating si Kapatid na babaing Steffy sa bahay ko para maipanalangin, bago siya pumunta sa ospital para magpaopera, na tulungan siya ng Diyos at pagpalain siya. At tunay ngang ginawa ng Diyos.

At sabi ng kapatid na babae, “Nagkaroon ako ng kakaibang panaginip, Kapatid na Branham.”

Sabi ko, “Siyanga ba?”

<sup>171</sup> At sabi niya, “Nanaginip ako na nasa Kanluran daw ako. At ako. . .” Ito na po 'yung pang-anim. At sabi niya, “Nanaginip ako na nasa Kanluran ako, at may paalon-alon doon na kabukiran. At pagtingin ko, na nakatayo sa isang burol, may isang napakatanda nang lalaki na may mahaba't puting balbas,

at kung ano pang buhok na mayroon siya ay naroon na sa kanyang mukha. At mayroon siyang puting malong, na kung ano, na damit,” sabi, “nililipad ito ng hangin.” Sa tingin ko nga’y ganoon ’yun, Kapatid na babaing Steffy, parang ganoon. At sabi, “Papalapit ako nang papalapit. Nakatayo siya, sa taluktok ng isang bundok, nakatingin pasilangan.” At sabi, “Naisip ko, ‘Sino kaya ang matandang ito?’” At lumapit pa siya, nang lumapit. At noong malapit na siya, nakilala niya kung sino ’yun. Iyon ay ang walang kamatayang si Elias, na propeta, na nakatayo roon at nakatanaw sa Silangan.

172 Sabi niya, “Kailangan ko siyang makita.” May kailangan siya. At tumakbo siya paakyat sa burol at nagpatirapa roon, para makipag-usap sa kanya, sa pangalan ni Elias. At sabi, nang magsalita siya. . . Narinig niya ang isang tinig, sabi, “Anong gusto mo, Kapatid na Steffy?” At ako pala ’yun.

173 Natupad nga mismo roon ang panaginip mo, Kapatid na Steffy. Dahil, kaagad pagkatapos nun, nagpunta ako sa Louisville. Ang kailangan niya noo’y ang panalangin. Kita n’yo? At nalampasan niya ’yun nang maayos, sa ospital; at ang tanda ng pagpunta ko sa kanluran, na nakamasid sa silangan, para sa aking kawan. Pansinin n’yo. Noong. . .

174 Pumunta ako sa Louisville. At pagbalik ko, medyo nagsimula na ako sa tarangkahan, at may mga tulos na nakabaon doon, sa may tarangkahan ko. Si G. Goynes, ng kalsada ng lungsod dito, ay dumaan doon sa kalsada. Sabi niya, “Billy, halika rito.” Sabi, “Kailangan mong ilipat ang mga tarangkahan mo’t mga bagay-bagay, ’yung bakod, bakod na bato at mga tarangkahan.”

Sabi ko, “Buweno, sige, Bill.” Sabi ko, “Gagawin ko—gagawin ko ’yan. Kailan ba?”

175 Sabi niya, “Sasabihin ko sa iyo. Ipapaalam ko sa iyo kung kailan.” Sabi ko. . . “Sa simula ng taon, sisimulan na nila ang paggawa rito.”

Sabi ko, “Sige.”

176 Mangyari nga na bumaling na akong pabalik sa bahay, at ang sabi ng asawa ko, “Kailangan kong pumunta sa pamilihan agad-agad.” At pumunta ako sa kalsada. At isang kabataan pang lalaki, si Raymond King, na siyang inhinyero ng lungsod. Ang lagi ko ngang tawag sa kanya’y “Tengang Putik.” Kasi, noong mga bata pa kami’t, magkasamang lumalangoy-langoy, natamaan niya ang isang lalaki sa tainga ng sang-umbok na putik. At kaya nakagawian na namin siyang tawagin na, “Tengang Putik.” Nakatira siya roon sa unahan lang ng kalsada mula sa akin, mga—mga ikalawang pinto sa kasunod lang kina Kapatid na Wood.

At kaya sinabi ko, “Putik, halika rito sandali.”

Sabi niya, “Sige, Billy.” At lumapit siya.

Sabi ko, “Yung tulos na inilagay-lagay mo?”

<sup>177</sup> Sabi niya, “Billy, kasi, sasakupin nila ‘yung buong lugar.” Sabi, “Lahat ng mga punongkahoy na ito, ‘yang mga bakod na ‘yan, at lahat ng iba pa, kakailanganin daw na mailipat.”

<sup>178</sup> Sabi ko, “Buweno, binanggit sa akin ng inhinyero na ang pag-aari ko raw ay nasa gitna na ng kalye.”

<sup>179</sup> Sabi, “Oo nga, pero palalawakin pa raw nila ito. Sasakupin nila lahat, ano’t anuman.” Sabi, “Ganoon nga rin ‘yung sa akin.”

<sup>180</sup> Sabi ko, “Buweno, si Kapatid na Wood ay isang—ay isang mason ng bato, at,” sabi ko, “Ipapalipat ko—ipapalipat ko na lang ‘yun sa kanya na iatras ‘yun.”

<sup>181</sup> Sabi, “Billy, huwag mo na lang galawin. Hayaan mo nang ang kontratista ang gumawa nun. Yan ‘yung bahay-tuluyan ng ministro, hindi ba?”

Sabi ko, “Opo.”

Sabi, “Hayaan mong siya ang gumawa nun.” Sabi, “Alam mo na ang ibig kong sabihin.”

Sabi ko, “Oo.”

<sup>182</sup> At tumalikod na ako, at, *ganoong* kabilis, may kung anong tumama. [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang mga daliri—Pat.] Umuwi ako, pumasok sa silid-aralan ko, kinuha ko ‘yung aklat na ‘yun, at hayun nga ito. Hindi mga kongkretong bloke; mga bato mismo. Sabi ko, “Meda, maghanda ka.”

<sup>183</sup> Anim na tuluy-tuloy na panaginip, at pagkatapos ang pinakahuli’y ang pangitain. “Kapag nangyari ang mga bagay na ito, magpakanluran ka.”

<sup>184</sup> Tumawag ako sa Tucson. May lugar si Kapatid na Norman doon. Hindi ko alam kung saan ako pupunta. Hindi ko alam kung ano ang gagawin ko. Ako nga’y nasa ano mismo. . . Nakatayo ako. Hindi ko alam kung ano ang gagawin ko. Aalis ako sa isang bahay na heto’t di ko na kailangang magbayad pa ng upa. Ang sahod ko’y isang daang dolyar kada linggo. At halos kailangan kong magbayad doon ng isang daang dolyar bawat buwan para sa isang bahay. Nandito ako kasama ang mga kapatid kong lalaki’t babae, kung saan ako’y minamahal mismo. At pupunta ako, sa dako na hindi ko alam kung saan. Hindi ko alam kung bakit. Hindi ko masabi sa inyo kung bakit. Pero isa lang ang alam ko, ang sundin ang sinasabi Niyang gawin. Hindi ko alam, di alam kung saan ba liliko, kung anong gagawin ko. Ito’y hindi ko na. . .

<sup>185</sup> Sa palagay ko’y ganito rin ang naramdaman ni Abraham noong sabihin ng Diyos sa kanya, “Tumawid ka, sa kabila ng ilog.” Hindi niya alam ang gagawin kundi ang umalis at maglakbay, ihiwalay ang sarili. Hindi ko rin alam ang gagawin ko.

<sup>186</sup> Noong nakaraang Sabado ng umaga, na isang linggo na kahapon, mga alas-tres ng umaga, bumangon ako't uminom ng tubig, at kinumutan ko si Joseph, sa kanyang silid. At pagkatapos ay bumalik ako, at nahiga lang. Natulog na ako. At nang nakatulog na ako...Heto't binabanggit ko itong mumunting mga panaginip at mga bagay-bagay, para makita n'yo ang basehan na sisimulan kong sabihin. Siyanga't kinumutan ko—kinumutan ko si Joseph, at bumalik na ako't nahiga, at natulog. At nanaginip ako.

<sup>187</sup> At nanaginip ako na nakita ko ang isang lalaki na tatay ko raw, bagamat isa siyang napakalaking lalaki. At nakita ko ang isang babaing nanay ko raw, 'yun nga lang ay hindi siya kamukha ng nanay ko. At napakasama ng lalaking ito sa asawa niyang babae. At mayroon siyang patpat na may tatlong sulok, sa kahoy na siya mismo ang nagbiyak. At gumawa ito ng isang . . . Alam n'yo na, isang putol ng kahoy, na nakapahalang sa isang troso, alam n'yo, makakagawa ka nga nitong patpat na may tatlong sulok. At sa tuwing sisimulan ng babaing ito na tumayo, hahablutin lang siya nung lalaki sa leeg at hahampasin sa ulo, at patutumbahin siya. At pagkatapos ay mahahandusay ang babae roon, at siya'y hihibik at iiyak, at pagkatapos ay magsisimula na naman siyang bumangon. Yung lalaki'y lalakad-lakad doon, na nagmamalaki, nakaliyad ang dibdib, napakalaking lalaki mismo. At kapag bumabangon na naman ang babae, hinahawakan siya nung lalaki sa leeg, at kukunin itong patpat na may tatlong sulok, at hahampasin nang malakas ang kanyang ulo gamit ito, mapapahandusay nga ang babae. Babaling dun at ililiyad nung lalaki ang kanyang dibdib, na parang may ginawa siyang malaking bagay.

<sup>188</sup> At nakatayo raw ako, na pinapanood ito. Sa isip-isip ko, "Hindi ko kayang makipagbuno sa lalaking 'yan. Masyado siyang malaki. At, tapos, tatay ko pa raw siya, pero hindi ko naman siya tatay." At sabi ko, "Wala siyang karapatang tratuhin ng ganyan ang babae." At medyo nagalit ako sa kanya. Kaya, pagkatapos, bigla-bigla, nagkaroon ako ng sapat na lakas ng loob, at nilapitan ko siya, at hinablot ko ang lalaki sa may kuwelyo at pinaharap ko siya sa akin. At sabi ko, "Wala kang karapatang saktan ang babae." At pagkasabi ko nun, lumaki ang mga masel ko. Nagmukha akong higante. Haya't napatingin 'yung lalaki sa mga masel na 'yun, at tapos natakot siya sa akin. At sabi ko, "Saktan mo pa ang babae muli, ako na ang haharapin mo." At medyo nag-alangan na ang lalaki na saktan muli ang babae. At saka na ako nagising.

<sup>189</sup> At humiga ako roon saglit. Naisip ko, "Ano kaya 'yun? Kataka-takang makapanaginip ako tungkol sa ganoong babae." At sa isang saglit pa, heto na Siya. Nakuha ko mismo ang interpretasyon.

<sup>190</sup> Kumakatawan 'yung babae sa iglesya ng mundo, ngayon,

ng buong mundo. Ipinanganak ako sa gulo na ito, at heto ako. Siya raw ay parang isang—isang ina ng...anupa't isa siyang ina ng patotot, pero sa kabila nun ay ipinanganak ako mismo rito. At ang...Ang kanyang asawa'y ang mga denominasyong namumuno sa kanya. Yung patpat na may tatlong sulok na hawak-hawak niya, 'yun 'yung trinidad na pagbabautismo sa maling mga pangalan, na, sa tuwing magsisimula siyang bumangon, ang kongregasyon, para sana tanggapin Ito, hinahampas siya nung lalaki gamit ito. At, mangyari pa nga, na sa sobrang laki nung lalaki, napabaling ako, na medyo natakot ako sa kanya. At pagkatapos ay sumugod ako sa kanya, ano't anuman, at ang mga masel na 'yun ay mga masel ng pananampalataya. Napaisip ako nun, "Kung kasama ko ang Diyos, at mabibigyan Niya ako ng masel, na ibubunsod ako na tumindig para sa babae. 'Itigil mo ang pananakit mong 'yan sa babae!"

<sup>191</sup> Alas-diyes na siguro ng umaga, noong sinusubukan ng maybahay ko na pumasok sa kuwarto ko, at nangyari ito. Pumasok ako sa isang pangitain noong umagang 'yun, at ako nga'y sa kung anong pamamaraan...Ngayon, tandaan n'yo, hindi 'yun panaginip.

<sup>192</sup> May pagkakaiba ang mga panaginip at mga pangitain. Ang panaginip ay kapag natutulog ka. Ang mga pangitain naman, kapag hindi ka natutulog. Ipinanganak tayong ganoon. Ang ordinaryong tao, kapag nananaginip siya, naroon 'yun sa kanyang pangalawang kamalayan. At 'yung kanyang pangalawang kamalayan ay malayo sa kanya. Aktibo ang mga pandama niya, habang nasa kanyang unang kamalayan siya. Sa kamalayan na ito, ikaw, haya't normal ka; nakakakita ka, may panlasa, nakakaramdam, nakakaamoy, nakakarinig. Pero kapag nasa pangalawang kamalayan ka't, natutulog, hindi ka na nakakakita, nakakalasa, nakakaramdam, nakakaamoy, o nakakarinig man. Pero mayroong bagay, kapag nananaginip ka, na bumabalik ka sa kamalayan na ito. Mayroong alaala, na naaalala mo ang isang bagay na napanaginipan mo, mga taon man ang lumipas. Ganoon 'yun sa ordinaryong tao.

<sup>193</sup> Pero kapag itinalaga ng Diyos ang isang bagay, ang pangalawang kamalayang 'yun ay hindi malayo, para sa tagakita, kundi magkasama ang dalawang kamalayan. At ang tagakita, sa isang pangitain, ay hindi natutulog. Nasa kanyang mga pandama pa rin siya, at nakikita ito.

<sup>194</sup> Ipinapaliwanag ko 'yun sa ilang doktor, noong isang araw. At tumayo sila at ang sabi, "Kahanga-hanga. Hindi nga namin naisip ang ganoong bagay." Noong sumailalim ako sa wave test, at sabi nila na ako raw ay...Wala pa raw silang nakikita na katulad nun kahit kailan. Kita n'yo? "Buweno," sabi, "may bagay na nangyayari sa'yo." At sinabi ko. Sinabi ko 'yun. Sinabi niya, "Hayan nga ito, mismo." Kita n'yo?



195 Magkalapit ang dalawang kamalayan na 'yun. Wala akong kinalaman dito, at hindi ako nito ginagawang higit kaysa kaninuman. Mangyari lamang, na ginawa ito ng Diyos na ganoon. Hindi ka natutulog. Nandito ka lang, na parang tulog. Nakatayo ka rito, na nakatanaw, nang gaya *nito*.

196 At lahat kayo'y nasaksihan n'yo na ito, sa buong mundo. Hindi ka natutulog. Nakatayo ka rito sa entablado, nakikipag-usap sa mga tao, naririnig n'yo akong pumapasok sa mga pangitain at bumabalik din mula roon. Kapag nakasakay ako sa kotse na kasama n'yo, saan mang iba pang dako, at sinasabi sa inyo ang mga bagay na mangyayari pa lang; at di kailanman 'yun nabibigo, hindi kailanman. May nakakita na bang nabigo ito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Wala."—Pat.] Wala, nga. Hindi ito maaaring mabigo. Hindi ito mabibigo, hangga't ito'y ang Diyos. Pansinin n'yo, dito mismo sa entablado, libo-libo, sa harap ng laksa-laksang tao, maging sa ibang mga wika na ni hindi ko mabigkas, hindi pa rin ito nabibigo. Kita n'yo? Ito'y ang Diyos nga!

197 Ngayon, sa pangitaing ito, o gaya ng sinasabi ko, tumatanaw ako't nakakakita ako ng kakaibang bagay.

198 Ngayon, tila ba ang maliit kong anak, na si Joseph, ay katabi ko. Kausap ko siya. Ngayon, kung pagmamasdan n'yo ang pangitain nang talagang malapitan, makikita n'yo kung bakit nakatayo roon si Joseph.

199 At tumingin ako, at may isang malaking palumpong. At sa palumpong na ito, sa isang—sa isang konstelasyon ng mga ibon, maliliit na ibon, na mga kalahating pulgada ang haba, at kalahating pulgada ang taas. Haya't mumunting mga beterano sila. Ang maliliit na balahibo'y gutay-gutay na. At may mga dalawa o tatlo ang nasa itaas na sanga, anim o walo sa kasunod na sanga, at labinglima o dalawampu sa kasunod na sanga; na pababa sa hugis ng isang piramide. At 'yung maliliit na ibon, sila'y mga maliliit na mensahero, at pagod na pagod sila. At nakamasid sila sa silangan.

200 At nasa Tucson, Arizona raw ako, sa pangitain, mangyari nga ipinaging ganoong kalinaw 'yun dahil ayaw Niyang mabigo ako na di makita kung saan 'yun. Tinatanggal ko raw ang matinik na damo na dumikit sa akin, mula sa disyerto. At sabi ko, "Ngayon, alam ko na isa itong pangitain, at alam kong nasa Tucson ako. At alam kong kumakatawan ng isang bagay ang maliliit na ibon na 'yun." At nagmamasid sila pasilangan. At bigla na lang nilang naisip na lumipad, at umalis na sila, pasilangan.

201 At pagkaalis nila, isang konstelasyon ng mas malalaking ibon ang dumating. Para silang mga kalapati, na matutulis ang pakpak, medyo kulay abo, medyo mas maliwanag nang

kaunti ang kulay kaysa rito sa unang maliliit na mensahero. At nanggagaling sila sa silangan, na matulin mismo.

<sup>202</sup> At di nagtagal pagkawala nila sa paningin ko, muli akong lumingon para tumingin sa kanluran, at doon 'yun nangyari. May isang pagsabog na talagang yumanig sa buong mundo.

<sup>203</sup> Ngayon, huwag n'yo po itong palampasin. At kayo, sa teyp, siguraduhin n'yong makukuha ito nang tama.

<sup>204</sup> Una, isang pagsabog. At sa isip-isip ko ang tunog nun ay parang sound barrier, kung ano man ang tawag n'yo rito kapag ang eroplano'y umaabot sa sound barrier na 'yun, at umaabot sa lupa ang ugong na 'yun. Talagang yumanig, parang, umungol pa nga mismo't, lahat. Tapos, marahil isa—isa—isa 'yung malakas na tunog ng kulog, at kidlat, tila ba; hindi ko lang nakita ang kidlat. Narinig ko lang 'yung malakas na putok na umalingawngaw, na parang nasa timog, mula sa kinalalagyan ko, patungong Mexico.

<sup>205</sup> Anupa't, niyanig nun ang lupa. At nang mangyari 'yun, nakatingin pa rin ako sa kanluran. At sa dako roon tungo sa Walang Hanggan, nakita ko ang isang konstelasyon ng isang bagay na paparating. Para ba itong marahil maliliit na tuldok. Marahil hindi bababa sa lima ang bilang, at hindi hihigit sa pito ang bilang. Anupa't, Sila'y nasa hugis ng isang piramide, tulad ng mga mensaherong ito na paparating. At nang mangyari 'yun, iniangat ako ng Kapangyarihan ng Makapangyarihang Diyos sa lahat upang salubungin Sila.

<sup>206</sup> At nakikita ko Ito. Hindi nga ito mawaglit sa akin. Walong araw na ang lumipas, at hindi ko pa rin ito makalimutan. Wala pa kailanman na anumang bagay na lumigalig sa akin ng ganoon. Masasabi 'yan sa inyo ng pamilya ko.

<sup>207</sup> Nakikita ko ang mga Anghel na 'yun, 'yung mga pakpak na 'yun na nakahugis palikod, na naglalakbay nang mas mabilis kaysa sa bilis na maaaring lakbayin ng ugong. Sila'y nagmula sa Walang Hanggan, na haya't sa isang iglap mismo, gaya ng isang kispap-mata. Mas mabagal pa nga ang pagkurap, siyanga't isang kispap lang, nandoon na Sila. Wala na akong oras para magbilang. Wala akong oras mismo't napatingin lang ako. Mga makapangyarihan, dakila, makapangyarihang mga Anghel, na simputi ng niyebe; sila'y may mga pakpak, at mga ulo. At sila'y, "Whew-whew!" At nang mangyari ito, inagaw ako paitaas tungo sa piramideng ito ng mga konstelasyon.

<sup>208</sup> At sa isip-isip ko, "Ngayon, ito na." Namanhid ako nang todo. At nasabi ko na lang, "Oh, grabe! Nangangahulugan ito na magkakaroon ng isang pagsabog na papatay sa akin. Nasa dulo na ako ng landas ko ngayon. Hindi ko dapat sabihin ito sa mga kapatiran ko, kapag umalis na ang pangitaing ito. Ayaw kong malaman nila ang tungkol dito. Pero, ipinaalam na sa akin ng Ama sa Langit na tapos na ang oras ko. At hindi ko sasabihin sa aking pamilya, baka mag-alala sila sa akin, 'Dahil, nakatakda

na siyang lumisan.’ At ang mga Anghel na ito’y dumating na haya’t ako ang pakay, at mamamatay na ako’t napakalapit na nun ngayon sa kung anong klaseng pagsabog.”

<sup>209</sup> Saka dumating ito sa akin, habang ako’y nasa konstelasyon na ito, “Hindi, hindi ’yun ganoon. Kung mapapatay ka nito, ay napatay na rin sana si Joseph.” At maririnig kong tinatawag ako ni Joseph.

<sup>210</sup> Buweno, pagkatapos ay lumingon ulit ako. Sa isip-isip ko, “Panginoong Diyos, ano pong ibig sabihin ng pangitain ito?” At napaisip ako.

<sup>211</sup> At pagkatapos ay dumating ito sa akin, (hindi isang tinig) basta dumating lang ’yun sa akin. “Oh! Ang mga Anghel ’yun ng Panginoon, na dumarating para ibigay ang bagong atas sa akin.” At nang maisip ko ’yun, itinaas ko ang mga kamay ko, at sinabi ko, “Oh Panginoong Jesus, ano po ang ipagagawa Mo sa akin?” At iniwan na ako ng pangitain. Halos isang oras, na hindi ako makaramdam.

<sup>212</sup> Ngayon, alam n’yo na mga kapatid kung ano ang mga pagpapala ng Panginoon. Anupa’t, ang Kapangyarihan ng Panginoon ay lubos na naiiba, ang Kapangyarihan ng Panginoon na nasa ganoong uri ng mga lugar. Naramdaman ko Ito, maraming, maraming beses na, dati, sa pangitain, pero wala pa ngang tulad nun kahit kailan. Ang pakiramdam nito’y parang takot na may pagpipitagan. Labis akong natakot hanggang sa ako’y maparalisa, sa presensya ng mga Nilalang na ito.

<sup>213</sup> Sinasabi ko po ang Katotohanan. Gaya ng sinabi ni Pablo, “Hindi ako nagsisinungaling.” Hindi n’yo pa ako nahuli kailanman na nagsasabi ng mali tungkol sa isang bagay na ganyan. May nakatakda ngang mangyari.

<sup>214</sup> Pagkatapos, pagkaraan ng ilang sandali, sabi ko, “Panginoong Jesus, kung ako ay mapapatay, ipabatid Mo sa akin, para hindi ko sasabihin sa mga kapatiran ko ang tungkol dito. Pero kung ibang bagay ito, ay ipabatid Mo po sa akin.” Pero, walang sumagot.

<sup>215</sup> Matapos akong iwan ng Espiritu, sa loob ng halos kalahating oras, sa palagay ko, o higit pa, sabi ko, “Panginoon, kung ito man, kung gayon, na mapapatay ako, at tapos Ka na sa akin sa lupa, at—at iuuwi na ako sa aking Tahanan ngayon; na, kung ganoon nga ito, mabuti pa rin po. Ayos lang po. Kaya,” Sabi ko, “kung ganoon po’y, ipabatid Mo sa akin. Ipadala Mong muli ang Iyong Kapangyarihan sa akin, nang sa gayon ay malaman ko’t hindi ko sasabihin sa aking mga kapatiran o kung kanino man ang tungkol dito, dahil nakahanda Ka nang dumating at agawin ako palayo.” At ako... At walang nangyari. At naghintay ako nang ilang sandali.

<sup>216</sup> Pagkatapos sabi ko, “Panginoong Jesus, kung hindi ganoon ang ibig sabihin nito, at nangangahulugan ito na mayroon

Kang isang bagay na ipagagawa sa akin, at ihahayag ito sa akin di-kalaunan, kung ganoon ay ipadala Mo po ang Iyong Kapangyarihan.” At kamuntik na akong tangayin Nito mula sa kuwarto!

<sup>217</sup> Natagpuan ko ang sarili ko, sa isang lugar, sa isang sulok. Naririnig ko ang asawa ko, sa kung saang dako, na sinusubukang alugin ang pinto. Nakakandado 'yung pinto sa kuwarto. At bumuklat ako ng Biblia, at ganito. . . Nagbabasa ako, hindi ko alam, pero naroon 'yun, sa tingin ko, sa ika-9 na kabanata ng Roma, sa huling talata:

*. . . Narito, inilalagay ko sa Sion ang isang batong panulok, isang batong katitisan, isang mahalagang batong panulok, at ang sumasampalataya sa kaniya'y hindi mapapahiya.*

<sup>218</sup> At naisip ko, “Kakaiba naman na mabasa ko ang ganoon.” Ang Espiritu'y bumabalot pa rin sa akin, sa kuwarto! Isinara ko ang Biblia't tumayo na.

<sup>219</sup> Pumunta ako sa may bintana. Mga alas-diyes na 'yun noon ng umaga, o lampas na. At itinaas ko ang mga kamay ko, at sabi ko, “Panginoong Diyos hindi ko nauunawaan. Kakaibang araw po ito, para sa akin. At halos wala ako sa sarili ko.”

<sup>220</sup> Sabi ko, “Panginoon, ano pong ibig sabihin nun? Hayaan Mong mabasa ko itong muli, kung Ikaw po ito.” Ngayon, para ngang bata kung tutuusin. At kinuha ko 'yung Biblia, binuklat ko. Hayun nga itong muli, sa parehong lugar, sinasabi ni Pablo sa mga Judio na sinisikap nilang. . . sinasabi sa mga Romano na sinisikap ng mga Judio na tanggapin Ito sa pamamagitan ng mga gawa, pero ito'y sa pamamagitan ng pananampalataya na sasampalatayanan natin Ito.

<sup>221</sup> Buweno, naging kamangha-manghang oras nga 'yun, mula noon. Ngayon nakikita n'yo na kung saan ako nakatindig. Hindi ko alam kung anong nangyayari. Hindi ko alam kung anong sasabihin ko.

<sup>222</sup> Pero ngayon hayaan n'yo lang ako, ngayon, mula sa sandaling ito, para sa mga susunod, na marahil labinglima, dalawampung minuto, hayaan n'yo akong subukang magsaysay ng isang bagay dito ngayon. Tandaan n'yo, ni isang beses ay di nabigo ang mga pangitaing 'yun. Ngayon tatalakayin ko ang naturang mga Kasulatan pansumandali, kung mapapansin n'yo, sa ika-10 na kabanata ng Apocalipsis. Ngayon hayaan n'yong sabihin ko ito. Kung ang pangitain ay batay mismo sa Kasulatan, maaari lamang itong bigyang-kahulugan sa pamamagitan ng Kasulatan. At pagkatapos ay gusto kong paglakipin n'yo ito.

<sup>223</sup> At, ngayon, sa inyo na mga narito, at sa inyo na nakikinig sa teyp, siguraduhin n'yong sasabihin n'yo ito sa paraan ng pagkakasabi ko rito, dahil napakadali nito marahil na mali ang pagkakaunawa tungkol dito.

224 Nagmamadali ba kayo? [Sinasabi ng kongregasyon, “Hindi.”—Pat.] Sige. Basta . . . Salamat sa pagiging tahimik lang ninyo, mainam po.

Ngayon, “Ang ikapitong anghel. . .”

225 Ngayon, mga ginoo, (gaya ng ibinigay kong pamagat dito) ito na ba ang tanda ng katapusan ng panahon? Saan na ba tayo nabubuhay? Ano nang oras ba ng araw? Tulad ng pagod na mambubuno, sa magdamag, na itinataas at pinapaandar ang orasan, para tingnan kung ano na mismo ito, sinisindihan ang ilaw. Ang dalangin ko nga’y, “Diyos, itulot Mo pong sindihan namin ang Ilaw.”

226 Nakatayo ako sa isang kakila-kilabot na lugar, kung alam n’yo lang. Tandaan n’yo, sinasabi ko sa inyo sa Pangalan ng Panginoon, sinabi ko sa inyo ang katotohanan, at may nakatakdang mangyari.

227 Hindi ko alam. Ngayon, sa inyo na nasa teyp, inyo pong unawain ito. Hindi ko alam. Susubukan ko. Kung ano ang dumating sa akin, kahapon, habang nakaupo ako sa aking silid, Hindi ko sinasabi na katotohanan ito; isang bagay lamang ito na kumikilos sa puso ko, kung saan nagpalakad-lakad ako sa sahi.

228 Pupunta ako—pupunta dapat ako, haya’t maglalaan sana ako ng kaunting panahon at lalakad kasama si Charlie, at makasama siya sa pangangaso isang araw, bago kami maghiwalay ng daan sa isa’t isa.

229 Hayaan n’yo pong sabihin ko, na, dahil lang sa pupunta ako sa kanluran, hindi ’yun nangangahulugan na iiwan ko na ang tabernakulong ito. Ito ang iglesyang ibinigay sa akin ng Panginoong Diyos. Dito ang punong-tanggapan ko. Dito ako namamalagi. Aalis ako bilang pagsunod sa isang utos na ibinigay sa akin sa pamamagitan ng pangitain. Ang anak ko, si Billy Paul, ay mananatiling sekretarya ko. Dito mismo sa simbahang ito ang opisina ko. Sa tulong ng Diyos, narito ako kapag ’yung . . . kapag tapos na ang bagay na ito, para ipangaral ang Pitong Tatak. At anumang mga teyp na gagawin ko, o anumang ibang bagay, ay gagawin ko rito mismo sa simbahang ito. At dito mismo, sa pagkakaalam ko, ay ang lugar kung saan maaari akong mangaral nang may higit na kalayaan kaysa sa magagawa ko saanmang ibang dako sa mundo, dahil may grupo ng mga tao dito na sumasampalataya, at nagugutom at nanghahawakan. At ito’y parang tahanan, para sa akin. Ito ang lugar. At kung mapapansin n’yo, iisa ang sinasabi ng mga panaginip, kita n’yo, kung saan naroon ang Pagkain.

230 Ngayon, mangyari pa, na hindi ko alam kung ano ang naghihintay sa hinaharap, pero alam ko kung Sino ang may hawak ng hinaharap. Iyon ang pinakamahalagang bagay.

231 Ngayon, Diyos, kung mali ako, patawarin Mo po ako, at pagkatapos ay itikom ang aking bibig, Panginoon, sa anumang

bagay na di magiging kalooban Mo. Ginagawa ko lang ito dahil kumikintal sa akin, Panginoon. Maunawaan nawa ng mga tao; kumikintal lamang.

<sup>232</sup> Ang dahilan kung bakit sa tingin ko'y hindi dumating kaagad ang interpretasyon, ay dahil ito'y sa pamamagitan lamang ng soberanya ng Diyos, dahil naniniwala akong nakasulat na ito rito sa Biblia para sa akin. At kaya kung nasa Kasulatan ito, ang Kasulatan lamang ang makapagbibigay-kahulugan dito. At kung totoo ito, kapatid na lalaki, kapatid na babae, hindi ko intensyon na takutin kayo, pero mas mabuting mag-ingat na tayo ngayon. Naghahanda tayo. . . May nakatakdang mangyari. At sinasabi ko ito nang may paggalang at may takot sa Diyos. At sa tingin n'yo ay nakatayo ako rito. . . At naniniwala pa nga kayo na ako'y isang propeta; hindi ko po 'yan inaangkin.

<sup>233</sup> Ang damdamin ko'y ganito. Ban-. . . Noong nakaraang taon, sabi ko, "Ako. . . Ang tanging nakita ko'y, tapos na ang rebaybal, sa mga bansa, o, sa bansang ito, siyanga." Nagbiyahe ako sa iba't ibang lugar para mag-ebanghelyo. Marami sa inyo ang sumama sa akin. Oh, ayos naman 'yun. Nagkaroon kami ng kaaya-ayang mga panahon, magagandang pagtitipon, maraming dumalo, pero hindi pa rin natumbok ang dapat.

<sup>234</sup> Ngayong taon, bibiyahe ako para sa pagmimisyon sa iba't ibang lugar. Sa lalong madaling panahon, pupunta ako sa Aprika, India, at sa buong mundo, kung magagawa ko, sa isa pang biyaheng pagmimisyon.

<sup>235</sup> Kung walang pagpapangyari, kung ganoon ay hindi ako iinom ng tubig o kakain man, at aakyat ko ang ilan sa mga matataas na bundok doon, at mananatili ako roon hanggang sa sumagot ang Diyos sa kung anumang paraan. Hindi ko kayang mabuhay nang ganito. Sadyang hindi ako makapagpatuloy.

<sup>236</sup> Maaaring ito na ang sagot dito. Hindi ko alam. "Hanggang sa baguhin Niya ako," naaalala n'yo pa ba 'yung pangitain mga tatlong linggo na ang nakalipas, "habang ako'y nakatayo sa araw, nangangaral sa kongregasyon"? Nandito kayong lahat noong nakaraang Linggo. Marami nang Linggo, kayong mga tao rito na kumukuha ng mga teyp, at—at narito noong ginagawa 'yun, haya't nauunawaan n'yo ang mga bagay na ito. Dahil, ngayon sadyang didiinan ko ang mga dakong ito, at matyagan n'yo ito. Kahit katiting mismo na bawat bahagi nun na nabanggit, ay siyanga't tumitipo mismo rito, kaya marahil ito na ang interpretasyon. Hindi ko alam. Kaya ko sinasabi, "Mga ginoo, ito na kaya 'yun?"

<sup>237</sup> Naniniwala akong "ang ikapitong anghel" ng Apocalipsis 10 ay ang mensahero ng ikapitong kapanahunan ng iglesya ng Apocalipsis 3:14. Tandaan n'yo. Ngayon hayaan n'yong basahin

ko. Tingnan n'yo kung saan ako magbabasa. Ngayon, heto ang ikapitong anghel.

*Kundi sa mga araw ng tinig ng ikapitong anghel, (ika-7 talata) pagka malapit nang siya'y humihip, kung magkagayo'y ganap na ang hiwaga ng Dios, ayon sa mabubuting balita na kaniyang isinaysay sa kaniyang mga alipin na mga propeta.*

<sup>238</sup> Ngayon, mapapansin n'yo, isa itong anghel. At ito'y ang anghel ng ikapitong kapanahunan ng iglesya, dahil ang sabi rito, ito'y “ang ikapitong anghel,” ng ikapitong kapanahunan ng iglesya. Nasumpungan mismo, kung gusto n'yong makita kung sino ang. . . kung saan naroon ang anghel, Apocalipsis 3:14, ito po'y, “Ang anghel sa iglesya ng Laodicea.”

<sup>239</sup> Ngayon, naaalala n'yo noong sinabi 'yun doon, 'yung mga anghel at ang mga kapanahunan ng iglesya. At ngayon, sa bagay na ito, dudugtong ito mismo rito sa Pitong Tatak na ating pag-uusapan sa susunod. At ang Pitong Tatak na sinisikap nating pag-usapan, pagdating nila sa panahong ito, ay ang pitong nakasulat na Tatak. At ang Pitong Tatak na ito, gaya ng nalalaman n'yo, ay ang kahayagan mismo ng pitong anghel ng pitong iglesya; pero, may pitong Tatak pa na nasa likod ng Aklat, nasa labas Ito ng Biblia. Pansinin n'yo. Dadako tayo ryan sa ilang saglit.

<sup>240</sup> Ngayon, bago ko simulan ito, baka napapagod na kayo? Baka gusto n'yong tumayo, makipagpalitan ng puwesto? [Sinabi ng kongregasyon, “Hindi.”—Pat.] Ngayon ay makinig lang po nang mabuti.

<sup>241</sup> Ang ikapitong anghel ng Apocalipsis 10:7 ay ang mensahero ng ikapitong kapanahunan ng iglesya. Kita n'yo? Ngayon masdan. “At sa mga araw. . .” Ngayon masdan n'yo rito:

*Kundi sa mga araw ng tinig ng ikapitong anghel, pagka malapit nang siya'y humihip, kung magkagayo'y ganap na ang hiwaga ng Dios, . . .*

<sup>242</sup> Ngayon, pag-ihip, ng mensaherong ito, ang ikapitong anghel dito'y nagpapatunog ng kanyang Mensahe sa iglesya ng Laodicea. Pansinin n'yo po ang kanyang uri ng Mensahe. Ngayon, hindi 'yun sa unang anghel, hindi Iyon ibinigay dun; ni sa pangalawang anghel, pangatlo, pang-apat, panglima, pang-anim. Kundi ang ikapitong anghel lang ang may ganitong uri ng Mensahe. Ano ito? Pansinin n'yo ang kanyang uri ng Mensahe, “Tatapusing ganap ang lahat ng mga hiwaga ng Diyos, na nasusulat sa Aklat.” Tinatapos ng ikapitong anghel ang lahat ng mga hiwagang naiwan na hindi pa nareresolba, sa lahat ng mga organisasyon na 'yun at mga denominasyon. Titipunin ng ikapitong anghel ang mga 'yun, at tatapusing ganap ang buong hiwaga. Iyon ang sabi ng Biblia, “Tatapusing ganap ang hiwaga ng Aklat na nasusulat.”

243 Ngayon, pansinin natin ang ilan sa mga hiwagang ito, at kung gusto n'yo pong isulat ang mga ito. Ang una po'y, kukunin ko ang sinasabi ni Scofield dito, sa Mateo 13. Kung gusto n'yong ilista ang ilan sa mga ito, kung wala kayong Biblia ni Scofield, maaari n'yong basahin kung ano 'yung palagay niya na ibig sabihin ng ilan sa mga hiwaga. Ngayon, sa ika-11 talata:

*At sumagot siya at sinabi sa kanila, Na ito'y ipinagkaloob sa inyo (sa Kanyang mga alagad), na ipinagkaloob sa inyo ang mangakaalam ng mga hiwaga ng kaharian ng langit, datapuwa't hindi sa kanila, datapuwa't hindi ipinagkaloob sa kanila.*

244 Ang mga hiwaga, narito po “ang hiwaga.” Ang hiwaga'y Kasulatan, na isang dating nakatagong Katotohanan na ngayon ay inihayag na ng Diyos, pero (haya't) nananatili pa rin na isang sobrenatural na elemento sa kabila ng kapahayagan. Ang lalong dakilang hiwaga at ang mga dakilang hiwaga ay:

245 Ang una ay, ang hiwaga ng Kaharian ng Langit. Yan ang pinag-uusapan natin ngayon. 13, Mateo 13:3 hanggang 50.

246 Ngayon, ang pangalawang hiwaga'y ang hiwaga ng pagkabalug ng Israel sa panahong ito. Roma 11:25, na kasama ang konteksto.

247 Pangatlo, ang pangatlong hiwaga ay ang hiwaga ng pagbabagong-dako ng mga banal na nabubuhay sa katapusan ng panahon ng kapanahunang ito. Unang Corinto 15, at doon din sa Mga Taga-Tesalonica 4:14 hanggang 17.

248 Ang pang-apat, hiwaga ng Iglesya ng Bagong Tipan bilang isang Katawan na binubuo ng kapwa, mga Judio at mga Gentil. Efeso 3:1 hanggang 11, Roma 16:25, at gayundin sa Efeso 6:19, Colosas 4:3.

249 Ang panglimang hiwaga ay tungkol sa Iglesya bilang Nobya ni Cristo. Efeso 5:28 hanggang 32.

250 Ang pang-anim na hiwaga ay tungkol sa Cristo na nabubuhay, na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Galacia 2:20, at Hebreo 13:8, at marami pang dako tulad n'yan.

251 Ang pampitong hiwaga ay tungkol sa Diyos, na si Cristo bilang ang kapuspunan ng pagka-Diyos sa katawang-tao, na sa Kanya'y inilagay ang lahat ng Makalangit na karunungan. . .

252 . . . at ang kabanalan ay ipinanumbalik sa tao.

253 Pang-siyam na hiwaga'y ang hiwaga ng kasamaan, na matatagpuan sa Ikalawang Mga Taga-Tesalonica, at sa iba pa.

254 Ang pangsampung hiwaga ay tungkol sa pitong bituwin ng Apocalipsis 1:20. Katatapos lang natin nun, “Ang pitong bituwin ng pitong iglesya, ang pitong mensahero,” at iba pa.

255 At ang panglabing-isang hiwaga ay ang hiwaga ng Babilonia, ang patotot. Apocalipsis 17:5 hanggang 7.



<sup>256</sup> Ilan 'yan sa mga hiwaga na dapat tapusin ng anghel na ito, lahat ng “hiwaga,” lahat ng mga hiwaga ng Diyos.

At 'yung isa pa, at nawa'y masabi ko ito nang may pagpipitagan, at hindi sarili ko ang tinutukoy ko, kundi ang Anghel ng Diyos ang matukoy:

<sup>257</sup> Ang binhi ng serpiyente, na itinagong hiwaga, sa mga taon na nagdaan.

<sup>258</sup> Ang grasya, na inilatag nang tuwid; hindi disgrasya, kundi totoo't, tunay na grasyang biyaya.

<sup>259</sup> Wala rin pong ganoong bagay na sinasabing isang Walang Hanggan, na nagniningas na impyerno. Masusunog ka marahil nang milyun-milyong taon. Pero, anumang bagay na Walang Hanggan, ay hindi kailanman nagsimula o magwawakas; at ang impyerno'y nilikha.

Haya't lahat nga ng mga hiwagang ito!

<sup>260</sup> Ang hiwaga ng bautismo ng Espiritu Santo, hindi sa batayan ng sensasyon, kundi ang Persona ni Cristo'y gumaganap sa inyo ng parehong mga gawa na Kanyang ginawa noon.

<sup>261</sup> Ang hiwaga ng bautismo sa tubig. Kung saan, dinala ito ng ekstremistang trinitarianismo sa mga titulong “Ama, Anak, Espiritu Santo.” At ang hiwaga ng pagka-Diyos ay natupad sa bautismo sa Pangalan ni “Jesus Cristo,” ayon sa Aklat ng Apocalipsis, na tatanggapin ng Iglesia sa panahong ito.

Hayan po ang ilan sa mga hiwaga.

<sup>262</sup> Nagbabalik na ang Haliging Apoy. Amen! Yan ang bagay na dapat mangyari, at nakikita na natin ito.

Oh, kaya pa nga nating magpatuloy nang magpatuloy, na magbanggit ng mga hiwaga!

<sup>263</sup> Atin mismong nakikita ang Haliging Apoy na 'yun na nanguna noon sa mga anak ni Israel, na Siya ring tumama kay Saulo noon sa kanyang daan papunta sa Damasco! At ang Siya ring darating, na may parehong Kapangyarihan, na ginagawa na mismo ang parehong mga bagay, at inihahayag ang siya ring Salita, nananatili nang Salita-sa-Salita sa Biblia!

<sup>264</sup> Ang pagtunog ng trumpeta, na ang ibig sabihin ay “Ebanghelyong” trumpeta. At ang pagtunog ng trumpeta, sa Biblia, ay nangangahulugan na, “Maghanda para sa digmaang pang-Kasulatan.” Inililista n'yo ba? Digmaang pang-Kasulatan!

<sup>265</sup> Sabi ni Pablo, kung gusto n'yo pong isulat, Unang Mga Taga-Corinto 14:8. Sabi ni Pablo, “Kung ang trumpeta'y magbigay ng di-malinaw na tunog, paano malalaman ng isang tao kung ano ang paghahandaan?” At kung wala itong tunog na batay sa Kasulatan, na isang pagpapatibay, isang—isang pagpapatunay ng Salita ng Diyos na nahayag, paano natin malalaman na tayo'y nasa huling panahon na?

266 Kung sinasabi nito na naniniwala sila na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, pero itinatanggi ang Kanyang mga tanda't kababalaghan na ang buong kaharian ng kalikasan ay sumasampalataya sa Kanya, at lahat ng Iglesya'y sumasampalataya sa Kanya sa pamamagitan nito, paano natin malalaman kung paano tayo maghahanda?

267 May isang dumating na may dalang tsart at iginuhit itong lahat; at may dumating din, na iba naman, at iginuhit ang lahat ng *ito*, na salungat sa isang *ito*. May ilang dumating at ang sabi'y *ito* na Iyon, binabalingan *ito*. At ang iba'y nagsulat ng mga libro, at mga bagay na katulad nun.

268 Pero, dumarating ang Diyos sa Kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli! At sino ang magsasalita laban Dito? Kung si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, haya't ginagawa Niya ang katulad ng ginawa Niya kahapon, ngayon, at magpakailanman. Iyon ang dapat gawin ng anghel na ito, kunin 'yung mga hiwaga, 'yung mga bagay na hindi pa nareresolba na iniwang nakatiwangwang ng mga tao.

269 Pansinin n'yo, kung nagbibigay ito ng di-tiyak na tunog, na hindi 'yun nakabatay sa kasulatan, sino ang makapaghahanda ng kanyang sarili? Pero, ang isang trumpeta, napansin n'yo ba, bawat isa sa mga kapanahunang 'yun, gaya ng sinabi ko na sa inyo tungkol sa pagpasok ng iglesya, na may pinatunog na isang trumpeta, binuksan ang isang Tatak. At ang kahulugan ng trumpeta'y digmaan. Kung hindi ito nagbibigay ng tunog na naaayon sa Kasulatan, paano na?

Pero hayaan n'yong ipaalala ko ito sa alaala n'yo. Huwag n'yo po itong palampasin ngayon.

270 Pansinin n'yo, ang bawat kapanahunan ng iglesya'y may kanya-kanyang mensahero. Alam natin 'yan. Si Pablo ang unang mensahero. At nang tumunog ang unang trumpeta, at binuksan ang unang Tatak, haya't si Pablo ang unang mensahero, gaya ng nalalaman natin, at ano ang ginawa niya? Nagdeklara ng digmaan sa (ano?) sa iglesyang Orthodox, dahil sa hindi paniniwala sa tanda ng pagka-Mesiyas na inilantad ni Jesus sa kanila. Aba, dapat sana'y napagkilala nila ito. Dapat sana'y nakilala nila Siya.

271 Tandaan n'yo, dumating si Pablo sa katapusan na ng kapanahunan. Dumarating ang lahat ng mga mensahero sa katapusan ng kapanahunan. Sa dulo ng panahon mismo, kung kailan ang mga bagay na ito ay—ay inilalantad.

272 Si Pablo, noong nalaman niya ang naturang mga Kasulatan, at nalalaman na si Jesus ay ang Mesiyas, haya't tinuligsa niya ang mga sinagogang 'yun, na nasa isang lugar at tungo sa isa pa, gamit ang mga Kasulatan, at siya'y pinalalayas sa bawat isa sa mga 'yun. Hanggang, sa wakas, pinagpag niya ang alikabok

mula sa kanyang mga paa't bumaling sa mga Gentil. Ano 'yun? Pagtunog ng trumpeta; isang anghel, mensahero, na tumatayo roon na dala ang Salita! Oh, grabe! Huwag n'yo pong palampasin 'yan ngayon. Ang Salita! At si Pablo, na dala ang di-nahaluang interpretasyon ng Salita ng Diyos, ay sinaway nang may diin ang bawat isa sa kanila na mga sinagoga. Haya't buhay niya ang naging kabayaran.

273 Tapos kung tutugaygay pa tayo papunta kay Ireneo, ang isa na 'yun, na mensahero ng sumunod na kapanahunan ng iglesya!

274 At kay San Martin, sa kasunod na kapanahunan ng iglesya, noong unti-unti nilang nakukuha ang doktrina ng mga Nicolaita, siyanga't nagsisimula na 'yung makapasok. At sinaway nila nang may diin ang kapanahunang 'yun. Sinaway ni San Martin nang may diin ang kanyang panahon.

275 At pagkatapos si Luther, ang ikalimang mensahero, sinaway rin niya nang may diin ang iglesyang Katoliko, sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. "Ang matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya," sabi niya. "At hindi *ito* ang literal na katawan ni Cristo," at itinapon niya ang komunyong sa sahig, at lumabas siya't sinaway nang may diin ang iglesyang Katoliko. Tama mismo ang pagkakatatunog ng trumpelang 'yun. Tama ba?

276 Dumating si John Wesley, sa mga araw ng iglesyang Anglican. "Aba," sabi nila, "wala nang dahilan para magkaroon pa ng mga rebaybal," at napunta ito sa pagkabulok. Pero tumayo si John Wesley, dala ang mensahe ng ikalawang pagkilos ng biyaya, ang pagpapaging banal, at sinaway niya nang may diin ang iglesyang Anglican sa pamamagitan ng isang trumpeta ng Ebanghelyo, na inihanda para sa digmaan. Ganoon nga. Ginawa niya 'yun.

277 Ngayon nasa kapanahunan na tayo ng Laodicea, kung kailan muli silang napaging-denominasyon; Methodist, Baptist, Presbyterian, Lutheran, mga Pentecostal. At naghihintay tayo para sa isang propetang darating, upang sawayin nang may diin ang kapanahunang ito, at maipanumbalik sila palayo mula sa kanilang katampalasanan.

278 Ngayon, kung ganoon ang naging kalakaran, sa pagpapatuloy ng kapanahunan, babaguhin ba ng Diyos ang Kanyang pamamalakad sa araw na ito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Hindi."—Pat.] Hindi Niya ito maaaring baguhin. Kailangan niyang panatilihin ang dati na Niyang pamamalakad.

279 At tandaan n'yo, ang mensaherong ito'y ang ikapitong anghel, at kukunin niya ang lahat ng mga hiwaga at titipunin ang mga ito. Pansinin n'yo, sasawayin ng ikapitong anghel ang Laodicea, na mayamang iglesya. "'Ako ay mayaman, nagkamit ng kayamanan, at hindi ako nangangailangan ng anuman.'" Ang

sabi niya, “Isa kang kahabag-habag na aba, maralita, bulag, hubad, at hindi mo ito nalalaman.” Iyon ang kanyang Mensahe.

<sup>280</sup> Oh Diyos, isugo Mo po sa amin ang isang propetang walang takot na may taglay na GANITO ANG SABI NG PANGINOON, nang sa gayon ang pinagtibay na Salita ng Diyos ay kikilos at magpapatunay mismo na siya’y isinugo mula sa Diyos. At pagdating niya, sasawayin niya nang may diin ang mga kapanahunang ’yun. Sigurado ’yan. Ibumunsod niya ang iglesya ng Laodicea na maging laban sa kanya. Sigurado, gagawin niya. Ganoon din ang ginawa nila sa bawat iba pang kapanahunan. Hindi ’yun magbabago maging sa kapanahunang ito. Tiyak na pareho mismo.

<sup>281</sup> Pansinin n’yo, ngayon, ang iglesya ng Laodicea. Ang mensahero (ay siyang tatapos) ng Laodicea, ang ikapitong anghel, haya’t kanyang tatapusin ang lahat ng mga hiwagang naiwaglit sa mga labanan, noon, para sa Katotohanan.

<sup>282</sup> Ibinangon noon si Luther, pero wala sa kanya noon ang lahat na Katotohanan. Pag-aaring ganap lamang ang mayroon siya. Siyanga.

<sup>283</sup> Dumating ang isa pang mensahero, na ang pangalan ay John Wesley, na dala naman ang pagpapaging banal. Haya’t wala rin siya Nun. Sabi ng Biblia. Yun ang iglesya ng Filadelfia!

<sup>284</sup> Pagkatapos ay dumating ang kapanahunan ng iglesya ng Laodicea, na dala ang bautismo ng Espiritu. Pero ginulo nila ang lahat ng Ito, at bumalik din kaagad sa pagiging pormal na katulad sa ginawa nila noon nung una.

<sup>285</sup> Gayong, “Siya’y may anyong katulad sa Alpha at Omega,” ang Kanyang kamay ay nakalahad sa *isang* dulo, at doon sa *isa* pang dulo, “ang Una at ang Huli.”

Bumaba ang Kanyang Espiritu sa Araw ng Pentecostes at pinuspos ang grupong ’yun noon.

<sup>286</sup> Pero unti-unti ’yung nauubos sa kanya, hanggang sa sumapit sa madidilim na kapanahunan. Ang Pitong Kandelorong Ginto, ang pitong kapanahunan ng iglesya, ’yung kasunod ay mas lumalayo pa sa Kanya. Yun nga’y sanli- . . . halos sanlibong taon na panahon ng kadiliman, ng iglesyang Katoliko.

<sup>287</sup> Sinimulan ni Luther na ihatid ang kasunod na liwanag, na mas malapit nang kaunti sa Salita.

Ang kasunod na liwanag, lumalapit nang lumalapit pa nang kaunti.

<sup>288</sup> Ang sumunod na liwanag, ang sa Laodicea na. Pagkatapos ay bumalik muli ito na tulad ng nangyari, noong una, napadpad mismo sa parehong gulo na kinahantungan nito noong una. Hindi n’yo ba nakikita ang ibig kong sabihin?

<sup>289</sup> Ngayon masdan n'yo. Maraming Katotohanan ang nawala na roon, (bakit?) haya't ang iba'y nakipagkompromiso kasi sa Katotohanan. Pero ang ikapitong anghel na ito'y hindi nakikipagkompromiso sa anuman. Tinitipon niya ang lahat ng mga bagay na hindi pa nareresolba't, tinitipon ang lahat ng ito. At sa kanyang pagtunog, "Ang lahat ng hiwaga ng Diyos ay ganap na matapos na." Oh! Diyos, ipadala Mo po siya. Ang lahat ng nakatagong hiwaga'y natapos na nang, siya, nang Ito'y nahayang sa kanya. Sa pamamagitan ng ano? Kung ito'y mga nakatagong hiwaga, kinakailangan mismo na ang taong 'yun ay isang propeta. At hindi ba't katatapos lang nating matalakay at nakita natin na ang propeta, na darating sa huling kapanahunan, ay yaong dakilang Elias na matagal na nating hinahanap? Dahil, ang mga hiwagang ito na itinago, sa mga teologo, ay kailangang ihayag; sa Diyos. At dumarating lamang ang Salita sa propeta. At alam natin ito. Siya ang magiging pangalawang Elias, gaya ng ipinangako. Naku, ang ganda! Ang Mensahe na kanyang—kanyang dadalhin ay yaong mga hiwaga, lahat mismo, lahat ng mga bagay na ito.

<sup>290</sup> Itong pagbabautismo natin sa tubig. Magulo mismo. Siyanga. Yung isa'y nagwiwisik; 'yung isa nama'y nagbubuhos. Ang dinadala nung isa'y "Ama, Anak, Espiritu Santo." Dinadala naman nitong isa 'yung *ganito*. Nagbabautismo ang isa nang tatlong beses, nang paharap; para, isa para sa isang Diyos na pinangalanang "Ama," isa para sa isang Diyos na pinangalanang "Anak," tapos 'yung isa pa'y para sa isang Diyos na pinangalanang "Espiritu Santo." Sabi ng isa, "Mali kayo. Kailangan niyang magbautismo nang patalikod, tatlong beses, sa *ganoong* paraan." At, oh, ang gulo!

<sup>291</sup> Pero ang buong bagay ay ganap na tinapos na, dahil iisa lamang ang Diyos, at ang Kanyang Pangalan ay Jesus Cristo. "At walang ibang Pangalan sa ilalim ng Langit na ikaliligtas ng tao." Walang kahit isang teksto ng Kasulatan, wala kahit saan man sa Biblia, kung saan ang sinuman ay nabautismuhan sa ibang paraan maliban sa Pangalan ni Jesus Cristo. Wala ni minsan sa anumang bagong Iglesya, o sa Iglesya ni Jesus Cristo, ang nagwisik, nagbuhos, o anumang iba pa. Ni minsan hindi ginamit ang seremonyang, "Binabautismuhan kita sa pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo." Mga kredo 'yan at kung anu-ano lang na bagay.

<sup>292</sup> At ang pakikipagbaka na ito para sa Katotohanan, ang mga bagay na 'yun ay naiwaglit, pero sinabi ng Diyos na muling ipapanauli ang mga 'yun sa huling araw. "Aking ipapanauli," sabi ng Panginoon. Natalakay na natin 'yun, kamakailan lang, *Ang Punongkahoy Na Nobya*. Nangangailangan ito ng isang propeta. Sinasabi ng Biblia na paririto siya. Tama. Ang Malakias 4, ay nagsasabi na paririto siya, at naniniwala tayo na darating nga siya. Hinahanap natin siya. At hinahanap natin ang kanyang

pagpapahayag, at makikita natin ang pinatotohanan mismong Salita ng Diyos.

<sup>293</sup> Iilan lang ang makakaunawa Nito. “Kung papaanong nangyari sa mga araw ni Noe, gayon din naman sa pagparito ng Anak ng tao.” Ano ba ang mga naligtas noon? Lilimang kaluluwa. . . Sa mga araw ni Lot, haya’t tatatlo lang mismo ang naligtas. Yung asawang babae’y sumama rin naman nung una, at ang kaso’y napahamak. “Gayon din ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao.” Napakakaunti ang maliligtas, na mapagsasaling-dako sa panahong ’yun; isa mismo ’yan sa mga hiwaga, ng Iglesyang ’yun na iaangat paitaas. Kung papaanong kinuha si Lot, gaya ni Lot na inilabas, palayo; si Noe’y iniangat mismo; at iaangat din paitaas ang Iglesya. Pumasok ang isa; at ang isa’y lumabas; at ang Isa’y iaangat. Kita n’yo? Ito’y eksakto mismo, ganoon na ganoon.

<sup>294</sup> Darating ang Salita. “Ang Aklat na may sulat sa loob,” ay makukumpleto na kapag itong, lahat na mga hiwagang ito’y natapos nang mahayag. Ngayon hayaan n’yong basahin ko itong muli, ngayon, para makasigurado kayo. Tingnan n’yo ngayon:

*Kundi sa mga araw ng tinig ng ikapitong anghel (ang huling anghel), pagka malapit nang siya’y humihip, kung magkagayo’y ganap na ang hiwaga ng Dios, . . .*

<sup>295</sup> Ngayon, ano ang “ang hiwaga ng Diyos,” na isa sa mga ’yun? Sabi ni Pablo, sa Unang Timoteo 3, yata ’yun, ang sabi, “Walang pagtatalo dakila ang hiwaga ng kabanalan: sapagkat ang Diyos ay nahayag sa laman (hinawakan natin Siya, nakita Siya), tinanggap sa itaas sa Kaluwalhatian, na sinaksihan ng mga Anghel, na pinatotohanan dito sa lupa.” Ang Diyos! Tunay, isa itong dakilang hiwaga, pero ang lahat ng ito’y nalutas na. Hindi “Ama, Anak, at Espiritu Santo,” na tatlong Diyos; kundi, isang Diyos sa tatlong katungkulan. Ang pagiging Ama, sa ilalim ni Moises; ang pagiging Anak, sa ilalim ni Cristo; ang Espiritu Santo, sa ilalim ng dispensasyong ito. Tatlong dispensasyon ng iisang Diyos; hindi tatlong Diyos. Ganap na tapos na ngayon ang hiwaga. Sinabi ng Biblia na dapat ay ganap na tapos na ito. Kapag ang. . .

<sup>296</sup> Nakita ko, noong isang araw, kung saan sinusubukan ng siyensiya na kontrahin ako, sa dati na nilang sinasabi, noong sinabi ko, “Sinuman na naniniwala na si Eba ay kumain ng mansanas!” Ngayon ang sabi ng kanilang siyensiya, na nakita n’yo sa pahayagan noong isang araw, doon mismo sa pinakaulo ng mga balita, “Kumain siya ng aprikot.” Kalokohan. Yun ba’y —yun ba’y makalililalang sa kanya? [Sinabi ng kongregasyon, “Hindi.”—Pat.] Tiyak nga na hindi. Kita n’yo? Sila nga’y. . . Yun ang—yun ang naisip mismo ni Cain, alam n’yo, at ganoon tuloy ang dinala niya, pero hindi tinanggap ng Diyos ang kanyang

hain. At si Abel, na matuwid, ay nahayag sa kanya, “Na dugo pala,” at dugo ang dinala niya.

Oh Diyos, talagang ang iglesyang ito at ang kapanahunan na aming kinabubuhayan!

<sup>297</sup> “Ang Aklat na may sulat sa loob” ay nakumpleto na sa panahon na ang anghel na ito’y natapos na, (ngayon unawain n’yo po sana ito), kapag natapos na ang Mensahe ng ikapitong anghel; ang hiwaga ng pagka-Diyos, ang hiwaga ng binhi ng serpiyente, lahat ng iba pang mga hiwaga ukol sa lahat ng mga bagay na ito.

<sup>298</sup> Yang sinasabi-sabi nila na Walang Hanggang pagiging-Anak. Paano Siya magiging Anak nang Magpawalang-Hanggan, gayong hindi nagpasimula o magtatapos kailanman ang Walang Hanggan; at ang isang anak ay isang bagay na ipinanganak? Papaano ’yan mapapangatuwiranan?

<sup>299</sup> Papaano magkakaroon ng Walang Hanggang impyerno, gayong nilikha ang impyerno? Ako nga’y naniniwala sa nag-aapoy na impyerno. Tunay, sinabi ’yun ng Biblia. Anupa’t, ’yun ay para pumuksa. Sabi ng Biblia, “Mapalad ang walang bahagi sa ikalawang kamatayan.” Kita n’yo? Kita n’yo, hindi kayo mapupuksa ng ikalawang kamatayan. Ang una ay sa pisikal. Ang pangalawa’y isang espirituwal na kamatayan, kapag ang lahat ay tapos na. “Ang kaluluwang nagkakasala, ang kaluluwang ’yun ay mamamatay.” Parurusahan kayo dahil sa inyong mga kasalanan, marahil daan-daang taon, libo-libong taon. Pero hindi maaaring magkaroon ng impyernong Walang Hanggan, dahil sinabi ng Biblia na ang impyerno ay nilikha. Papaano mangyayari na ito’y nilikha at magiging Walang Hanggan? Haya’t ang mayroon nga... Sabi ng Biblia, “Ang impyerno’y nilikha para sa diyablo at sa kanyang mga anghel.” At pagkatapos, kung ito’y nilikha, hindi ito maaaring maging Walang Hanggan. Dahil, ang Walang Hanggan, ang anumang Walang Hanggan, ay di kailanman nagkaroon ng simula o may wakas man.

<sup>300</sup> Yan ’yung dahilan kung bakit di tayo maaaring mamatay, dahil tayo’y umiiral kailanpaman. Bahagi tayo ng Diyos, ang supling ng Diyos, at Siya lamang ang nag-iisang Walang Hanggan. Amen. Hindi kayo maaaring mamatay gaya ng kung paanong hindi maaaring mamatay ang Diyos, dahil kayo’y Walang Hanggan, kasama Niya. Amen! Hayaan n’yo itong dumating! Hallelujah! Medyo napapagod na rin tayo sa matandang bahay-peste na ito.

<sup>301</sup> Pansinin n’yo, “Ang Aklat na isinulat,” kapag ganap na tinapos na ng anghel na ito ang lahat ng mga pagmimistryo na hindi pa nareresolba na sa labanan ay nakipagbaka sila, haya’t nakipagbaka noon si Luther, at nakipagbaka si Wesley, at nakipagbaka ang mga Pentecostal. “Ngunit may isang darating,”

ang sabi ng Biblia, “na sa mga araw ng kanyang pag-ihip, ang lahat ng mga hiwagang ito. . .” Lumihis ang oneness sa Pangalan na Jesus; lumihis naman ang trinidad sa Ama, Anak, Espiritu Santo, katulad ng ginawa nila noon sa Konseho ng Nicaea, pareho lang; pareho silang mali. Pero, ngayon, sa gitna ng daan, sa mga Kasulatan, nakalatag mismo ang Katotohanan. Nakikita n’yo na ba kung nasaan na tayo? Ang Anghel ng Panginoon!

<sup>302</sup> Pansinin n’yo ang Apocalipsis 5:1. Pakinggan n’yo ito ngayon:

*At nakita ko sa kanang kamay niyaong nakaupo sa luklukan ang isang aklat na may sulat sa loob (ang sulat ay naroon sa loob) at sa labas, na tinataakang mahigpit ng pitong tatak.*

<sup>303</sup> Ngayon, may sulat sa loob ng Aklat. Pero, ang likod ay may Pitong Tatak, sa likod Nito, na hindi nakasulat sa Aklat. Ngayon, hayan ang tagapaghayag na nagsasalita, si Juan. Ngayon, tandaan n’yo, hindi Ito nakasulat sa Aklat. “At sa mga araw ng tinig ng ikapitong anghel, ang lahat ng hiwagang ito na nakasulat sa loob ay dapat nang ganap na matapos.” Dapat naisagawa na ito, sa araw na ’yun. Ngayon nakikita n’yo ba ang ibig kong sabihin? [Sinabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Nakakasunod ba kayo sa akin? [“Amen.”] Panahon na kung ganoon para sa pitong tinig ng Apocalipsis 10 na mahayag. Kapag natapos na ang Aklat, isa na lang ang natitira, at ’yun ang pitong mahiwagang tinig ng kulog na nakasulat sa likod ng Aklat, na pinagbawalan si Juan para isulat. Hayaan n’yong basahin ko ito.

*At nakita ko ang isang anghel, malakas na anghel na nanaog na mula sa langit, na nabibihisan ng isang alapaap: at ang bahaghari ay nasa kaniyang ulo, at ang kaniyang mukha ay gaya . . . ng araw, at ang kaniyang mga paa ay tulad ng mga haliging apoy:*

*At may isang maliit na aklat na bukas sa kaniyang kamay: . . . (Kita n’yo, ngayon masdan n’yo ito). . . at itinungtong ang kaniyang kanang paa sa dagat, . . . ang kaniyang kaliwa . . . sa lupa,*

*At sumigaw ng malakas na tinig, na gaya ng leon na umaangal: at noong siya . . . pagkasigaw, ay ang pitong kulog ay umugong ng kanilang mga tinig. (Masdan.)*

*At pagkaugong ng pitong kulog ng kanilang mga tinig, ay isusulat ko sana: . . .*

<sup>304</sup> May sinabi. Hindi lang ’yun kung anu-anong ingay lang. May ipinangusap mismo. Isusulat na sana niya.

*. . . at narinig ko ang isang tinig na mula sa langit na nagsasabi, . . .*



305 Tingnan n'yo kung nasaan ang mga tinig, ang mga Kulog. Wala sa Langit; nasa lupa! Hindi umugong ang mga Kulog mula sa langit. Umugong ang mga 'yun mula sa lupa.

...at *isusulat ko sana: nang narinig ko ang isang tinig na mula sa langit, na nagsasabi, Tatakan (malaking letra na T-a-t-a-k-a-n), Tatakan mo ang mga bagay na sinalita ng pitong kulog, at huwag mong isulat.*

306 Nasa likod 'yun, kapag nakumpleto na ang isang Aklat. Hindi niya sinabi, "Sa harapang bahagi." Sinabi niya, "Sa likod," kapag natapos na Itong lahat, nakumpleto na. Pagkatapos, itong mga tinig ng Pitong Kulog ay ang tanging bagay na lang, na nakalakip sa Aklat, na hindi pa ipinahayag. Ni hindi nga ito nakasulat sa Aklat.

307 Oh, grabe! Sana'y magawa ko 'yun, na ang mga tao'y magawa nila talagang...Huwag mabibigo. Huwag, huwag kayong mabibigo. Mangyaring huwag, sa pagkakataong ito. Naghahanda na akong iwan kayo. Huwag kayong mabigo. Kung may panahon na makikinig kayo, ngayon kayo makinig!

308 Ang mga Tatak na ito'y nasa likod ng Aklat. "At sa oras na ang ikapitong anghel ay tumunog, ang lahat ng mga hiwagang nakasulat sa Aklat ay nakumpleto na." At kaagad ang Aklat, na nakabukas at may sulat sa loob, ay isinara, "Ganap na ang mga hiwaga ng Diyos." At ito ang mga hiwaga ng Diyos: ang pag-alis ng Iglesya, at lahat ng iba pang mga bagay na ito. "Tapos na ang mga hiwaga." Kapag pinatunog na ng ikapitong anghel na 'yun ang bawat hiwaga, haya't tapos na. Hayaan n'yo siya maging sino man siya, ano man ito. Hinding-hindi mabibigo ang Salita ng Diyos. At sinabi Niya:

*Kundi sa mga araw ng tinig ng ikapitong anghel, pagka malapit nang siya'y humihip, kung magkagayo'y ganap na ang hiwaga ng Dios, ayon sa mabubuting balita na kaniyang isinaysay sa kaniyang mga alipin na mga propeta.*

309 Lahat ng mga bagay na 'yun, tulad ng, oh, ang Roma'y ang—ang patotot, at lahat ng mga iglesyang Protestante, ang mga denominasyong napaging denominasyon pagkatapos niya, ay naging kanyang mga patotot. Kita n'yo? Lahat ng mga hiwagang 'yun, na sinabi ng mga propeta, ay mahahayag dito mismo sa huling oras na ito.

310 At kapag ang ikapitong anghel na ito'y lumitaw sa kapanahunan ng Laodicea at nagpasimula nang patunugin ang tunay na Trumpeta, dahil magiging salungat Ito, hindi nila Ito paniniwalaan. Tiyak na hindi nila Ito paniniwalaan. Pero, ito'y magiging isang kinasihang propeta, dahil walang paraan upang hula-hulaan lang Ito.

311 Pinipilit nawain ng mga tao ang trinidad, at sila'y inuuban na lang at nababaliw. Walang makaunawa nito. Naniniwala pa

rin silang kumain si Eba ng mansanas, at lahat ng mga bagay na tulad nun. Dahil, tradisyon ito na pinanghawakan na ng mga tao, katulad na lamang nang natagpuan ni Jesus ang iglesya.

<sup>312</sup> Subalit tiyak na isang propeta ito na pinangungunahan ng Diyos, dahil ang Salita ng Diyos ay dumarating sa kanya, na taglay ang tunay na pagpapaliwanag ng kapahayagan ni Jesus Cristo. Kaya, kung ganoon, ito—ito’y tiyak na sa ganoong paraan nga. Lingapin nawa tayo ng Diyos!

<sup>313</sup> Ngayon, “Kapag nagpapatunog na siya,” ngayon, ’yun ANG SABI NG PANGINOON. Malinaw ’yun sa atin. Kapag pinapahayag na niya ang kanyang Mensahe, nagdedeklara siya ng digmaan; tulad ng ginawa ni Pablo sa Orthodox, tulad ng ginawa ng iba pa sa kanila, tulad ni Luther, Wesley, na laban sa organisasyon. Kapag nagdeklara na siya ng digmaan, at sinasabi sa kanila, “Nagsisinungaling sila, at hindi ’yun ang Katotohanan! At dinadaya nila ang mga tao!” Kapag inihahayag na niya Iyon, hindi ka maaaring mabigo. Hindi ito mabibigo, dahil patotohanan siya ng Salita ng Diyos. Malalaman n’yo nang eksakto kung ano Ito. At kapag ginawa na niya, na siya’y magpapatunog, para tumawag palabas mula sa Babilonia, “Magsilabas kayo sa kanya, bayan ko, upang huwag kayong madamay sa kanyang mga kasalanan.” Diyos, isugo Mo siya! Huwag n’yo itong mapapalampas.

<sup>314</sup> Ngayon, “Kapag nagsimula na siyang magpatunog, matatapos na ang hiwaga.” Ngayon, pansinin n’yo, pagkatapos ay oras na para sa mga tinig ng Pitong Tatak, ng Apocalipsis 10, na ang mga ito’y mahayag. Nauunawaan n’yo ba? [Sinabing kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Kapag nakumpleto na ang lahat ng hiwaga ng Aklat! At sinabi ng Biblia, rito, na tatapusin niya ang mga hiwaga.

<sup>315</sup> Noong, nakipaglaban para sa Katotohanan ang mga kalalakihan sa ibang mga kapanahunan. Ipinaglaban nila ang pag-aaring ganap. Nagpatuloy sila nang ilang panahon. Pagpapaging banal! Ipinaglaban din nila *ito*, at ipinaglaban nila *’yun*. Ipinaglaban nila *ito*. Anong ginawa nila? Lumiko at inorganisa ito, naging ganoon din tuloy. Ang mga Pentecostal, at ’yung mga Baptist, Presbyterian, mga Lutheran, bawat isa sa kanila, ay nagawa ang parehong bagay, lumiko at nagawa ang parehong bagay.

<sup>316</sup> At ang sabi ng Biblia, sa Apocalipsis 17, ganoon ang kanilang gagawin, ng matandang inang patotot at ng kanyang mga anak na babae, “HIWAGA, BABILONIA.” Ang sabi ng Biblia, dito, na isa ’yun sa mga hiwagang ilalantad. Mga Protestante, mga patotot, “na nagkakasala ng espirituwal na pakikiapid,” pinangungunahan ang mga tao sa pamamagitan ng mga denominasyon, sa pamamagitan ng kanilang “saro ng kasamaan,” ng doktrinang gawa ng tao; at hinihila sila

palayo mula sa bukal na puno ng Dugo, kung saan malayang dumadaloy ang Kapangyarihan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat upang ihayag si Jesus Cristo. Ganoon nga. Pagkatapos, itataguyod Ito ng Diyos, at ginawa Niya mismo, at Siya'y magpapatuloy. Pero, kapag naganap na 'yun, natupad na ang Salita.

<sup>317</sup> Ngayon isa na lang ang natitira, 'yun ang Pitong Kulog, na hindi pa natin alam. At hindi ito kumukulog nang walang kabuluhan.

<sup>318</sup> Hindi gumagawa ng isang bagay ang Diyos para lamang maglaro. Tayo ang palaro-laro at kumikilos nang di pinag-iisipan, pero ang Diyos ay hindi ganoon. Lahat ng bagay sa Diyos ay "Oo" at "Hindi." Hindi Siya nanloloko-loko lang. Hindi siya nagbibiro. Tinototoo Niya ang sinabi Niya. At wala Siyang sinasabing anuman malibang may ibig sabihin 'yun, may kahulugan 'yun.

<sup>319</sup> At ang Pitong Kulog, ay nariyan mismo sa kapahayagan ni Jesus Cristo, isa Itong hiwaga. Hindi ba sinasabi ng Biblia na *Ito* ay "Ang kapahayagan ukol kay Jesus Cristo"? Aba, may kung anong nakatagong hiwaga nga, kung ganoon, ukol Dito. Hum! Ano ito? Mayroon Nito ang Pitong Kulog. Dahil, isusulat na sana ni Juan, at biglang may isang Tinig na bumaba mula sa Langit, na nagsabi, "Huwag mong isulat Ito. Kundi, tatakan Mo. Tatakan mo Ito. Ilagay mo Ito sa likuran ng Aklat." Kailangan itong mahayag. Mga hiwaga Ito.

<sup>320</sup> Ngayon, naresolba na natin ang mga bagay na ito, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na sinabi sa atin, "Hindi 'yun mga mansanas. Ito'y seksuwal na paniniig." Sinabi sa atin ang mga bagay na ito. Walang sinuman ang makatatayo sa harapan Nito. Hindi pa ako nakakita ng isang mangangaral, sa buong buhay ko, na sumang-ayon dito. Pero, tinanong ko sila.

<sup>321</sup> Alam n'yo, doon sa Chicago, nang tumayo tayo sa harapan nila, mga tatlong daan at limampung mangangaral, kayo pong mga kababaihan dito na mga taga-Chicago, nandun kayo, narinig n'yo ang tungkol dun.

<sup>322</sup> At sinabi sa akin ng Panginoon, tatlong gabi bago mismo 'yun, ang sabi, "Maghahanda sila ng isang patibong para sa iyo." Sabi, "Tumayo ka sa may bintana rito at ipapakita Ko sa iyo." Sabi, "Sina G. Carlson at—at Tommy Hicks ay makikipagkita sa iyo bukas ng umaga, gusto nilang makapag-agahan. At sabihin mo kay Tommy na manatili lang. Anupa't," sabi, "magiging ganito ang ayos nito. Sabihin mo sa kanila na hindi nila gaganapin ang pagtitipon na 'yun sa lugar na iniisip nila. Pupunta sila sa ibang lugar." Sabi, "Huwag kang matakot. Sasamahan Kita." Sapat na 'yun para sa akin.

<sup>323</sup> Kinaumagahan, dumating si G. Carlson, presidente ng Full Gospel Business Men, dumating siya, ang sabi . . . tinawag ako,

sabi, “Kapatid na Branham, gusto kong sumama sa iyo na makapag-agahan.”

<sup>324</sup> Sabi ko, “Sige.” (Sabi ko, “Abangan mo si Tommy Hicks na nandoon, din.”)

<sup>325</sup> Nagpunta kami roon sa Town And Country, tapos sabi niya, “Buweno, Kapatid na Branham,” sabi niya, “oh, isa itong . . .”

Sabi ko, “Tommy, maaari bang makahingi sa’yo ng pabor?”

“Sige lang, Kapatid na Branham.”

Sabi ko, “Naiisip ko kung maaari ka kayang magsalita para sa akin?”

Sabi niya, “Oh, hindi ko—hindi ko maaaring gawin ’yun.”

<sup>326</sup> Sabi ko, “Bakit? Ako nga’y isang mag-aaral lang sa ikapitong baitang, at akin—akin pa ngang nasasabi. . . Ang nabibigkas ko pa nga’y *empire* sa halip na *umpire*. Kita mo? Hindi ko alam kung paano magsalita sa harapan doon. At magkakaroon ng Ministerial Association of Greater Chicago. Paano ako magsasalita sa harap nila, na hamak na ikapitong baitang lang ang aking napag-aralan, Tommy? Samantalang isa kang Doktor ng Dibinidad.” Sabi ko, “Alam mo kung papaano ang sasabihin. Ako nga’y hindi.”

Sabi niya, “Kapatid na Branham, hindi ko maaaring gawin ’yun.”

<sup>327</sup> Sabi ko, “Bakit? Marami na akong nagawang pabor sa iyo.” At sinabi ko mismo ito nang sadyang diretsahan.

<sup>328</sup> At sabi ni Kapatid na Carlson, “Oh, Kapatid na Branham, hindi niya maaaring gawin ’yun.”

Sabi ko, “Bakit?”

Sabi niya, “Buweno, siya, ang—ang—ang—ang. . .”

<sup>329</sup> Sabi ko, “Alam mo kung bakit? Kung tutuusin alam mo kung bakit, pero ayaw mong sabihin sa akin. Naghanda sila ng patibong para sa akin.”

<sup>330</sup> At sabi ko, “Kapatid na Carlson, napareserba mo na ’yung silid sa hotel na ’yun, hindi ba, kung saan idinaos natin noon ’yung isa pang piging?”

“Oo.”

Sabi ko, “Hindi mo ’yun makukuha.”

<sup>331</sup> Sabi niya, “Buweno, Kapatid na Branham, nakapagdeposito na ako para dun.”

<sup>332</sup> Sabi ko, “Walang kaso kung ano nang napareserba mo. Hindi ito magaganap sa dakong ’yun. Kulay berde ang silid na ’yun. Doon tayo sa silid na kulay kape. Doon ako lalagi sa sulok. Uupo sa kanan si Dr. Mead. Mauupo ’yung itim na lalaki at ang kanyang maybahay *rito*, at *ganito-at-ganoon*. May isang lama ni

Buddha na uupo sa dulong kanan ko,” at kung paano mismo ang magiging bihis nila.

<sup>333</sup> At sabi ko, “Alam mo kung ano ito, Tommy. Ikaw... Hahamunin ako ng Greater Chicago Ministerial Association tungkol sa ‘bautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo.’ Hahamunin ako ng Greater Chicago Ministerial Association tungkol sa ‘katibayan ng Espiritu Santo,’ sa pagsasalita ng iba’t ibang wika. Hahamunin nila ako tungkol sa ‘binhi ng serpiyente,’ at sa pangangaral ng ‘biyaya.’”

<sup>334</sup> Tumingin si Tommy, at, “Kahabagan! Naku!” Sabi, “Sa palagay ko’y hindi na lang ako pupunta.”

Sabi ko, “Sige lang, pumunta ka.”

<sup>335</sup> At kinabukasan, ‘yung lalaking kumuha nung deposito, haya’t ibinalik sa kanya ‘yung deposito, at sabi, “Mayroon pala kaming orkestra. Nareserba na namin ‘yun noon pa, at nakalimutan lang namin ito at naiwala ‘yun. At kaya kailangan naming ibigay ito sa isang orkestra, at kaya hindi n’yo ito maaaring rentahan.” At pumunta kami dun sa Town And Country.

<sup>336</sup> Pagkapasok namin, noong umagang ‘yun, at naroon nga silang lahat na nakatayo roon. Nang umupo ako sa likod ng mesa doon sa likod, at naghihintay, pagkatapos nilang makapag-agahan, tiningnan ko sila sa paligid nang *paganoon*. Nag-almusal kami sa isang silid. Lumabas, naupo roon, at naroon ang Greater Ministerial Association of Chicago. Tumingin-tingin ako sa kanila. Ipinakilala ng bawat isa ang kani-kanilang sarili bilang Doktor Ph.D., L.L., Q.U.S.T., at lahat ng sari-saring ganoon. Naupo lang ako at nakinig sa kanila, hanggang sa matapos sila. At si Kapatid—Kapatid na Carlson ay tumayo. Sabi niya, “Mga ginoo. . .”

<sup>337</sup> At kilala n’yong lahat si Hank Carlson. At, hayan, tanungin n’yo siya. Buweno, mayroon din kayo nito sa teyp mismo. Kung gusto n’yong bilhin ang teyp, narito ito. Nairekord ito ng mga kalalakihan.

<sup>338</sup> Sabi niya, “Mga ginoo,” sabi niya, “ipinakilala ko sa inyo, ang kasunod, si Kapatid na Branham.” Sabi niya, “Maaaring lahat kayo’y hindi sumasang-ayon sa kanya, sa kanyang Doktrina, pero hayaan n’yong sabihin ko sa inyo ang isang bagay. Tatlong araw na ang nakalipas, nakaupo kami sa isang lugar, at kung hindi sinabi sa akin ng ginoong ito ang lahat ng nangyari ngayong umaga, hindi ako tatayo rito. Sinabi niya sa akin na pinaghahandaan n’yong lahat na kuwestiyunin siya tungkol sa kanyang Doktrina. At sinabi niya sa akin na kakailanganin kong kanselahin ‘yung isang naunang lugar, at dito nga ito idadaos. At sinabi niya sa akin nang eksakto kung saan uupo si Dr. Mead at ang mga tao rito, nang talagang eksakto, at heto nga sila.” Sabi niya, “Maaaring hindi kayo

sumang-ayon sa kanya, pero, sasabihin ko ang isang bagay, wala siyang pinangangambahan sa kung ano ang iniisip niya.”

Sabi niya, “Ngayon, Kapatid na Branham, ang karapatang magsalita ay ibibigay ko na sa iyo.”

<sup>339</sup> Sabi ko, “Bago tayo magsimula...” Binasa ko ‘yung binasa ko kaninang umaga, “Hindi ako naging masuwayin sa Makalangit na pangitain.” Sabi ko, “Ngayon ay ayusin natin ito. Ngayon, binanggit n’yong lahat ang pagiging Doktor n’yo ng Dibinidad; at narito akong nakatayo na mag-isa.” Sabi ko, “Mangyari pa, gusto n’yo akong kuwestyunin, tungkol sa bautismo sa Pangalan ni Jesus. Sisimulan muna natin doon. Gusto kong dalhin ng isa sa inyo na kalalakihan ang inyong Biblia’t tumayo rito sa tabi ko, tungkol sa anumang itinuro ko.” Sabi ko, “Tumayo kayo rito sa tabi ko, at, sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, ay pabulaanan n’yo Ito.” Naghintay ako. Walang nagsalita ng kahit ano. Sabi ko, “Hinihiling ko ang ilan sa inyo na mga kalalakihan na pumunta’t tumayo sa tabi ko.” Sabi, “Anong problema n’yo? Kung ganoon pala, ay hayaan n’yo ako, kung natatakot kayong tumayo rito sa tabi ko.”

<sup>340</sup> Hindi ako ang kinatatakutan nila; yaong Anghel nga ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Haya’t, alam nila, na kung kaya Niyang paunang sabihin sa akin. . . Mas matalino nga pala sila kaysa sa inaakala ko. Alam nilang mas mabuting pumirmi kaysa sa tumayo roon. Uh-huh. Alam n’yo, humantong na rin kayo sa mga pagkakataon, sa mga pagkakataon na ganoon, din. Anupa’t hindi nila ‘yun ginawa. Anong problema, haya’t alam nila na ito’y napakadakila, at alam nilang ito’y napakatotoo?

<sup>341</sup> Inilagay ko ito sa teyp, at sa kahit saan pa; handa akong pag-usapan ito, sa pamamaraang Cristiano, sa kaninumang kapatid. Hindi ako makikipagtalo kaninuman; pero gusto kong lumapit kayo, pabulaanan ang alinman Dito, sa pamamagitan ng Salita. Hindi sa pamamagitan ng inyong libro, siyanga; hindi sa kung ano ang sinasabi-sabi ni Dr. *Ganito-at-ganoon*, o ni Santo *Ganito-at-ganoon*. Ang gusto kong mabatid ay kung ano ang sinabi ng Diyos. Iyon ang batayan. Gusto kong malaman kung ano Iyon. Hindi nga nila ‘yun ginawa.

<sup>342</sup> Ngayon, tingnan n’yo, kapag dumating na sa panahon para sa pitong tinig. Kung ganoon ay panahon na para sa pitong tinig, kapag natapos na ang Aklat, na ang Apocalipsis 10 ay mahayag. Ngayon pansinin n’yo. Pakinggan n’yo po.

<sup>343</sup> Ngayon, hindi ko na kayo patatagalin pa. Alam kong napapagod ko na kayo, rito. Dalawampung minuto pa bago mag-alas diyos. [Sinasabi ng kongregasyon, “Hindi. Sige lang!”—Pat.] Sige’t makinig po kayong mabuti ngayon. Alam ko, sa pagkakatayo rito, at kayo naman diyan ay naghahalinhinan ng puwesto at iba pa. Ikagagalak ko kapag naayos na ang simbahan para di na natin kailangan pang magsiksikan dito.

Maaari nating gugulin ang buong araw para sa pangangaral Nito.

<sup>344</sup> Ngayon pansinin n'yo. Ngayon tandaan n'yo. Ang pitong tinig ay mga pag-ugong ng mga kulog.

Diyos, tulungan Mo po kami. Kung mali ako, Panginoon, patawarin Mo po ako.

<sup>345</sup> Tinatanong ko sa inyo. Umugong Ito na may kulog, noong umalingawngaw ang tinig na ito. Napansin n'yo ba, na, itong Pitong Tatak na kasunod ng pitong kapanahunan ng iglesya, haya't nang mabuksan ang Unang Tatak, ay may kumulog? Nabuksan ang mga Unang Tatak sa loob ng Aklat, haya't kumulog; hindi kaya itong Unang Tatak na ito sa labas ng Aklat ay mabubuksan sa ganoon ding paraan? Hindi binabago ng Diyos ang Kanyang programa. Bumuklat tayo sa Apocalipsis 6.

*At nakita ko nang buksan ng Cordero ang isa sa mga tatak, at narinig ko, na ito ay sa tunog ng isang kulog, at isa sa apat na nilalang na buhay ay nagsabi, Halika at tingnan.*

<sup>346</sup> Ngayon, hindi na nagkaroon ng isa pang kulog. “At nabuksan ang huling Tatak, nagkaroon sa Langit ng tagal na may kalahating oras na katahimikan.” Pero, noong buksan ang Unang Tatak, nagkaroon ng malakas na pag-ugong ng kulog.

<sup>347</sup> Oh, iglesya, maaari kaya? Ganun na ba tayo kalayo? Mga kaibigan, isipin n'yo. Maaari kaya. Sana hindi. Pero papaano kung ganoon nga? Ano kaya ang pagsabog na 'yun? At sa harap ng Diyos, at nitong bukas na Biblia, hindi ako nagsisinungaling. Siyanga't pagsabog, na yumanig mismo sa lupa!

<sup>348</sup> At noong ang Unang Tatak, sa pito na nabuksan sa Biblia, ay lumabas Ito, Isa lamang, pero isang malakas na pagsabog ang yumanig sa buong bagay; isang kulog. At pagkatapos kung ang mga Tatak na nasa likurang bahagi ay magbubukas, hindi ba't ito'y nararapat lamang na isang kulog din? Hindi ko po alam. Hindi ko masabi.

<sup>349</sup> Mayroong kulog, ang Unang Tatak, at ang Tatak ay isang kulog. Binuksan ang Trumpeta sa oras na 'yun. At pinatunog ang Trumpeta noong Pentecostes, siyanga. Sige't hindi na ako dadako roon.

<sup>350</sup> Ngayon, kung ang pangitain ay ayon mismo sa Kasulatan; ang pangitain na sinasabi ko, na nakita ko noong Sabado ng umaga. Isang linggo na ang nakalipas, ngayon. Kung, ngayon tandaan n'yo rito, kung batay sa Kasulatan ang pangitain, nararapat lamang na ito'y ipaliwanag sa pamamagitan ng Kasulatan, o isang pagpapatuloy ng parehong Kasulatan. [Tumigil pansumandali si Kapatid na Branham—Pat.] Hinihintay ko lang, na tumimo 'yun nang husto. Kung. . .

351 Itong nakita ko, kung ano ito, hindi ko alam, pero ako'y takot na takot. Tayo ba'y wala na? Nasa dulo na ba tayo? Alalahanin n'yo, sinabi ng Anghel na ito, nang mangyari ito, Siya'y nanumpa, "Hindi na magluluwat pa ang panahon." Iniisip ko kung nauunawaan ba talaga natin ang isang ito.

352 Sasabihin n'yo, "Buweno, mukhang sasambulat ito hanggang sa kabi-..." Kapatid, darating Siya sa minuto kung kailan hindi mo iniisip. Maririnig mo Ito sa huli mong pagkakataon.

353 Ngayon ay malinaw na ba Ito? Noong mabuksan ang Unang Tatak, itong mga Tatak na nasa loob ng Aklat, ang mga hiwagang ito na ipinahayag: pag-aaring ganap, pagpapaging banal, Romano Katolikong iglesya, mga Protestante! At noong iwan ng lahat ng kanilang maliliit na pakikibaka't mga bagay-bagay itong mga bagay na hindi pa nareresolba sa Salita ng Diyos, dumating ang ikapitong anghel at tinipon ang lahat ng ito at ipinaliwanag 'yung mga 'yun. Kita n'yo? At pagkatapos, na natapos siya, ang Pitong Kulog ay nagsalita.

354 Nang akmang isusulat na sana ni Juan, ang sabi, "Huwag mong isulat Ito. Kundi, tatakan mo Ito."

355 "At nabuksan ang Unang Tatak," ng mga Tatak na nasa loob ng Aklat, bumukas Ito na may kasamang kulog. Uh!

356 Kung ito'y Kasulatan, nararapat lamang na ito'y... Kung ang anumang Kasulatan ay...Anumang bagay na ipinagpapalagay na mula raw sa Biblia...

357 Katulad na lang dito, na hindi n'yo maaaring ipilit sa akin na sabihin na may ganoong bagay na tulad ng "purgatoryo" at mga bagay na tulad nun. Walang Kasulatan sa Biblia ang sumusuporta roon. Hindi n'yo maaaring ipilit na sabihin sa akin ang tungkol sa mga bagay na ito, tulad na lang nung aklat ng mga Macabeo, na marahil ayos lang... "At 'yung ikaapat na Aklat ni Daniel daw, kung saan hinablot daw siya ng isang Anghel sa buhok ng kanyang ulo, at ang sabi... pinaupo siya." Walang ganoong bagay na tulad nun na naganap kailanman sa Biblia, kung saan daw, "Gumawa si Jesus na taga-Nazaret ng isang munting ibon na gawa sa putik, at kinabitan 'yun ng mga paa, na ang sabi pa raw, 'Whew! Lumipad ka palayo, munting ibon,'" haya't kalokohan 'yan. Walang anumang sa Biblia para suportahan 'yan. Kaya hindi nito madadaya... Ang—ang mga tagapagsalin, sinigurado ng Diyos na hindi kailanman idaragdag ng mga tagapagsalin ang ganoong mga dogma't walang kapararakang bagay. Marahil mabubuting tao, 'yung mga magkapatid na Macabeo. Sila'y ganon marahil. Hindi ko sinasabing hindi sila mabubuting tao. Pero hindi ito batay sa Kasulatan.

358 *Ito* ang kumpletong kapahayagan ni Jesus Cristo. "Walang maaaring idagdag Dito o ibawas man Dito." At kung ilalagay



naman natin 'yan Doon, haya't hindi ito umaagapay na lumalaki sa iba pang Kasulatan. Mayroong animnapu't anim na Aklat sa Bibliang ito, at wala ni isang Salita ang sumasalungat sa Isa pa.

<sup>359</sup> At pagkatapos, kung ito ang pagpapatuloy, para sa pagtunog nitong mga huling trumpeta, o nitong huling Pitong Kulog na ihahayag, ang mga hiwaga, ang huling mga Tatak, kailangan na Ito'y humamon, o humambing, sa iba pang Kasulatan. At kung Yaong mga nauuna roon ay nabuksan sa pamamagitan ng ugong ng kulog, Yaong mga pangalawa, ay ganoon din, na naroon sa likod. Tingnan n'yo kung ano ang mangyayari. Kung ang pangitain nga'y Kasulatan, kung ganoon ay marapat lamang na bibigyang-kahulugan ito sa pamamagitan ng Kasulatan, o isang pagpapatuloy ng parehong Kasulatan.

<sup>360</sup> Pansinin n'yo, ang Apocalipsis, 3 at 4, "Pitong Kulog." Pitong Kulog, at pagkatapos ay pansinin n'yo, ang 3 at 4, at pagkatapos (ano?) isang panunumpa mula sa makapangyarihang Anghel na 'yun, na, "Tapos na ang panahon." Noong ang mga Kulog na ito, kita n'yo, ay nagpatunog ng kanilang mga tinig, pagkatapos nga'y ang Anghel. . .

<sup>361</sup> Isipin n'yo mismo! "Isang Anghel, na nababalot ng isang ulap, at may tipan ng bahaghari sa ibabaw ng Kanyang ulo." Hayan nga, alam n'yo mismo kung Sino 'yan. "Inilagay ang isang paa sa lupa, at sa dagat, at itinaas ang Kanyang kamay at sumumpa, na, 'Noong pinatunog ng Pitong Kulog na 'yun ang kanilang mga tinig,' na, 'hindi na magluluwat pa ang panahon.'"

<sup>362</sup> At kung ang ministryo ng mga hiwaga ng Diyos ay natapos na, papaano kung 'yun na 'yung pitong hiwaga na paparating? At heto't isang hamak, na maliit na iglesya lang tulad dito sa atin, na ang Makapangyarihan sa lahat ay dumating at pinahalagahan ang mababang kalagayan ng Kanyang mga hirang! Sasabihin n'yo, "Ano? Sa palagay ko hindi maaari." Marahil hindi nga. Pero papaano kung ito na nga? Kung ganoon mauubos na ang oras. Naisip n'yo ba? Maging seryoso na. Maaaring mas huli na kaysa sa inaakala natin.

<sup>363</sup> Ang mga bituwin na ito'y pumupuwesto na sa kanilang konstelasyon sa dako roon! Dumating ang Anghel na 'yun, at sinabi, "Kung papaanong ipinadala si Juan noon para tapusin ang Lumang Tipan at upang simulan ang pagpapakilala kay Cristo, isang Mensahe rin ang tatapos sa mga bagay na hindi pa nareresolba at magpapakilala sa Mesiyas bago mismo ang Kanyang Pagparito, ang Mensahe ng mga huling araw."

<sup>364</sup> Pansinin n'yo, ang makapangyarihang Anghel ay nanumpa, ng isang panunumpa, na, "Hindi na magluluwat ang panahon."

<sup>365</sup> Ngayon, ayaw ko kayong patagalin. Bulayin n'yo lamang ito, pansumandali ngayon.

<sup>366</sup> Ngayon makinig. Bumaba ang Anghel na ito mula sa Langit. Kita n'yo? Yung iba, 'yung pitong anghel ng pitong iglesya, ay mga mensahero na nasa lupa. Pero ang Anghel na ito. . . Tapos nang lahat ang Mensahe; tinapos na ng ikapitong anghel ang buong bagay. At hindi tutungo ang Anghel na ito sa lupa; hindi Siya isang tao na taga-lupa, gaya ng mga mensahero sa mga kapanahunan ng iglesya; tapos na 'yun. Pero, ang Anghel na ito'y may kasunod na pabatid na dala. At ang ibig sabihin ng isang *anghel* ay isang "mensahero." At bumaba Siya mula sa Langit, na nababalot sa Haliging Liwanag na 'yun, Ulap, na may bahaghari sa ibabaw ng Kanyang ulo. At ang bahaghari'y isang tipan. Si Cristo 'yun, "Na nakatungtong ang isang paa sa lupa, at ang isa sa dagat, at nanumpa, na, 'Hindi na magluluwat ang panahon.'"

Nasaan na tayo, mga ginoo? Tungkol saan ba ang lahat ng ito? Tinatanong ko kayo.

<sup>367</sup> Ang ibang mga anghel ay mga mensahero, mga kalalakihan sila na nasa lupa. Pero ang Angel na ito. . . Ang mga ito, na sinasabing, "Sa anghel ng iglesya ng Laodicea," "Sa anghel ng iglesya ng Efeso," mga mensahero sila na nasa lupa; kita n'yo, kalalakihan, mga mensahero, mga propeta, at iba pa, sa iglesya.

<sup>368</sup> Pero, ang Isang ito'y hindi nagmula sa lupa. Bumaba Siya mula sa Langit, dahil tapos na ang lahat ng hiwaga. At nang matapos ang hiwaga, sinabi ng Anghel na 'yun, "Hindi na magluluwat ang panahon," at pinatunog ng Pitong Kulog ang kanilang mga tinig.

<sup>369</sup> Papaano kung isa itong bagay upang ipaalam sa atin kung papaano pumasok sa Pananampalatayang Makapag-aagaw? Ano kaya? Makakatakbo na kaya tayo, makalulundag sa mga pader? At mayroon bang isang nakatakda nang mangyari, at itong mga matanda't, pumangit, na maruming katawan ay babaguhin? Maaari ba akong mabuhay upang makita ito, Oh Panginoon? Napakalapit na ba nito na masaksihan ko ito? Ito na ba ang henerasyon na 'yun? Mga ginoo, mga kapatid ko, anong panahon na? Nasaan na tayo?

<sup>370</sup> Tingnan natin ang orasan, ang kalendaryo, para makita kung anong petsa na tayo nabubuhay. Ang Israel ay nasa Palestina na, sa kanyang sariling bayan. Ang watawat, ang bituwin ni David na may anim na tulis (dalawang libong taon na ang nakalilipas, siyanga, halos dalawampu't limang daang taon na ang nakalilipas), ang pinakamatandang watawat, ay wumawagayway na. Bumalik na ang Israel sa kanyang sariling bayan. "Kapag umusbong na ang puno ng igos, hindi mamamatay ang salinlahing ito, hindi magwawakas, lilipas, hanggang sa maganap ang lahat ng mga bagay na ito."

Mga bansa'y nagkakasira, ang Israel ay nagigising na,

Mga tandang inihula ng mga propeta;  
 Mga araw ng Gentil ay bilang na, punung-  
 puno ng pagkabalisa;  
 “Magbalik na, Oh mga nangalat, sa sariling  
 lupa.”

Ang araw ng pagkatubos ay malapit na,  
 Puso ng mga tao’y lupaypay na sa takot;  
 Tiyaking puspos ng Espiritu ng Diyos, na  
 inyong mga ilawa’y pinag-igi pinag-ilaw,  
 Tumingala! Ang inyong pagkatubos ay malapit  
 na.

Mga bulaang propeta’y sinungaling,  
 Katotohanan ng Diyos itinatanggi,  
 Na si Jesus Cristo ay ang Diyos nga natin;

Alam n’yong Yan ang Katotohanan! Siyanga.

Subalit tayo’y lalakad sa tinahak na daan ng  
 mga alagad.

Sapagkat ang araw ng pagkatubos ay malapit  
 na,  
 Puso ng mga tao’y lupaypay na sa takot;  
 Tiyaking puspos ng Espiritu ng Diyos, na  
 inyong mga ilawa’y pinag-igi pinag-ilaw,  
 Tumingala! Ang inyong pagkatubos ay malapit  
 na.

<sup>371</sup> Maaari ngang mas malapit na kaysa sa iniisip n’yo. Natakot nga ako nito. Oh, hindi pa sapat ang nagawa ko. Nasaan na nga ba tayo?

<sup>372</sup> “Hindi na magluluwat ang panahon.” Prinoproklama niyang tapos na ang panahon. Anong mangyayari? Anong mangyayari? Maaari kayang ngayon na ’yun, mga kapatid? Isipin n’yong mabuti. Kung oo, pinatungan na ng Pitong Kulog ang piramide kung ganoon.

<sup>373</sup> Naaalala n’yo ba ’yung Mensahe ng piramide? Ito ’yung Batong Pang-ibabaw. Ano ang ginawa Nito? Pinangibabawan ng Espiritu Santo ang indibiduwal at tinatakan ito, noong idinagdag natin sa ating pananampalataya; ang katuwiran, at kabanalan, at pananampalataya, at iba pa, at patuloy na dinagdagan ito hanggang sa nagkaroon tayo ng pitong bagay. At ang ikapito ay pag-ibig, ang Diyos na. Ganyan Niya hinuhubog ang indibiduwal, at pinangingibabawan siya’t tinatatakan ng Espiritu Santo.

<sup>374</sup> Pagkatapos, yamang ganoon, haya’t mayroon Siyang pitong kapanahunan ng iglesya, na Siya’y may pitong hiwaga na pinatunog na, at ipinagbaka nila ito, para maibalik. At ngayon ay dumating na ang Pangunahing Bato, upang pangibabawan

ang Iglesia. Iyon ba ang ibig sabihin ng mga Kulog, mga kapatid? Mga ginoo, nandoon na ba tayo?

375 Junie, gusto kong banggitin ang panaginip mo. Tingnan n'yo. Si Junior, bago pa man maipangaral ang piramide, ilang buwan bago ito, ay nakita na ang panaginip na ito.

Sasabihin n'yo, "Ano namang mayroon sa isang panaginip?"

376 Nanaginip noon si Nabucodonosor ng isang panaginip na binigyang-kahulugan ni Daniel, na sinaysay ang simula ng panahon ng Gentil at kung kailan ito lilipas. At natupad ito nang eksakto sa ganoong paraan. Wala ni isang katiting ang nabigo.

377 Napansin n'yo ba? Ang sulat na 'yung. . . ay nasa mga bato, binigyang-kahulugan ko Ito para sa kanila. Sila raw ay nagalak. Iyon ang "hiwaga ng Diyos" na hindi mauna-unawaan, sa loob ng maraming taon. Iyon na kaya ito?

378 At pagkatapos ay pansinin n'yo. Sa kung anong mahiwagang paraan, kinuha raw namin, mula sa himpapawid, ang isang matalim na kasangkapan na nagbukas nung tuktok nun. At doon ay may puting granito, pero hindi Ito binigyang-kahulugan. Walang mga letra. Hindi ko Iyon binigyan ng kahulugan, Junior. Tiningnan ko lang Ito, at sinabi sa mga kapatid, "Tingnan n'yo Ito." At natupad na 'yun, ngayong gabi.

379 At habang pinag-aaralan nila Iyon, biglang umalis ako pakanluran. Para saan? Siguro para maintindihan ang kahulugan ng nakasulat sa itaas Nito. Maaari kaya?

380 At Yaong, mga pagsabog, noong isang umaga, na yumanig sa akin hanggang sa ako'y umangat sa hangin, sa taas na kasing taas ng gusaling ito, sa konstelasyon na 'yun ng mga Anghel, pitong Anghel sa porma ng isang piramide. Iyon na kaya 'yung mga Kulog na paparating? Maaari kaya?

381 Binigyang-kahulugan ang lahat ng ito. Ayon sa kanyang panaginip, natapos nang lahat ito. Ayon sa Salita ng Diyos, tatapusin ng ikapitong mensahero, matatapos ang ikapitong Mensaha, at pagkatapos ay 'yung Pitong Kulog na. At nakita niyang gumulong ang batong pang-ibabaw roon.

382 Na, hindi nga nalalaman ng maraming tao na mayroong Pitong Tatak na ihahayag. Nabasa ko na ang maraming libro ng mga tao tungkol sa Apocalipsis, hindi ko pa narinig na pinag-uusapan Ito. Nilalaktawan nila 'yun. Pero nasabi na sa inyo na naroon nga Ito.

383 Hindi ko alam kung ano ito. Maaaring 'yun na kaya 'yun? Kahabagan nawa tayo ng Diyos! Kung oo, nasa seryosong panahon na tayo. Ngayon, sandali lang, tingnan n'yo po. Kung ganon mismo, haya't tapos na ang hiwaga, na isinulat sa mga batong ito.

384 Nagagalak akong makaupo sa isang simbahan kasama ang mga banal na taong mapagkakalooban ng Diyos ng panaginip.

Nagagalak akong ipakilala sa mga kalalakihan at kababaihang ito na dumadalo sa simbahan ni Junior, at sa simbahang ito, kina Kapatid na Neville, at sa kanila, na may mga taong nakaupo sa kongregasyong ito, na haya't sinabi ng Biblia, "Sila'y mananaginip ng mga panaginip sa mga huling araw." At heto na 'yun. At tingnan n'yo ito, tumutugma ito sa Salita.

<sup>385</sup> Gayong walang nalalaman tungkol dito, nagkaroon nga ng isang pagsabog, at naritong dumating ang pitong Anghel mula sa Walang Hanggan. Sabi ko, "Panginoon, ano pong gusto Mong ipagawa sa akin?" Hindi sinabi. Baka kailangan kong pumunta, muna, para malaman ko. Hindi ko alam. Maaaring hindi rin 'yun. Hindi ko po alam. Sinasabi ko lang, "Papaano kung ito na 'yun?" Kung ito'y batay sa Kasulatan, mistula ngang napakalapit na nito rito. Hindi ba't 'yun din ang iniisip n'yo?

<sup>386</sup> Tingnan n'yo. Pagkatapos, tingnan n'yo, hindi binigyang-kahulugan ang batong-panakip. Kita n'yo? "Pumunta ka sa kanluran, at bumalik ka." O, ito kaya, na itong pitong Anghel sa konstelasyon na ito ang pumunta sa akin?

<sup>387</sup> At kapag nagkita tayo sa Araw ng pagkabuhay na mag-uli, makikita n'yo na hindi ako nagsisinungaling; ang Diyos, ang aking Hukom.

<sup>388</sup> O, ito na ba ang pangalawang rurok na tinalakay ko noong isang araw? Tungkol ba ito sa isang bagay na paparating para sa Iglesia? Hindi ko alam. Maaari akong manatili roon nang kaunti, pero ituloy ko na lang.

<sup>389</sup> Maaari kayang 'yun na 'yun mismo, ang malakas na kulog, o ang ikapitong Anghel sa pito, na nasa konstelasyon, sa ikapitong-yugto na konstelasyon, na ang kanilang piramide'y naiporma sa isang anyo (na tatlo sa isang gilid, at isa sa itaas), at bumaba sila mula sa Walang Hanggan? Maaari kaya?

<sup>390</sup> Ito na kaya ang hiwaga, ng mga Kulog, na magbabalik sa Pangunahing Bato? Alam n'yo, hindi kailanman nalagyan ng panakip ang piramide. Darating pa lang ang Pangunahing Bato. Ito'y tinanggihan. Maaari kaya, mga kapatid na lalaki, mga kapatid na babae?

<sup>391</sup> O, ito na kaya 'yung Ikatlong Hatak na sinabi Niya sa akin, tatlo o apat na taon na ang nakalipas?

<sup>392</sup> Ang Unang Hatak, naaalala n'yo ba ang nangyari? Sinikap kong ipaliwanag Ito. Sinabi Niya, "Huwag mong gawin 'yan."

<sup>393</sup> Ang Ikalawang Hatak, sabi Niya, "Huwag mong subukan." At humatak pa rin ako, ano't anuman. Naaalala n'yo? Haya't naaalala n'yong lahat. Nasa teyp po ito't lahat.

<sup>394</sup> At pagkatapos ay sinabi Niya, "Ngayon ay may darating na Ikatlong Hatak, pero huwag mong subukang ipaliwanag Ito." Napapansin n'yo ba kung papaano ko sinimulang talakayin Ito, ngayong gabi? Hindi ko alam. Pero, pakiramdam ko'y may

tungkulin ako, sa aking iglesya, na magsabi ng isang bagay. Kayo na ang magpasya ng sarili n'yong konklusyon.

<sup>395</sup> Ngayon, ito na kaya ang hiwaga na magbubukas, na magdadala kay Cristo, na magdadala ng Kapangyarihan sa Iglesia? Kita n'yo? Atin nang. . .

<sup>396</sup> Naniniwala tayo sa pagsisisi, pagpapabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo. Naniniwala tayo sa pagtanggap ng Espiritu Santo. Mayroon tayong mga tanda, mga kababalaghan, mga himala, pagsasalita sa iba't ibang wika, at mga bagay na taglay noon ng unang Iglesia. At, sa totoo lang, mas marami pang nagawa, rito mismo, kaysa sa nakasulat sa Aklat ng Mga Gawa, sa isang maliit lang na grupong ito ng mga tao, dito sa munting pagmiminsteryo natin dito. Paano pa kaya kung isasama 'yung sa buong mundo? Kita n'yo? Higit pa sa nakasulat sa Aklat ng Mga Gawa, parehong uri! Ang pagbabangon ng mga patay! Alalahanin n'yo, tatlong tao lamang ang binuhay, sa mga patay, ni Jesus Cristo. At mayroon tayong nakatala, na rekord ng mga doktor, na lima. Kita n'yo?

<sup>397</sup> “Ang mga gawang Aking ginagawa, mas marami pa rito ang gagawin ninyo.” Alam kong sinasabi ng King James “lalong dakila,” ngunit wala ka nang magagawang lalong dakila. Kaya't mas marami pa! Siya'y nasa isang Persona noon; Siya'y nasa buong Iglesia ngayon. Kita n'yo? “Mas marami pa rito ang gagawin n'yo, sapagkat Ako'y dadako na sa Aking Ama.”

<sup>398</sup> Kung ito ang Ikatlong Hatak, kung ganoon mayroong isang dakilang pagmiminsteryo na nakaabang. Hindi ko alam. Hindi ko masabi. Hindi ko—hindi ko alam.

<sup>399</sup> Matyagan n'yo. Ikatlong Hatak, tumigil tayo riyon, pansumandali. Sa pangitain, ang unang mga lumipad ay maliliit na mensaherong ibon; 'yun po'y noong nagpapasimula pa lamang tayo. Siyanga't lumago ito, mula sa paghawak lamang sa kamay ng isang tao.

<sup>400</sup> At naaalala n'yo ba ang sinabi Niya sa akin? “Kung magiging tapat ka, mangyayaring matatalos mo ang mismong lihim ng kanilang puso.” Ilan ang nakakaalala na inanunsyo pa nga 'yun dito, at sa iba't ibang bansa? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] At nangyari ba ito? [“Amen.”] Mismo. Pagkatapos ay sinabi, “Huwag kang matakot. Sasamahan Kita.” Kita n'yo? At ito'y magpapatuloy.

<sup>401</sup> Ngayon, ang Unang Hatak ay 'yung maliliit, na mumunting ibon; 'yung mga paglipad. Nagpatuloy sila upang salubungin ang oras, salubungin ang Pagdating ng Panginoon; ang unang Mensahe.

<sup>402</sup> Yung Ikalawang pagkakataon, ay 'yung mga lihim ng puso. Mula sa paghawak sa kamay ng isang tao, at nakatayo lang doon at sinasabi kung anong mayroon sila; 'yung sa sumunod na'y, inihayag nito ang kanilang mga kasalanan at sinasabi sa

kanila kung ano ang gagawin. At ma- . . . Tama ba? [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Pagkatapos, nangyayari ’yun, nang ganap mismo, gaya ng sinabi ng Diyos. At kayo’y mga saksi, at gayundin ang mundo, gayundin ang iglesia.

<sup>403</sup> Noong sinabi ko, “Nakita ko ang isang Anghel, at Ito’y isang esmeraldang Apoy, na nagniningas,” nagtawanan ang mga tao’t ang sabi, “Billy, gumising ka nga.” Kinuhanan Ito ng mahiwagang siyentipikong mata ng kamera. Hindi ako nagsisinungaling. Sinasabi ko lang mismo ang Katotohanan: na talagang pinatunayan ng Diyos.

<sup>404</sup> Sabi ko, “Nababalot ng dilim; ito’y kamatayan, itim. At *Ito* nama’y puti. Ang isa’y Buhay, ang isa’y kamatayan.” At nariyan Ito, sa litrato *diyan* sa likod. Sa . . .

<sup>405</sup> Tulad ng sinabi ni George J. Lacy—Lacy, “Hindi kukunan ng mekanikal na mata ng kamerang ito ang sikolohiya.” Nasusundan n’yo ba ako? [Sinasiabi ng mga kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

<sup>406</sup> Pansinin n’yo, ang unang munting paglipad; kamay. Ang ikalawa’y higit, mas maputi, mga kalapati; ang Espiritu Santo na naghahayag ng mga lihim ng puso. At ang ikatlong paglipad ay Mga Anghel (hindi na mga ibon), Mga Anghel; at ’yun na ang katapusan ng panahon, ’yun nang lahat ito. Ito na kaya ang panahon, kapatid? Ito na ba ang oras?

<sup>407</sup> Ngayon makinig kayong mabuti, at huwag magkamali ng pang-unawa rito. May gusto akong itanong sa inyo.

<sup>408</sup> Bumalik tayo sandali. Alam ng iglesia na ito ang katotohanan. Alam ng siyentipikong mundo na ito ang katotohanan. At nakaupo rito ’yung mga tao, ngayong gabi, at marami pang nabubuhay, na nakatayo rito sa ilog noong saysayin ’yun ng Tinig na ’yun, at ang sabi’y, “Kung papaanong isinugo si Juan na may mensahe ng unang pagparito, gayundin naman ang ikalawang Mensaheng ito, para sa ikalawang Pagparito.” Naaalala n’yo ba? [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

<sup>409</sup> At noong matapos na Ito, anong ginawa ni Juan? Si Juan ang nagsabi, “Tingnan n’yo, hayun ang Cordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan. Siya na ’yun.” Ang oras ba’y, dumating na, mga kapatid ko? Hindi ko sinasabing dumating na ito. Hindi ko alam. Pero, tinatanong ko kayo. Gusto kong bulayin n’yo. O, ito na ba ang panahon kung kailan mangyayari itong muli, “Narito ang Cordero ng Diyos”?

<sup>410</sup> O, ang panahon na kaya ito ng Malakias 4, “Upang ibaling pabalik ang mga puso ng mga anak patungo sa Pananampalataya ng ating mga magulang”? Magiging napakalakas kayang pagsabog ito na—na magbubunsod ng gayong makapangyarihang mga bagay, hanggang sa maihanda na mismo nito ang Iglesia, na haya’t dumadalusdos at di

maunawaan ang mga hiwaga ng Diyos, at iba pa? Kapag makikita na nila ang pagdaluyong ng malakas na pagsabog na 'yun, ibabaling ba nito pabalik ang kanilang mga puso patungo sa Ama, gaya ng sinabi ng Biblia na gagawin mismo nito? O, 'yung Mensahe kaya, na nakaraan na, na siyang dapat nagbunsod nito? Hindi ko alam.

<sup>411</sup> Ito na po ang tanda ng katapusan ng panahon. O, ito ba ang tanda na ito'y tapos na? Siyanga't nakabatay nang husto sa Kasulatan ang dating nito, sa akin. Hindi ko alam. Nandun sila na mga Anghel. May isang pagsabog, tulad ng isang kulog, na yumanig sa buong lupa. Alam ng Diyos na totoo ang sinasabi ko.

<sup>412</sup> Tandaan n'yo mismo, may nagbabadyang mangyari. Hindi ko alam kung ano ito. Pero maaari kayang ito na 'yun? Ang dahilan kung bakit ko ito sinasabi, ay para ihanda n'yo na ang mga sarili n'yo! Manalangin po tayong, (paano na pananalangin?) kunin natin ang ating posisyon sa hukbo ng Kanyang mga mananampalataya, at ihanda ang ating sarili, dahil maaaring huli na kaysa sa iniisip natin.

<sup>413</sup> Kilala n'yo ako, at hindi pa ako nagsabi sa inyo ng kasinungalingan, sa abot ng nalalaman ko. At gaya ng sinabi ni Samuel sa kanila, "May sinabi na ba ako sa inyo na anumang bagay, sa Pangalan ng Panginoon, kundi mga bagay na talagang nangyayari?" Ngayon, sinasabi ko sa inyo ngayon. Hindi ko alam kung ano ito. Hindi ko masabi kung ano ito. Hindi ko alam. Pero, sasabihin ko sa iyo ang Katotohanan. Natatakot ako. Bilang kapatid n'yo, natatakot ako simula pa noong nakaraang Sabado.

<sup>414</sup> Maaaring ito na ang katapusan ng panahon. Maaaring oras na para ang mga bahaghari'y magpakita na sa lapad ng kalangitan, at magkaroon ng isang pabatid mula sa kalangitan, na nagsasabi, "Wala nang oras." Kung ganon nga, ay ihanda na natin ang ating mga sarili, mga kaibigan, para katagpuin ang ating Diyos. Marami nang Pagkain ang naihain ngayon. Gamitin natin Ito. Gamitin na natin Ito ngayon. At kaakibat ko, mula sa entabladong ito, ako nga'y umiiyak sa Diyos, "Panginoong Jesus, mahabag Ka sa akin!" Sinikap kong mamuhay sa pinaka mabuting paraan na nalalaman ko. Sinikap kong ihatid ang Mga Mensahe sa pinaka mabuting paraan na magagawa ko, mula sa Salita ng Diyos. Talos ng Diyos ang puso ko.

<sup>415</sup> Pero, noong humagibis ang konstelasyon ng mga Anghel na 'yun sa lupang 'yun, naparalisa ako. Nagmanhid ang pakiramdam ko, nang matagal. Pakiramdam ko pa nga'y parang, matagal na panahon ang lumipas, na sa pagtatangka ko na maglakad sa silid, anupa't mula sa gulugod ko, at pataas-baba sa aking leeg, haya't ganap ako na naparalisa, tila ba, at wala akong maramdaman. Hindi nga ako makaramdam, sa mga kamay ko. Nakatulala ako, maghapon. Pumasok ako—pumasok na lamang ako sa silid at naupo.



416 Linggo, pumunta ako rito para magsalita, at sinubukan ko—sinubukan kong alugin ang aking sarili mula rito, sa pamamagitan ng pagsasalita. Tapos Lunes, nandoon na naman 'yun. At heto nga 'yun uli ngayon.

417 At hindi ko alam. Hindi ko alam, mga ginoo. Sinasabi ko lang ang totoo, sa inyo, bilang mga kapatid ko. Hindi ko alam. Ito na ba—ito na kaya ang oras? Ang minis-. . . tapos na bang lahat ang hiwaga? Tapos na ba ang pagpapatunog? Yan ba talaga 'yung Pitong Kulog, na napipintong magsaysay ng isang bagay, nang sa gayon ang maliit na grupong 'yun na nagkakatipon ay tatanggap ng isang Pananampalatayang Aagaw, upang sumama sa Pag-agaw sa pagparito Niya? “Dahil tayo'y babaguhin,” na kasing bilis ng pagdating ng mga Anghel na 'yun, “sa isang saglit, sa isang kispang-mata; at aagawin kasama ng mga nangatutulong, upang salubungin ang Panginoon sa papawirin.”

Ang panalangin ko'y:

418 Diyos, kung ito na po 'yun, hindi ko alam, Panginoon. Sinasabi ko lang sa iglesya. Kung ito na 'yun, Panginoon, ihanda Mo po ang aming mga puso. Ihanda Mo kami, Panginoon, para sa dakilang oras na 'yun, na ang buong kasaysayan ng panahon, lahat ng mga propeta't mga pantas ay hinihintay ang panahong 'yun. Panginoon, hindi ko alam ang sasabihin ko. Matatakot akong sabihin, “Huwag Kang dumating, Panginoon.” Parang nahihiya ako sa sarili ko, kapag tumitingin ako't nakikita ang sanlibutan sa ganitong kalagayan, wala na akong magawa maliban sa ginawa ko ukol dito. Nahihiya ako sa sarili ko. Kung may bukas pa, Panginoon, pahiran Mo ang puso ko. Pahiran Mo ako nang higit pa, Ama, upang magawa ko ang lahat ng magagawa ko, upang akayin pa ang iba patungo sa Iyo. Ako'y sa Iyo.

419 Pakiramdm ko'y ako si Isaias, sa templo noong araw na 'yun, nang makita niya ang mga Anghel na lumilipad pabalik-balik, na may mga pakpak sa ibabaw ng Kanilang mga mukha, at sa ibabaw ng Kanilang mga paa, at lumilipad gamit ang mga pakpak, “Banal, banal, banal!” Oh, gaanon na lamang na nanginig ang batang propetang 'yun. Unti-unti nga siyang tumanda nang kaunti. At nang makita niya 'yun, bagamat nakakita na siya ng mga pangitain, sumigaw siya, “Sa aba ko!”

420 Ama, marahil ay parang ganoon ang naramdaman ko, noong makita ko ang mga Anghel na 'yun noong isang gabi, o noong isang umaga po, pala. Kaaba-aba ako, dahil ako'y lalaki na may maruruming labi, at ako'y naninirahan sa gitna ng maruruming tao. At, Ama, linisin Mo po ako.

421 At narito po ako. Isugo Mo ako, Panginoon, anuman ito. At nakatayo ako sa pulpitong ito kung saan namalagi ako sa loob ng tatlumpung taon. Kung mayroong bagay, Panginoon, na gusto Mong gawin ko, narito po ako. Handa ako, Panginoon. Pero,

makasumpong nawa ako ng biyaya sa Iyong paningin. Siyanga't may pagpapakumbaba, na idinadalangin ko.

<sup>422</sup> Idinadalangin ko ang munting kawan kung saan ginawa akong tagapangasiwa ng Espiritu Santo, upang pakainin sila. At nagawa ko na ang lahat ng paraan na alam kong gawin, Panginoon, para pakainin sila ng Tinapay ng Buhay. Gaya mismo sa pangitain na 'yun, maraming taon na ang nakalipas, kung saan nakaladlad ang malaking kurtinang 'yun sa Kanluran, at may isang bundok ng Tinapay ng Buhay; 'yung munting aklat, "*Hindi Ako Naging Masuwayin Sa Makalangit Na Pangitain.*" At heto mismo na ang lahat ng ito'y nangyari na, nahayag na mismo sa aming harapan.

<sup>423</sup> Ikaw po ang Diyos, at wala nang iba pa maliban sa Iyo. Tanggapin Mo po kami, Panginoon. Patawarin Mo kami sa aming mga kasalanan. Nagsisisi ako para sa lahat ng aking kawalan ng pananampalataya, para sa lahat ng aking pagsalangsang. Nagsusumamo po ako sa dambana ng Diyos.

<sup>424</sup> Sa paglapit ko po ngayong gabi, kasama ang munting iglesyang ito sa harapan ko, siyanga't sa pamamagitan ng pananampalataya'y lilipat kami mula sa gusaling ito, sa pag-agaw, "habang magkakasama kaming nakaupo sa Makalangit na mga dako," sa palibot ng Luklukan ng Diyos. Ang aming mga puso'y naging mainit nang maraming beses, sa mga bagay na nakita naming ipinangyayari Mo, at sa paglalahad ng Iyong mga hiwaga sa amin. Pero, Panginoon, ngayong gabi, pagod na pagod ako. Sa aba ko!

<sup>425</sup> At—at noon si Jacob, noong makita niya ang mga Anghel na 'yun na bumababa sa hagdan at bumabalik, sabi niya, "Kakila-kilabot ang lugar na ito, na walang iba kundi ang bahay ng Diyos." At doon naitatag ang Bethel.

<sup>426</sup> Diyos, hindi 'yun naiintindihan ng mga tao. Iniisip nila na ito'y magiging labis na kagalakan. Pero, Panginoon, nakakapagod po, grabeng nakakatakot na bagay para sa isang tao na makalapit sa Presensya ng isang dakila't, makapangyarihang Diyos ng Langit.

<sup>427</sup> Idinadalangin ko ang kapatawaran ng munti kong iglesya rito, na Iyong ipinadala ako upang—upang—upang—upang pangunahan at upang gabayan. Pagpalain Mo po sila, Panginoon. Gumawa ako ayon lamang sa sinabi ng mga pangitain at panaginip at mga bagay, mismo, sa abot ng nalalaman ko. Inilatag ko na ang lahat ng Pagkain sa paraang alam ko, para sa kanila, Panginoon. Anuman ito, Panginoon, kami po'y sa Iyo. Ipinagkakatiwala namin ang aming sarili sa Iyong mga kamay, Panginoon. Mahabag Ka sa amin. Patawarin Mo po kami. At ibunsod kami na maging Iyong mga saksi habang kami'y nasa lupa. Pagkatapos, kapag matapos na ang buhay, ay

tanggapin Mo po kami sa Iyong Kaharian. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

428 Bawat isa sa inyo, linisin n'yo ang buong puso n'yo. Iwaksi ang lahat, na bawat pabigat, iwaksi n'yo ito sa inyong daan. Huwag n'yong hayaang may makagambala sa inyo. Huwag kayong matakot. Wala kayong dapat ikatakot. Kung darating na si Jesus, ito'y isang labis na. . . Ito ang sandaling idinaing at iniyakan ng buong mundo. Kung ito'y isang bagay na nagsisimula na ngayon, para sa isang—isang bagong darating, isang bagong pagdating ng isang bagong kaloob o kung ano, ito nga'y magiging kamangha-mangha. Kung dumating na ang panahon na mahahayag na ang Pitong Kulog sa Iglesya, kung paano ngang lumisan, hindi ko alam. Sinasaysay ko lang ang nakita ko. Oh, grabe, dakilang oras mismo! Ito'y seryoso't taimtim na pagbubulay-bulay.

429 At kung oras na para umalis ako, ako po'y iyong. . . Panginoon, ako'y sa Iyo. Kapag Ikaw po'y tapos na, pumarito Ka, Panginoong Jesus.

430 Saanman ito, o kung anumang oras ito, Ako'y sa Kanya. Hindi ko sinasabing nais ko nang umalis; hindi. May pamilya akong dapat alagaan. Mayroon akong Ebanghelyo na dapat ipangaral. Pero, ito'y ayon sa Kanyang kalooban, hindi sa akin. Yun nga'y kalooban Niya. Hindi ko alam.

431 Sinasabi ko lamang sa inyo kung ano mismo. Kung ano nga ito'y, ipangyayari ito ng Diyos. Siyanga't sinasabi ko sa inyo kung ano ang nakita ko't kung anong nangyari. Kung ano ang ibig sabihin nito, hindi ko alam. Pero mga ginoo, ito na kaya ang katapusan? Uh!

432 Ang mga tao'y narito ngayon, ang anim na tao na nakapanaginip ng mga panaginip na 'yun. Hindi ba't kakatwa na hindi pito? Hindi ba't kakaiba po? na nauna mismo ang anim na 'yun, at pagkatapos ay dumating ang pangitain na 'yun, pagkatapos agad. Nandito sila. Si Kapatid na Jackson, dito, ay isa; si Kapatid na Parnell ay isa; si Kapatid na babaing Collins ay isa; si Kapatid na babaing Steffy ay isa; si Kapatid na Roberson ay isa; at si Kapatid na Beeler ay isa pa. At alam ng Ama sa Langit na wala nang isa pang nauukol dito. At sa dulo nun, ang ikapito. . . o 'yung kay Kapatid na babaing Steffy, kaagad nagkaroon kasunod ng pangitain. Nakita n'yo? Nakikita n'yo na ba kung bakit ako aalis? Nakikita n'yo na ba kung bakit kinakailangan kong umalis? Kailangan ko pong gawin 'yun.

433 At, mga kaibigan, huwag kayong tumingin sa akin. Kapatid n'yo lamang ako. Huwag n'yo akong pansinin, dahil isa lang akong mortal. Ako rin nama'y mamamatay tulad din ng iba pa. Huwag kayong makinig sa akin; bagkus ay makinig kayo sa kung anong sinabi ko. Ang sinabi ko po'y ang Mensahe. Huwag n'yong pansinin ang mensahero; tumuon kayo sa Mensahe. Ituon n'yo

ang mga mata n'yo, hindi sa mensahero, kundi sa Mensahe. Kung ano ang sinabi Nito, 'yun ang dapat tingnan.

<sup>434</sup> At tulungan tayo ng Diyos, 'yan ang aking dalangin. Ayaw na ayaw kong. . . Ayaw ko sanang pumunta, na sasabihin ito sa inyo, pero tunay ngang hindi ako maglilihim ng anuman mula sa inyo.

<sup>435</sup> Ngayon, sa pagkakaalam ko, hayaan n'yong sabihin ko ito sa inyo. Sa pagkakaalam ko, aalis na ako sa susunod na dalawa o tatlong araw, sa Miyerkules ng umaga, para . . . para pumunta ng Tucson. Hindi ako pupunta sa Tucson para mangaral. Hindi ako pupunta roon para mangaral. Pupunta ako sa Tucson, upang ilagi ang pamilya ko sa pagi-eskuwela, at pagkatapos ay maglalagalag ako.

<sup>436</sup> Pupunta ako sa Phoenix, para idaos 'yung munting hanay ng mga pagtitipon, na marahil ay mumunting mga Mensahe sa palibot doon. At—at pagkatapos, marahil, hindi ko . . .

<sup>437</sup> Sa tingin ko gusto nilang mangaral ako sa kumbensyon nang isang gabi. Wala pa silang sinasabi tungkol dito, sinabihan lang nila ako na pupunta roon. Kita n'yo, parang di po maganda ang dating nun, sa akin.

<sup>438</sup> At may pasabi ako mismo, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, para kay Kapatid na Shakarian, din. Uh-huh. Hindi ko alam kung ano ang gagawin niya tungkol dito, pero mayroon akong pasabi na sasabihin sa kanya. Hindi ko alam kung ano ang gagawin niya. Siya nang bahala roon. Napansin n'yo ba 'yung huling *Tinig*? Na hindi dapat ito ipaging isang organisasyon, pero idineklara nila ang kanilang kredo. Isang organisasyon na, kung ganoon ay hihiwalay na ako. Aalis mismo ako sa ganoon.

<sup>439</sup> Ngayon, siguro, sina Kapatid na Arganbright at Kapatid na Role, isang diplomat ng Washington sa ilalim ng pitong Presidente, siya'y pupunta yata sa Aprika. At si Kapatid na Role, at ako, at si Kapatid na Arganbright, ay pupunta rin kaagad sa Aprika, para sa ilang pagtitipon sa Timog Aprika at Tanganyika, kasama si Kapatid na Boze. At tutuloy pa, at malamang hanggang Australia na ito, at sa pamamagitan ng rutang 'yun, ay babalik na, kung hindi gagawa ng iba pang mga bagay ang Panginoon. Pero, bago ako umalis, babalik ako rito.

<sup>440</sup> Pagkatapos, pagbalik ko mula roon, kung hindi magsalita sa akin ang Diyos, sa kung anong paraan, dadalhin ko ang pamilya ko't lilipat kami malapit sa Anchorage, Alaska. Ito rito'y timog-kanluran; 'yun nama'y pahilagang-kanluran. At pagkatapos ay ilalagi ko sila roon hanggang tag-araw, kapag napakainit na doon sa Tucson na anupa't malalapnos ang balat mo. Hindi nila kasi matatagalan 'yun sa palagay ko. Siguradong mananabik sila nang husto na bumalik at bagbag ang damdamin! Hindi

namin ibinebenta ang lugar. Mananatili ito roon, kasama ang mga kagamitan sa bahay. Hindi ko alam kung anong gagawin.

<sup>441</sup> Pagkatapos, kapag matapos na ang tag-araw, kung loloobin ng Panginoon, gusto kong umalis ng Alaska, at pumunta kami malapit sa Denver, sa gitnang kanluran; timog-kanluran, hilagang-kanluran, gitnang-kanluran, na humihibik, “Oh Panginoon, ano pong gusto Mong ipagawa sa akin?”

<sup>442</sup> Pansamantala po, ang bawat Mensahe, sa abot ng nalalaman ko, ay ipangangaral, dito mismo, sa tabernakulong ito. Dito po ang pagrerekord sa mga teyp. Dito po ang punong-tanggapan.

<sup>443</sup> At hindi ko balak na manatili, kasama ng aking pamilya, sa Kanluran. Hahanapin ko hanggang makita ko kung ano ang gustong ipagawa sa akin ng Diyos.

<sup>444</sup> Kung hindi 'yun matugunan ngayong taon, kung ganoon, sa susunod na taon, nang wala pong tubig o pagkain, pupunta ako roon sa disyerto, at maghihintay ako hanggang sa tawagin Niya ako. Hindi ko kayang magpatuloy nang ganito. Kinakailangan mong maging desperado. Kinakailangan mong humantong sa isang punto kung saan gusto mong malaman mismo kung ano ang kalooban ng Diyos. At papaano mo magagawa ang kalooban kung di mo nga naman alam ang kalooban?

<sup>445</sup> Naglalagalag ako, dahil sa pangitain na 'yun, “Ang bagay na ginawa mo.” Kita n'yo? Nagiikot-ikot bilang misyunero at pagi-ebanghelyo, hanggang sa dumating ang tawag na 'yun. Naaalala n'yo 'yung una, noong inilagak natin 'yung batong-panulok na 'yun? “Gawin mo ang gawain ng isang ebanghelista,” sabi Niya. Hindi sinabi, “Isa kang ebanghelista.” Kundi, “Gawin mo ang gawain ng isa,” marahil hanggang dumating ang oras para sa iba pa, isang panibagong pagbabago ng trabaho. Maaaring ibang bagay. Hindi ko alam.

<sup>446</sup> Iniibig n'yo ba Siya? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Siguraduhin n'yo mismo. Siguraduhin n'yo talaga, sila na umiibig sa Panginoon.

Sila na naghihintay sa Panginoon, ang  
kanilang lakas ay panunumbalikin,  
Papailanlang sila na may mga pakpak na  
tulad ng isang agila,  
Sila'y tatakbo't hindi mapapagod, sila'y  
lalakad at di manghihina;  
Oh, turuan Mo ako, Panginoon, turuan Mo ako,  
Panginoon, na maghintay.

Iniibig ko Siya. Alam kong kayo rin naman. Ngayon, bukas ng gabi . . .

<sup>447</sup> Sa palagay ko ay nilinaw ko na 'yan nang husto. Nalinaw ko na po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Kasing linaw ng magagawa ko, 'yun lang ang alam ko. Yun lang ang alam

kong sabihin. At kung ito'y ipinahayag sa akin, para sa isang bagay, kaagad kong sasabihin sa inyo. Alam kong interesado kayo, na malaman. Interesado rin ako, na malaman. Hindi ko alam kung anong ibig sabihin nito. Hindi ko alam kung saan—kung saan ako pupunta. Hindi ko—hindi ko alam kung anong mangyayari. Ako—ako lamang. . . Ang alam ko lang, pupunta lang ako, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos. Pagkatapos, ay sasabihin Niya sa akin kapag dumating na ako roon, marahil. Pero, ang bahagi ko ngayon ay pumunta. At maaaring wala ako roon nang dalawang linggo, anupa't pumunta ako marahil sa ibang lugar, at marahil bumalik dito. Siyanga. Hindi ko alam. Pero ako. . .

<sup>448</sup> Nasa pangitaing 'yun ang maybahay ko't mga anak ko. At 'yung mismong 'yun, nasa isang wagon daw ako na may takip. At noong sandali na pumasok ako roon, naroon nga, haya't nasa loob na ako ng kotse kong station wagon. At sa ganoong paraan ang pag-alis namin, mga ilang araw mula ngayon, na hindi ko alam kung saan kami pupunta, hindi ko alam kung anong gagawin namin pagdating doon, basta't pupunta lang kami.

<sup>449</sup> Kakaiba ang Diyos, sa atin, dahil hindi malirip ang Kanyang mga pamamaraan. Hayan nga't ang nais Niya'y pagsunod.

“Saan Ka pupunta?”

“Hindi mo na dapat alamin. Basta magpatuloy ka.”

“Saan Mo po ako ibig gumawa, Panginoon?”

<sup>450</sup> “Walang anuman 'yun sa iyo. Sumunod, ka, sa Akin.” Uh-huh. Uh-huh. “Magpatuloy ka lang sa paglakad.”

“Saan po ako titigil?”

“Ano 'yun sa iyo? Magpatuloy ka lang sa paglakad.”

Kaya naman, heto na ako, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Uh-huh. Amen.

I love Him, I love Him  
Because He first loved me  
And purchased my salvation  
On Calvary's tree.

I... (Siya ang buhay ko.) I... (Lahat ng  
dahilan kaya't nabubuhay ako!)  
Because He first loved me  
And purchased my salvation  
On Calvary's tree.

<sup>451</sup> Mga ginoo, ito na po ba ang oras? [Inihihiging ni Kapatid na Branham ang *I Love Him*—Pat.] At habang inaawit natin ito muli, makipagkamay kayo sa sinumang nasa tabi n'yo. Sabihin n'yo, “Kapatid na lalaki, kapatid na babae, idalangin mo ako. Idadalangin naman kita.”

I. . .

<sup>452</sup> Idalangin mo ako, Kapatid na Neville. [Sinasabi ni Kapatid na Neville, “Gagawin ko, kapatid. Idalangin mo rin ako, kapatid. Salamat.”] Talagang taos-puso! [May nagsasabi, “Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na Branham.”] Idalangin mo ako, kapatid. Idalangin mo ako kapatid na babae. Idalangin mo ako.

. . . me  
And purchased . . .

<sup>453</sup> Idalangin, idalangin mo ako, . . . ? . . . Idalangin mo ako, . . . ? . . . Idalangin mo ako, . . . ? . . . Idalangin mo ako.

. . . Calvary’s tree.  
For I . . .

Itaas natin ang ating mga kamay ngayon sa Kanya.

. . . I love . . . (Tunay na pag-ibig!)  
Cause He first loved me  
And purchased my salvation  
On Calvary’s tree.

Yes, I . . . (Nang buong puso ko!)

<sup>454</sup> Kayo na po ang sunod, Kapatid na Neville. Babalik ako. Ianunso n’yo na lang po ang oras para sa pagtitipon. 🐦

62-1230E Ito Na Po Ba Ang Tanda Ng Katapusan, Gino?  
Branham Tabernacle  
Jeffersonville, Indiana U.S.A.

TAGALOG

©2022 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)



## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

[www.branham.org](http://www.branham.org)